


4



FILIPINO TEK

Teksto, Wika, at Teknolohiya

May-akda

Daisy Rombano

Aligned with
MATATAG Curriculum



FilipinoTEK 4

Teksto, Wika, at Teknolohiya

Ikalawang Edisyon

Daisy Rombano



Trademark of TechFactors Inc.

Karapatang-ari 2024 by TechFactors Inc.

Reserbado ang lahat ng Karapatan. Ipinagbabawal na sipiin ang anomang bahagi ng aklat na ito nang walang pahintulot mula sa mga may-akda o tagapaglathala.

Unang limbag ng Ikalawang edisyon, 2024
ISBN

Inilathala sa Pilipinas ng TechFactors Inc.
Inilimbag sa Pilipinas

Manunulat Daisy Rombano

Tagapagdisenyo ng Pabalat Christian Andrew B. Sabado

Pangkat ng Pamamahala Mabeth Magandingan at Daisy Rombano

Tagaguhit at Tagapagdisenyo Justine Eliza Fontanilla

Exclusively distributed by TechFactors Inc.
101 V. Luna Ave., Sikatuna Village,
Diliman, Quezon City
1101 Philippines

Telephone number: (632) 8929 6924
Email address: info@techfactors.com
Website: www.techfactors.com

Images with license from Freepik (<https://www.freepik.com>)

Ang nilalaman ng aklat na ito ay pagmamay-ari ng Techfactors Inc. at pawang mga orihinal at sariling katha ng mga may-akda, kabilang rito ang mga larawan at ilustrasyong ginamit sa bawat aralin. Anomang pagkakawangis ng ilang larawan sa likha ng iba ay hindi sinasadya at nagkataon lamang.

PAUNANG SALITA

Ninana is ng TechFactors Inc. na gawing epektibo, may patutunguhan, at makabuluhang karanasan ang pag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay ng de-kalidad at may katuturang kagamitan para sa mga Pilipinong mag-aaral. Itinataguyod ng TFI ang edukasyonal na pag-unlad sa mga programang akademiko sa mga paaralan at tinutugunan ang kanilang pangunahing kasanayan sa iba't ibang larang. Pinalalago rin ang indibidwalidad ng mga mag-aaral, kakayahang solusyonan ang mga problema, at malikhaing kakayahan gamit ang outcome-based approach. Ang ganitong pamamaraan ay nag-uudyok sa mga mag-aaral na maging mapang-usisa at kusang magtuklas mula sa sarili nang sa gayon ay magkaroon sila ng mayamang karanasan.

Ang aming layunin ay magbigay ng makabuluhang edukasyon sa mga mag-aaral mula K-12 ayon sa pamantayan na itinakda ng Kagawaran ng Edukasyon sa kanilang MATATAG Kurikulum. Ang bagong kurikulum na ito ay hindi lamang nakakaimpluwensya sa estilo ng pagtuturo kung hindi pati na rin sa mga pamamaraan ng pagsusuri, na nagtataguyod sa mas malalim na pag-unawa at pagpapangatili ng kaalaman. Ang aming disenyo sa pagtuturo ay nakahanay sa konteksto ng Pilipinas na bumubuo sa koneksyon ng praktikal na aplikasyon at nagtataguyod ng kolaborasyon at malikhaing kakayahan sa pagitan ng mga mag-aaral. Sa ganitong paraan, tinitiyak namin na makakamtan ng mga mag-aaral ang mahahalagang kasanayan para sa ika-21 siglo, kabilang ang kritikal na pag-iisip, komunikasyon, pagkamalikhain, at kolaborasyon—mga kasanayang angkop at mahalaga para sa paghahanda sa kanilang pag-aaral.

Sa paggamit ng mga programang pang-edukasyon ng TFI, ang mga tagapagturo ay binibigyan ng mahahalagang sanggunian na nagsisilbing pundasyon para sa pagpapaunlad ng kaalaman, kakayahan, at kasanayang mahalaga sa pagharap ng mga hamon at pagkakataong dulot ng mabilis na pagbabago sa mundo. Ibinabahagi namin ang bisyon ng DepEd na maging inklusibo, integratibo, at makabago ang mga silid-aralan na ang pangunahing layunin ay makabuo ng mga mag-aaral na makatutulong sa pagtataguyod ng isang progresibo at nagkakaisang bansa—isang bansang maunlad sa ekonomiya, matatag sa sosyo-politikal, nagkakaisa sa kabila ng pagkakaiba-iba, at kakayahang magpatuloy sa mahabang panahon.

TechFactors Inc.

PARAAN NG PAGGAMIT NG AKLAT

Ang mga paglalarawan ng bawat bahagi ng aralin sa ibaba ay nagsisilbing gabay para maunawaan mo ang nilalaman at layunin ng aklat na ito para sa isang makabuluhang pagkatuto sa pag-aaral ng Filipino:



Layunin

Mga itinakdang layunin at inaasahang matutuhang ng mga mag-aaral sa isang partikular na aralin sa wika at pagbasa.



Paghahabi ng mga Salita

Listahan ng mga talasalitaan na makatutulong sa ganap na pag-unawa ng mag-aaral sa babasahing seleksyon.



Paghahabi ng Kaalaman

Ang tampok na literatura para sa aralin



Pagtatagpi ng Talino

Pagtatasa sa pagbasa

Naglalaman ng mga katanungan na susubok sa pang-unawa ng mag-aaral tungkol sa binasang seleksyon.



Paglililinaw sa Kaalaman

Pagtalakay sa Pagbasa



Pagpapalalim

Gawain na may kinalaman sa Pagbasa




Paglatag ng Kasanayan

Gawaing Pangkatan



Paglalapad ng Karunungan

Ito ang bahaging tumatalakay sa balarila o gramatika, pagbibigay kahulugan sa paksa.



Pagsasalansan

Pagbubuod ng mga pinag-aralan sa buong aralin.

ANO ANG BAGO?

1. Ang Filipinotek ay alinsunod sa bagong Matatag Kurikulum na itinakda ng Kagawaran ng Edukasyon.
2. Ang mga aralin ay naglalayong higit na mahimay ang paksang tatalakayin sa gramatika at literatura.
3. Maiksi ngunit puno ng kaalaman ang pagtalakay sa mga paksa.
4. Naglagay ng mga karagdagang makukulay na ilustrasyon sa iba't ibang bahagi ng aralin.
5. Isang komprehesibong pangkalahatang ideya ang idinagdag, na naglalaman ng impormasyon tungkol sa mga pangunahing paksa, layunin, at inaasahang result ng pag-aaral sa bawat yunit.
6. May karagdagan at binago na gawain para sa indibidwal at pangkatang gawain.
7. Bagong layout at disenyo.
8. Itinampok ang mga bago at pinahusay na mga interactive.

TUNGKOL SA MANUNULAT

Daisy Rombano

Si Daisy Rombano ay nagtapos ng Batsilyer ng Sekondarya sa Edukasyon Medyor sa Filipino sa Rizal Technological University, isa ng ganap at lisensyadong guro. Nakapagturo siya ng Junior at Senior High School sa Community of Learners sa loob ng limang taon at naging tagapayo ng klase. Napasama na rin siya bilang Tagapagsanay sa DepEd Trainer's Program (PRIMALS) at kasalukuyang Content Developer sa TechFactors Inc.

TALAAN NG NILALAMAN

Kabanata 1	1
Aralin 1	Alamat ng Hagdan-hagdang Palayan
Aralin 2	Ang Gorilya at ang Alitaptap
Aralin 3	Ang Talinghaga ng Pariseo at ng Maniningil ng Buwis
Aralin 4	Ang Tsinelas
Aralin 5	Boracay
Aralin 6	Tekstong Biswal at Liham Pangkaibigan (Paanyaya)
Gawaing Pagganap	
Kabanata 2	58
Aralin 7	Huwag Magpadaig sa Kaba
Aralin 8	Ang Pinakamataas na Bundok sa Pilipinas
Aralin 9	Naging Bulkan ang Bundok
Aralin 10	Talaarawan
Aralin 11	Ang Talambuhay ng Pambansang Kamao
Aralin 12	Tekstong Biswal at Liham Pangkaibigan (Pagbati)
Gawaing Pagganap	
Kabanata 3	117
Aralin 13	Si Tala at Luna
Aralin 14	Ullalim
Aralin 15	Ginto
Aralin 16	Ang Lihim na Hardin ng Barangay Dilim
Aralin 17	Ang Misyonero
Aralin 18	Tekstong Biswal at Liham Pangkaibigan (Pakikiramay)
Gawaing Pagganap	
Kabanata 4	168
Aralin 19	Alamat ng Niyog
Aralin 20	Biag ni Lam-Ang (Epiko ng Ilokano)
Aralin 21	Ang Misteryong Ilaw sa Gubat
Aralin 22	Hindi Mahalaga ang Kulay
Aralin 23	Pakikinig sa Panuto
Aralin 24	Salamat, Kaibigan. Salamat!
Gawaing Pagganap	

KABANATA 1

Sa kabanatang ito, matatalakay ang mayaman at makulay na panitikan ng Pilipinas. Inaasahang matututo ng iba't ibang anyo ng panitikang Filipino, mula sa sinaunang alamat hanggang sa kontemporaryong akda. Layunin ding palawakin ang kaalaman sa kultura, kasaysayan, at lipunang Pilipino. Inaasahan ding mapauunlad ang kritikal na pag-iisip at pagsusuri sa pamamagitan ng mga gawaing magbibigay-diin sa tematikong pagsusuri at interpretasyon.

ARALIN 1

Alamat ng Hagdan-hagdang Palayan



Sa araling ito, mababasa natin ang isang kuwento tungkol sa isa sa mga ipinagmamalaki ng mga taga-lfugao. Magagamit din nang wasto ang pangngalan sa pagsasalita tungkol sa bagay at pangyayari sa paligid.



Layunin

- ◊ Napagsusunod-sunod ang mga pangyayaring hindi bababa sa anim.
- ◊ Nasusuri ang layon ng teksto (alamat) na magsalaysay.
- ◊ Nagagamit ang mga salitang may denotasyon at konotasyong kahulugan sa pagbuo ng pangungusap (kasingkahulugan).
- ◊ Nagagamit ang pangkalahatang kayarian ng teksto sa pagbuo ng diskurso (alamat-nagsasalaysay).
- ◊ Nagagamit nang wasto ang pangngalan patungkol sa bagay at pangyayari sa kuwentong binasa.



Paghihibla ng mga Salita

nananahan (na-na-na-han) – nakatira

dagundong (da-gun-dong) – malakas na tunog na nagmula sa pagbagsak ng isang malaking bagay

mandirigma (man-di-rig-ma) – tumutukoy sa isang sundalo o sandatahang taong may angking katapangan at karanasan sa pakikipaglaban

kumaripas (ku-ma-ri-pas) – mabilis na pagkilos o mabilis na pagtakbo

nanaisin (na-na-i-sin) – gugustuhin

lilisan (li-li-san) – pag-alis nang hindi nagpapaalam

nakikihalubilo (na-ki-ki-ha-lu-bi-lo) – makisalamuha sa ibang pangkat ng tao na may ibang katangian

Panuto: Tingnan ang salitang nakasalungguhit. Tukuyin ang salitang tinutukoy o kasingkahulugan nito sa paghihibla ng mga salita.


1. **Namumuhay** nang tahimik ang higante sa isa sa mga bundok sa Ifugao.

2. Mayroong naririnig na **malakas na tunog** mula sa kabundukan ang mga tao na nasa kapatagan.

3. Ang ama ni Katarungan ay isa sa mga matatapang na **sundalong** bihasa sa pakikipaglaban.

4. Mabilis na **umalis papalayo** ang mga magkakaibigan nang makarinig ng malakas na tunog.

5. **Gustong-gusto** na niyang bumaba mula sa kabundukan.



Paghahabi ng Kaalaman

Alam ninyo bang ang Hagdan-hagdang Palayan ng Banaue ay itinuturing na 8th Wonder of the World? Ito ay sumasalamin sa kakaibang abilidad at kakayahan ng mga Pilipino upang makagawang mga kapaki-pakinabang na mga bagay mula sa kung ano ang mayroon sa kanilang paligid. Ang Banaue ay mula sa isang ibon na kung tawagin ay banawor na makikita lamang sa nasabing lugar.

Alamat ng Hagdan-hagdang Palayan

1. Nasubukan mo na bang pumunta sa ifugao?
2. Nakita mo na ba ang Banaue Rice Terraces? Kung hindi pa, ano ang iyong nais puntahan sa Ifugao?



Noong unang panahon, panahon pa ng mga higante at mga bathala, may isang kinatatakutang higanteng naninirahan sa itaas ng isa sa mga bundok sa Ifugao. Kung saan ang eksaktong lokasyon ng higante ay walang nakaaalam. Kahit ang makakita rito ay wala pangnakagagawa. Ang namumukod-tanging patunay lamang na may higante sa kabundukan ay ang madalas na marinig na mga dagundong.

Samantala, sa ibabang bahagi ng bundok, may tatlong magkakaibigang walang ibang ginawa buong maghapon kundi ang umasang masilayan ang higante.

“Sige nga, Kabunian, akyatin mo nga ‘yung bundok na iyan,” hamon ni Katarungan. “Ayaw ko nga ‘no, baka mahuli ako at gawin akong laruan ng higante,” sabi ni Kabunian. “Bakit hindi na lang ikaw, Katarungan, o kaya ikaw, Bantugan, hindi ba’t sabi ng inyong mga magulang ay mula raw kayo sa mga matatapang at mga mandirigma ng ating tribo?”

Bakit kinatatakutan ang higante?

Mayroon ka rin bang mga kaibigan? Kung oo, ano-ano ang inyong ginagawa kapag magkakasama?

Saan nanggagaling ang dagundong?

Nang biglang...?

Minsan mo rin bang hinanap ang iyong pagkakakilanlan?

“Dddduuuuugggg! Dddduuuuugggg!” Nakarinig sila ng magkakasunud-sunod na dagundong na tila papalapit sa kanilang kinaroroonan. Biglang kumaripas ng takbo ang magkakaibigan. Nang makalayo na ang tatlo ay lalong sumidhi ang dagundong ng nasa itaas. “Ano nga ba ang ginawa ninyo at ganoon na lamang kalakas ang dagundong sa itaas?” tanong ng ina ni Kabunian. “Wala naman po inay. Nang may marinig kaming tila ba malakas na dagundong, nagsipanakbuhan na kamingtatlo,” sagot ni Kabunian. “Ganoon ba? Eh bakit tila ito na yata angpinakamalakas na narinig ko sa tanang buhay ko” laking pagtataka ng ina ni Kabunian.

Sa iyong palagay, ano ang nararamdaman ng higante?

Sa kabilang dako, ang higanteng kanilang pinag-uusapan ay nagnangalang Alon. Isa nga siyang higante ngunit hindi ganap. Ang kaniyang ina ay isang higante at ang kaniyang ama naman ay isang tao. Hindi ganap ang kaniyang pagkakakilanlan, alinman sa kaniyang lahi. Kaya naman itinago siya ng kaniyang mga magulang sa itaas ngbundok upang iiwas sa mapanuring mata ng mga tao at mapanghusgang angkan ng mga higante. Hanggang ang kaniyang mga magulang ay pumanaw at nanatili na lamang siyang nasa itaas ng bundok.


Kung ikaw ang nasa sitwasyon ng higante, ano ang iyong nararamdaman?

Masayahing bata si Alon. Tila isa siyang batang paslit na nananahan sa katawang higante. Mahilig siyang maglaro,tumakbo, kumain, matulog, at humalakhak. Ang mga dagundong pa lang naririnig nila sa itaas ay ang kaniyang paghalakhak sa tuwing makikita niya ang magkakaibigang sina Kabunian, Katarungan, at Bantugan na naglalaro at naghahabulan. Nais niya palang makisali. Ngunit sa sitwasyon ng higante, tuwing nanaisin niyang bumaba ay mauunahan siya ng magkakaibigang tumakbo nang dahil sa takot.

Ang pinakamalalakas na dagundong na kanilang naririnig ay ang kaniyang pag-iyak sanhi ng pagkalungkot sa tuwing lilisan ang magkakaibigan sa paanan ng bundok.Nais niya talagang makipaglaro sa mga ito. Dahil sa napakabait na bata ni Alon, naawa ang mga bathala sa kaniya. Kaya naman binigyan siya ng mga ito ng pagkakataon upang maging isang normal na bata.Kaso lamang, ito ay may hangganan. Sa tuwing sasapit ang ikaanim ng gabi, kailangan niyang bumalik sa itaas ng bundok at kung hindi ay makikita siya ng

kaniyang mga kalaro na magiging isang higante. Ayon nga sa napagkasunduan, bumaba ng bundok si Alon sa anyong normal na bata. Nakipagkilala, nakipaglaro, at nakihalubilo siya sa mga tao sa patag. Sa kaniyang pagkalibang ay nalimutan niya na palubog na ang araw at kailangan na niyang umalis. Dali-dali siyang tumakbo paakyat ng bundok. Sa kalagitnaan ng kaniyang pagtakboay naabutan siya ng paglaki ng kaniyang katawan. Pabigat nang pabigat ang kaniyang mga hakbang at ang mga naaapakan ay pumapatag. Nagmistulang hagdan ang gilid ng bundok na kaniyang dinaanan. At dahil sa hindi siya tumupad sa usapan, nanatili siyang nakakulong sa itaas ng bundok at kailanma'y hindi na nakita pa ng mga taga-patagang kanilang naging kalarong si Alon. Iyak nang iyak si Alon sa itaas. At dahil sa hitsurang pahagdan ng gilid ng bundok, naging maputik at matubig ang bawat hakbang ng hagdan. Ang kaniya kasing mga luha ay naiipon sa bawat hakbang nito.

Ang mga taga patag naman ay umisip ng paraan kung papaano mapapakinabangan ang umusbong na hagdan sa gilid ng bundok. Nawalan din kasi sila ng hanapbuhay na pagtotroso dahil sa naging hitsura ng gilid ng bundok. At dahil hindi naman nila matatamnan ngpanibagong puno ang hagdan-hagdang gilid ng bundok at matagal tumubo ang mga ito, naisipan nilang magtanim nalamang ng palay na akmang-akma sa maputik na lupa. Di naglaon ay nakilala ang gilid ng bundok bilang hagdan-hagdang palayan ng mga Ifugao.



Pagtatagpi ng Talino

A. **Panuto:** Buong husay na sagutin ang mga sumusunod na tanong.

1. Sino ang nakatira sa kabundukan?
2. Saang kabundukan nakatira ang tauhan sa kuwento?
3. Sino-sino ang magkakaibigan sa kuwento?
4. Sa tuwing nakakarinig ng dagundong ang magkakaibigan, ano ang kanilang ginagawa?
5. Kung ikaw ang higante, ano ang iyong mararamdam?

- B. **Panuto:** Lagyan ng bilang 1-6 ang mga sumusunod na pahayag ayon sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento.

	Noong unang panahon, may isang higitang kinakatakutan sa kabundukan.
	Sa kasalukuyan, kinikilala ito bilang Banaue Rice Terraces.
	Umiyak ang higante
	Dahil sa mga yapak ng higante, umusbong ang hagdan sa gilid ng kabundukan.
	Kumakaripas ng takbo ang magkakaibigan sa tuwing nakaririnig ng malakas na tunog
	Di naglaon ay nakilala ang gilid ng bundok bilang hagdan-hagdang palayan ng mga Ifugao



Paglilinaw sa mga Kaalaman

ALAMAT

Ang tekstong binasa na alamat ay isang uri ng tekstong naratibo na ang layunin ay magsalaysay o magkuwento batay sa pinagmulan ng mga bagay-bagay sa daigdig.

Pagsusunod-sunod ng mga bahagi ng alamat:

1. **Simula o Panimula**

Dito ipinapakilala ang pangunahing tauhan, ang tagpuan, at ang pangunahing isyu o problema.

2. **Gitna o Suliranin**

Sa bahaging ito, umiikot ang kuwento sa pagharap ng pangunahing tauhan sa isang mahalagang problema o suliranin.

3. **Kasukdulan**

Ito ang pinakamataas na punto ng tensyon sa kwento. Dito hinaharap ng pangunahing tauhan ang pinakamalaking hamon at dito rin madalas nagaganap ang pinakamahalagang pangyayari.

4. **Kakalasan o Paglutas ng Suliranin**

Sa bahaging ito, nagsisimula nang malutas ang problema. Maaaring magkaroon ng mga pagbabago sa sitwasyon o sa mga tauhan.

5. **Wakas o Konklusyon**

Ito ang huling bahagi kung saan natatapos ang kwento. Dito makikita ang resulta ng mga nangyari at kung paano ito nakakaapekto sa mga tauhan.



Pagpapalalim

Panuto: Pumili ng isang pangyayari na gagamitin sa pagsasalaysay. Isalaysay ito sa paraang dula, tula, at iba paraang nais.



Paglalatap ng Karunungan

PANGNGALAN

Ang **pangngalan** ay tumutukoy sa ngalan ng tao, bagay, hayop, at pook. Ito ay maaaring mahimay ayon sa kaurian, katuturan, kasarian, kailanan, kaanyuan, kalikasan, at katungkulan.

Halimbawa:

- tao – Pilipino, Kastila, Tsino
- bagay – barya, pera
- hayop – aso, pusa, unggoy
- pook – tindahan, Batangas, palaruan
- pangyayari – Bagong Taon, Pasko, kaarawan

Dalawang uri ng pangngalan

- Ang **pangngalang pambalana** ay tumutukoy sa hindi tiyak na ngalan ng tao, bagay, hayop, at lugar. Ito ay nagsisimula sa maliit na titik lamang.
- Ang **pangngalang pantangi** naman ay tumutukoy sa tiyak na ngalan ng tao, bagay, hayop, at lugar. Ito ay nagsisimula sa malaking titik.

Ang pangngalan ay mayroong apat na kasarian. Ito ay ang mga sumusunod:

1. **Panlalaki** – ang pangngalang ito ay tumutukoy sa ngalan ng lalaki.
Halimbawa:
ama, tatay, pari, lolo
2. **Pambabae** – ito naman ay tumutukoy sa ngalan ng babae.
Halimbawa:
ina, inay, madre, lola
3. **Di-tiyak** – pangngalang maaaring tumukoy sa lalaki o babae.
Halimbawa:
kaibigan, mandirigma, tao, bata
4. **Walang kasarian** – pangngalang tumutukoy sa bagay na walang kasarian.
Halimbawa:
laruan, bundok, paa, lupa

Pagsasanay

Panuto: Isulat sa patlang ang **PL** kung ang salitang nakasalungguhit ay tumutukoy sa pangngalang panlalaki, **PB** kung tumutukoy sa pambabae, **DT** kung hindi tiyak, at **WK** kung walang kasarian.


- _____ 1. May isang higitang nananahan sa kabundukan.
- _____ 2. May tatlong magkakaibigang umaasang makita ang higante.
- _____ 3. “Sige nga, Kabunian, akyatin mo nga ang bundok na iyan.”
- _____ 4. Pinag-uusapan ng magkakaibigan ang higante.
- _____ 5. Ang kaniyang ina ay isang higante at ang kaniyang ama naman ay isang tao.



Paglatag ng Kasanayan

Panuto: Sa tulong ng iyong kapares, balikan ang binasang alamat at suriin ang layon ng teksto.

Layon ng
Teksto




Pagsasalansan

Sa araling ito, natutuhan at naunawaan ang kuwentong binasa na tungkol sa isa sa mga ipinagmamalaki ng mga taga-Ifugao. Mula sa tekstong binasa, nalaman ang dalawang uri ng pangngalan at kasarian nito. Nahasa rin ang kasanayan sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayari, pagsusuri ng layon ng teksto at pagasasalaysay.

ARALIN 2

Ang Gorilya at ang Alitaptap



Sa araling ito, mababasa ang isang kuwento na tungkol sa dalawang nilalang na may magkaibang katangian. Ang katangiang ito ang magiging daan upang mangilala sa kakayahan ng bawat isa. Sa bahaging ito ay matututuhan ang mga salitang ginamit sa loob ng kuwento na ito ay ang panghalip panao.



Layunin

- ◇ Nasusuri ang katangian at kilos ng tauhan.
- ◇ Nakikilala ang realidad at pantasya
- ◇ Nasusuri ang layon ng tekstong nagsasalaysay.
- ◇ Nagagamit ang pangkalahatang kayarian ng tekstong nagsasalaysay sa pagbuo ng diskurso.
- ◇ Nagagamit ang panghalip panao sa pagpapahayag.



Paghihibla ng mga Salita

patungo (pa-tu-ngo) – nangangahulugang paggalaw patungo sa isang tiyak na direksyon.

pang-uuyam (pang-u-u-yam) – isang uri ng pagpapahayag na karaniwang naglalaman ng biro, pahambing, o kalokohan.

ipinamalita (i-pi-na-ma-li-ta) – nangangahulugang ipinalabas o ipinaalam ang isang balita, impormasyon, o pangyayari sa pamamagitan ng pagsasabi, pagsusulat, o pamamahagi nito sa publiko.

kampana (kam-pa-na) – isang instrumentong pang-musika na karaniwang yari sa metal na mayroong hugis-kampana at ginagamit para sa mga ritwal, relihiyosong seremonya, at iba't ibang okasyon

makagulapay (ma-ka-gu-la-pay) – hirap na pagbangon o pagkilos dahil sa pananamlay, pagod o sa masamang pakiramdam.

Panuto: Gamitin sa pangungusap ang mga salita sa ibaba:

1. patungo

2. pang-uuyam

3. ipinamalita

4. kampana

5. makagulapay



Paghahabi ng Kaalaman

Ang Gorilya at ang Alitaptap

1. *Naranasan mo na bang magalit sa iyong kapuwa?*
2. *Nakakita ka na ba ng Alitaptap?*





Bakit natatakot
ang tauhan
sa kuwento?
Nakararamdam ka
rin ba ng takot?

Isang gabi, naglalakad si Iput-Iput, (ang alitaptap) patungo sa bahay ng kaniyang kaibigan. Nang mapadaan siya sa tapat ng bahay ni Amomongo (ang gorilya), tinanong siya nito. “Hoy, Iput-Iput, bakit lagi kang may dala-dalang ilaw?” Sumagot si Iput-Iput, “Dahil natatakot ako sa mga lamok.”

“Ah, duwag ka pala”, ang pang-uuyam ng gorilya. “Hindi ako duwag!” ang nagagalit na sagot ng alitaptap.

“Kung hindi ka duwag, e bakit lagi kang may dala-dalang ilaw?” ang pang-aasar ni Amomongo.

“Nagdadala ako ng ilaw para kapag nilapitan ako ng mga lamok at kakagatin ay makikita ko sila kaagad at nang sa gayo’y maipagtanggol ko ang aking sarili”, ang tugon ni Iput-Iput.

Tumawa nang malakas si Amomongo. Kinabukasan, maaga itong gumising at ipinamalita sa lahat ng kapitbahay na kaya daw laging may dalang ilaw si Iput-Iput ay dahil duwag ito. Kaagad na kumalat sa buong bayan ang balita.

Nang mabalitaan ito ng alitaptap, nagalit siya. Dali-dali siyang lumipad patungo sa bahay ni Amomongo. Gabi noon at natutulog na ang gorilya, ngunit itinatapat niya ang kaniyang ilaw sa mukha nito hanggang sa ito ay magising.

Ano ang
naramdamdam
ni Iput-iput
sa kanyang
nabalitaan?

“Hoy, gorilya, bakit ipinamamalita mong duwag ako? Upang mapatunayan ko sa’yong hindi ako duwag, hinahamon kita sa isang labanan. Magkita tayo sa sa plasa sa susunod na Linggo ng hapon.”

Pupunga-pungas na nagtanong ang gorilya. “Mayroon ka bang mga kasama?” “Wala!” ang sigaw ni Iput-Iput. “Pupunta akong mag-isa.”

Nangiti si Amomongo sa tinuran ni Iput-Iput. Dili’t isang maliit na insekto ang humahamon sa kaniya ng away. Nagpatuloy ang alitaptap.

“Hihintayin kita sa plasa sa susunod na Linggo sa ganap na ikaanim ng hapon!”

“Magsama ka ng mga kakampi mo dahil magsasama ako ng libu-libong gorilya na mas malalaki pa sa akin.”

Sinabi ito ni Amomongo upang takutin ang alitaptap, na sa pakiwari niya ay nasisiraan ng ulo.

Ngunit sumagot si Iput-Iput, “Hindi ko kailangan ng kakampi. Darating akong mag-isa! Paalam!”

Pagkaalis ng alitaptap, tinipon ng gorilya ang kaniyang mga kasamahan at ipinaalam sa mga ito ang nakatakdang pagtutuos. Inutusan niya ang mga ito na kumuha ng tig-isang pamalo na may habang tatlong dangkal at pumunta sa plasa nang ika-anim ng gabi sa susunod na Linggo. Ikinabigla ito ng kanyang mga kasamahan, ngunit nasanay na silang sundin ang kanilang pinuno kaya ipinangako nilang pupunta sila sa itinakdang oras at lugar.

Mayroon ka rin bang karanasan na ikaw ay nagalit?

Dumating ang araw ng Linggo. Bago pa mag-ikaanim ng hapon ay nagtipon na ang mga dambuhalang gorilya sa plasa ngunit nadatnan na nila ang alitaptap na naghihintay sa kanila. Mayamaya, tumunog ang kampana ng simbahan bilang hudyat ng oras ng orasyon o pagdarasal. Iminungkahi ng alitaptap sa mga gorilya na magdasal muna sila. Pagkatapos magdasal, agad sinabi ni Iput-Iput na nakahanda na siya. Inutusan ni Amomongo ang kanyang mga kasama na humanay. Pumuwesto siya sa una bilang pagpapakilalang siya ang pinuno ng mga ito.

Dagling lumipad si Iput-Iput sa ilong ng gorilya at inilawan niya ito. Hinampas ng kasunod na gorilya si Iput-Iput ngunit kaagad itong nakaalis kaya ang tinamaan ng gorilya ay ang ilong ni Amomongo na halos ikamatay nito. Dumapo si Iput-Iput sa ilong ng pangalawang gorilya. Hinampas ng pangatlong gorilya si Iput-Iput ngunit kaagad itong nakalipad, kaya ang nahampas niya ay ang ilong ng pangalawa na ikinamatay nito. Muli, inilawan ni Iput-Iput ang ilong ng pangatlong gorilya. Hinampas ng ikaapat na gorilya si Iput-Iput na kaagad na kalipad. Muli, namatay ang pangatlong gorilya dahil sa lakas ng pagkakahampas ng ikaapat na unggoy sa ilong nito.


Nagpatawad ka na rin ba?

Nagpatuloy ang ganitong pangyayari hanggang si Amomongo na lamang ang natirang buhay na gorilya na halos hindi makagulapay dahil sa tinamong sakit. Nagmakaawa ito kay Iput-Iput na patawarin na siya, at huwag patayin. Pinatawad naman siya ni Iput-Iput, ngunit simula ng hapon ng iyon, nagkaroon na ng malaking takot ang mga gorilya sa mga alitaptap.

Aral:

Huwag mong husgahan ang iyong kapwa base sa kanyang laki o liit ng pangangatawan. Kadalasan kasi ay may mas nagagawa ang mga maliliit na hindi kayang gawin ng malalaki.

Iwasan ang pagpapakalat ng maling balita upang siraan ang kapwa.



Pagtatagpi ng Talino

- A. **Panuto:** Buong husay na sagutin ang mga sumusunod na tanong.
1. Sino-sino ang mga tauhan sa kuwentong binasa?
 2. Ano ang naging reaksiyon ni Iput-iput sa sinabi sa kaniya ni Amomongo?
 3. Saang lugar nagtipon sina Amomongo at si Iput-iput?
 4. Paano kinalaban ni Iput-iput ang mga gorilya? Ilarawan ito.
 5. Sa dalawang pangunahing tauhan, sino ang iyong hinangaan? Bakit? Ipaliwanag ang iyong sagot.

- B. **Panuto:** Suriin ang layon ng tekstong binasa sa pamamagitan ng pagtukoy ng mga aral na napulot mula sa akda. Isulat ang iyong sagot sa bawat kahon.

Mga Aral mula sa Pabula		



Paglililinaw sa mga Kaalaman

PABULA

Ang nabasang teksto ay **pabula**. Isang maikling kuwento na ang mga tauhan ay hayop. Ang salitang “pabula” ay nagmula sa salitang latin na “fabula” na ang ibig sabihin ay “kuwento.”

Sa pamamagitan ng hayop bilang tauhan sa kuwento ay may malalim na kahulugan at mga aral na kikintal sa isip ng mga mambabasa. Ang mga katangiang pantao at pag-uugali ay naipapakita ng mga hayop sa loob ng kuwento.

Realidad at Pantasya


Ang konsepto ng realidad at pantasya sa panitikan ay dalawang mahahalagang elemento na nagbibigay ng iba’t ibang dimensyon at lalim sa mga akdang pampanitikan. Ang bawat isa ay may kaniya-kaniyang papel at epekto sa mambabasa, at ang kanilang paggamit ay nakasalalay sa layunin ng may-akda at sa uri ng kuwento na nais ihatid.

Realidad

Maaari itong maglawaran sa toong mga pangyayari, tauhan, lugar, at iba pa. Ito ay nakaugnay sa sariling karanasan at katangian, maaari din itong tumalakay sa mga dinaranas na isyung panlipunan at iba pang likas na nagaganap.

Pantasya

Sa ganitong uri ng teksto, maaaring may nalikhang bago at kakaibang mundo. Gumagamit din ng mga simbolo, bagay, o tauhang hindi makatotohanan, at gayundin, nagpapalawak ng imahinasyon.



Pagpapalalim

A. **Panuto:** Tukuyin kung ang pahayag ay **realidad** o **pantasya**:

- _____ 1. Si Ana ay may isang maliit na hardin kung saan siya nagtatanim ng iba't ibang gulay tulad ng kamatis, talong, at sitaw.
- _____ 2. Sa tuwing sasapit ang gabi, si Miguel ay lumilipad gamit ang kaniyang mga pakpak na gawa sa balahibo ng agila.
- _____ 3. Si Lina ay tumutulong sa kaniyang ina sa pagluluto ng hapunan tuwing siya ay umuuwi mula sa paaralan.
- _____ 4. Mayroong isang mahiwagang pusa si Carlo na nakakapagsalita at nagkukwento ng mga pakikipagsapalaran sa kaniya bago matulog.
- _____ 5. Nakakita si Rita ng isang bahaghari pagkatapos ng malakas na ulan habang siya ay naglalakad pauwi.

Mga Tauhan

Ang pagsusuri at paglalagay ng uri sa mga tauhan sa isang kuwento ay maaaring gawin sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa iba't ibang aspekto ng kanilang karakter at pag-uugali.

Batay sa Pag-unlad ng Tauhan	
Dynamic	Static
Ito ay mga tauhan na nagbabago o umuunlad sa buong kuwento, maaaring sa kanilang pananaw, desisyon, o pag-uugali.	Ito ay mga tauhan na nagbabago o umuunlad sa buong kuwento, maaaring sa kanilang pananaw, desisyon, o pag-uugali.

Batay sa Kahalagahan sa Kuwento	
Pangunahing Tauhan	Pantulong na Tauhan
Ang protagonist ay ang pangunahing tauhan na karaniwang sinusundan ng kuwento, habang ang antagonist ay ang kalaban o ang nagbibigay ng kontrahan sa protagonist.	Ang mga ito ay nagbibigay-suporta sa kuwento at tumutulong sa pagpapaunlad ng plot o ng pangunahing mga tauhan.

Batay sa Kahalagahan sa Kuwento	
Tauhang Bilog	Tauhang Lapad
Mga tauhan na may komplikadong personalidad at hindi madaling mahulaan. Mayroon silang malalim at detalyadong katangian.	Mga tauhan na may simpleng katangian at madaling mahulaan ang kanilang iisang aspekto ng pag-uugali.

B. **Panuto:** Tukuyin ang uri ng tauhan sa bawat kategorya.

Dynamic o Static na Tauhan


1. Si Juan ay isang batang mahiyain sa simula ng kuwento ngunit sa huli ay naging matapang at kumpiyansa sa sarili matapos malampasan ang mga pagsubok.
2. Si Lola Nena ay palaging mapagmahal at maunawain sa kaniyang mga apo mula simula hanggang sa dulo ng kuwento.

Pangunahin o Pantulong na Tauhan

1. Si Pedro, ang bida sa kuwento, ay naglakbay sa iba't ibang lugar upang hanapin ang nawawalang kayamanan.
2. Si Aling Maria, ang kapitbahay na laging tumutulong kay Pedro sa kaniyang mga problema.

Tauhang Bilog o Tauhang Lapad

1. Si Ana, na sa buong kuwento ay nagpakita ng iba't ibang emosyon at pagbabago sa kaniyang pananaw sa buhay matapos niyang maranasan ang iba't ibang mga hamon.
2. Si Mang Juan, ang guro na palaging strikto at seryoso sa lahat ng eksena sa buong kuwento.



Paglalapad ng Karunungan

PANGHALIP PANAOG

Ang **panghalip** ay bahagi ng pananalitang pamalit sa pangngalan. Isa sa mga uri nito ay ang panghalip panao.

Ang **panghalip panao** ay ginagamit bilang pamalit sa pangalan ng tao. Ito ay pamalit sa simuno at ito ang tagaganap ng kilos sa loob ng pangungusap.

	ISAHAN	MARAMIHAN
Una	ako	tayo, kami
Ikalawa	ikaw	kayo
Ikatlo	siya	sila

Halimbawa:

Siya ay pupunta sa bahay ng kaniyang kaibigan.

Ikaw ba ang nagsulat ng kuwentong ito?

Kayo ay pupunta sa plasa.

Sila ay pumunta sa plasa upang maglaban.

Pagsasanay

Panuto: Bilugan ang panghalip panao sa bawat pangungusap.

1. Sila ay pupunta ng plasa para mamasyal.
2. Ako ay kumuha ng larawan sa loob ng simbahan.
3. Siya ay nagagalit.
4. Siya ay naghanda para sa darating na linggo.
5. Sila ay nagkaroon ng malaking takot sa mga alitaptap.
6. Madalas nakikita siyang nakikita na may dalang-dalang ilaw.
7. Sabi ng mga mambabasa, sila ay may nakuhang aral matapos basahin ang teksto.



Paglatag ng Kasanayan

Panuto: Gawin bilang pangkat:

1. Pumili ng isang pangyayari kasama ng mahalagang aral sa binasang teksto.

MAHALAGANG PANGYAYARI	MAHALAGANG ARAL

2. Pag-aralan muli ang bawat tauhan at iulat ang pagsusuri sa kanila.

Pangalan ng Tauhan	Katangian at Kilos ng Tauhan
 Gorilya	
 Alitaptap	

Pagsasalansan

Sa araling ito, natutuhan natin ang gumalang sa kakayahan at katangian ng isang nilalang. Itinuro sa atin ng kuwentong ito ang wastong pag-uugali sa pamamagitan ng aral na nakuha rito. Gayundin ay ating nakilala ang bahagi ng panalita na panghalip panao.

ARALIN 3

Ang Talinghaga ng Pariseo at ng Maniningil ng Buwis



Sa araling ito, mauunawaan ang tunay na paglapit sa Panginoon ay ang paglapit nang may pagpakumbaba at pag-amin sa mga nagawang kasalanan. Matutuhan din ang mga salitang ginamit sa loob ng kuwento, ito ay ang gamit ng mga panlapi at pang-uring panlarawan (kayarian ng pang-uri: payak at maylapi).



Layunin

- ◇ Nakatutuklas ng mga bagong kaisipan at kabutihang-asal mula sa teksto.
- ◇ Naiuugnay ang kaisipan ng akda sa sariling karanasan.
- ◇ Nasusuri ang layon ng tekstong nagsasalaysay.
- ◇ Nakabubuo ng tekstong may mga panandang nag-uugnay ng mga ideya ayon sa layon, kahulugan at konteksto.
- ◇ Nagagamit ang pang-uri sa pagpapahayag.



Paghihibla ng mga Salita

talinghaga (ta-ling-ha-ga) – pahayag na nakatago ang tunay na kahulugan

pariseo (pa-ri-seo) – mga pinuno ng simbahan sa panahon ni Hesus

templo (tem-plo) – gusali kung saan nagdarasal

buwis (bu-wis) – bayad ng mamamayan sa gobyerno


dinadagukan (di-na-da-gu-kan) – hinahampas

hinahamak (hi-na-ha-mak) – minamaliit

mangangalunya (ma-nga-nga-lun-ya) – nagkakaroon ng ibang asawa

Panuto: Piliin sa mga paghihibla ng mga salita ang salitang tinutukoy.

- _____ 1. Sa lugar na ito nananalangin ang mga sumasamba.
- _____ 2. Kapag inaapi dahil maliit ang tingin sa isang tao.
- _____ 3. Responsibilidad ng bawat mamamayang magbigay ng bahagi ng pera sa pamahalaan.
- _____ 4. Sila ang mga itinuturing na pari sa simbahan noong panahon ni Hesus.
- _____ 5. Malakas na hampas gamit ang mga kamao.



Paghahabi ng Kaalaman

Ang Talinghaga ng Pariseo at ng Maniningil ng Buwis

1. *Gaano ka kadalas manalangin?*
2. *Ano-ano ang sinasabi mo sa Panginoon kapag ika'y mananalangin?*



Sinabi rin ni Hesus ang talinghagang ito sa mga taong matuwid ang tingin sa sarili at hinahamak naman ang iba.

May dalawang lalaking pumasok sa Templo upang manalangin, ang isa ay Pariseo at ang isa ay maniningil ng buwis. Tumayo ang Pariseo at nanalangin ng ganito:

‘O Diyos, nagpapasalamat ako sa iyo sapagkat hindi ako katulad ng ibang mga magnanakaw, mandaraya, mangangalunya, o kaya’y katulad ng maniningil ng buwis na ito. Dalawang beses akong nag-aayuno sa isang linggo at nagbibigay rin ako ng ikasampung bahagi mula sa lahat ng aking kinikita.

Samantala, ang maniningil ng buwis nama’y nakatayo sa malayo at ‘di man lamang makatingin sa langit.

Dinadagukan niya ang kaniyang dibdib at sinasabi, ‘O Diyos, mahabag po kayo sa akin na isang makasalanan!’

“Sinasabi ko sa inyo, ang lalaking ito’y umuwing matuwid sa harapan ng Diyos, at hindi ang Pariseo. Sapagkat ang sinomang nagmamataas ay ibababa at ang nagpapakababa ay itataas.”

Ano pa ang alam mong mga kuwentong galing kay Hesus?

Ano kaya ang tawag natin sa templo sa panahon ngayon?

Sa iyong palagay, tunay kayang nanalangin ang Pariseo?

Ano kaya ang nararamdaman ng maniningil ng buwis habang siya ay nagdarasal?

Bakit mas naging matuwid sa harapan ng Diyos ang maniningil ng buwis kaysa sa pinuno ng relihiyon?





Pagtatagpi ng Talino

A. **Panuto:** Basahin at sagutin ang mga sumusunod na tanong tungkol sa binasang parabula. Isulat ang iyong sagot sa isang buong papel.

1. Sino ang nagkukuwento sa binasang teksto?
2. Saan ang tagpuan ng kuwento?
3. Ano-ano ang nilalaman ng dasal ng Pariseo?
4. Ayon sa kuwento, sino ang mas kinalulugdan ng Diyos sa dalawa?
5. Sa iyong palagay, anong klaseng panalangin ang pinakikinggan ng Diyos.

- B. **Panuto:** Matapos basahin ang akda, anong kaisipan/ideya ang iyong nakuha na may kaugnayan sa iyong sariling karanasan. Isalaysay ito sa klase.



Paglililinaw sa mga Kaalaman


PARABULA

Ang **parabula** ay isang matalinghagang kuwento na kinapupulutan ng aral. Maiksi ito at matatagpuan sa Bibliya.

Matalinghaga ang parabula dahil nakatago ang aral na nais nitong ibigay. Hindi direktang inilalahad ang tunay na kahulugan. Maaaring ang mga tauhan o pangyayari ay simbolo ng mga tunay na pangyayari sa buhay.

Tulad ng kuwento, may tagpuan din ito at tauhan. Maaaring ang mga tauhan o pangyayari ay simbolo ng mga tunay na pangyayari sa buhay.

Ang aral ay matatagpuan sa dulo ng kuwento. Maaari itong pumuna o pumuri ng isang kilos o asal. Gamit ni Hesus ang parabula sa pangangaral upang itago ang kaniyang mga nais sabihin sa mga Pariseo at iba pang ayaw sa kaniyang mga itinuturo.



Pagpapalalim

Panuto: Magbasa ng iba pang parabula at tuklasin ang iba pang kabutihang asal na iyong matututuhan.



Paglalarapat ng Karunungan

PANG-URI

Ang **pang-uri** ay isa sa mga mahalagang bahagi ng pananalita na ginagamit sa paglalarawan ng mga pangngalan at panghalip. Sa madaling salita, ito ay nagbibigay ng detalye o naglalarawan sa isang tao, bagay, hayop, lugar, o pangyayari.

Mga Uri ng Pang-uri

Pang-uring Panlarawan

Ito ay ginagamit para ilarawan ang katangian ng isang pangngalan o panghalip. Halimbawa: mabait, malaki, berde, matamis.

Ang Pariseo ay mayabang at mapanghusga sa kaniyang panalangin, ipinagmamalaki ang kanyang sariling kabutihan habang minamaliit ang iba.

Ang maniningil ng buwis ay mapagkumbaba at taos-pusong humihingi ng awa sa Diyos, na kinilala ang kaniyang mga pagkakasala.

Pang-uring Pamilang

Ito ay ginagamit para magbigay ng bilang o dami. Maaaring ito ay pamilang na kardinal (bilang), ordinal (pagkakasunod-sunod), o iba pa. Halimbawa: isa, unang, marami.

Dalawang beses sa isang linggo nag-aayuno ang Pariseo.

Isang makasalanang lamang ang turing ng maniningil ng buwis sa kaniyang sarili.

Kayarian ng Pang-uri

Ngayong natapos nating basahin ang parabula, aalamin naman ang mga salitang naglalarawan ang **pang-uri** at kayarian nito. Ang pang-uri ay salitang naglalarawan sa ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar, o pangyayari.

- **Payak** – ito ay tumutukoy sa pagkakaroon ng salitang-ugat.

Halimbawa:

Ang Pariseo ay nanalangin.

- **Maylapi** – tumutukoy sa pagkakaroon ng mga salitang ugat. Ito ay dinudugtungan ng panlapi ma-, ka-, kasing-, sim-, at marami pang iba.

Halimbawa:

Ang maniningil ng buwis ay humihingi ng awa sa Diyos.

Panlapi sa Pang-uri

Ang pang-uri ay isang mahalagang bahagi ng pananalita na naglalarawan ng katangian ng isang pangngalan o panghalip. Isa sa mga paraan ng pagbuo ng pang-uri ay sa pamamagitan ng paggamit ng mga panlapi. May apat na uri ng panlapi na ginagamit sa pagbuo ng mga pang-uri: unlapi, gitlapi, hulapi, at kabilaan.

Unlapi

Ang unlapi ay isang uri ng panlapi na idinadagdag sa unahan ng salitang-ugat.

Nagpapasalamat ang Pariseo sa Diyos dahil sa kanyang mga gawa.

Gitlapi

Ang gitlapi ay isang panlapi na inilalagay sa gitna ng salitang-ugat.

Umiiyak ang maniningil ng buwis habang siya ay nananalangin.

Hulapi

Ang hulapi ay isang panlapi na idinadagdag sa hulihan ng salitang-ugat.

Ang Pariseo ay **nag-aayuno** dalawang beses sa isang linggo.

Kabilaan

Ang kabilaan ay isang uri ng panlapi kung saan may panlaping idinadagdag sa unahan at hulihan ng salitang-ugat.

Nagpakumbaba ang maniningil ng buwis sa harap ng Diyos.

Pagsasanay

Panuto: Isulat ang pang-uri sa loob ng tamang kahon ayon sa kayarian nito.

malaya	mataas	mapagmahal	ganda	mapait
asim	payak	bago	maganda	isa

PANG-URING PAYAK

PANG-URING MAYLAPI



Paglatag ng Kasanayan


Gawing Pangkatan

Panuto: Ibigay ang mga kaalamang inyong natuklasan sa akdang binasa. Iulat sa pamamagitan ng iba't ibang pamamaraang nakaatas sa bawat pangkat.

Pangkat 1: Ipakita ito sa pamamagitan ng isang iskit.

Pangkat 2: Ipakita ito sa pamamagitan ng pagbabalita.

Pangkat 3: Ipakita ito sa pamamagitan ng pag-awit.



Pagsasalansan

Sa araling ito naunawaan natin na ang binasang parabula ay nagtuturo ng aral sa tao at naglalahad ng mensaheng nais iparating sa mambabasa. Nagamit din ang panlapi at kayarian ng pang-uri sa mga pahayag.

ARALIN 4

Ang Tsinelas

Sa araling ito, mauunawaan ang isang uri ng panitikan na magbibigay nang sapat na kakayahan upang maunawaan ang mga katangiang taglay ng isang tiyak na pangyayari sa buhay ng isang tao. Sa pamamagitan ng isang kawili-wiling kuwento mula sa karanasan ng isang bata katulad mo.



Layunin

- ◊ Nakapagbibigay ng angkop na pamagat ng teksto.
- ◊ Nasusuri ang layon ng tekstong nagsasalaysay.
- ◊ Naipaliliwanag ang diksiyon sa pagpapahayag ayon sa: layon, kahulugan, tagapakinig, konteksto, tono at damdamin.
- ◊ Nakasusulat ng sanaysay tungkol sa mahalagang mensahe ng teksto.
- ◊ Nagagamit ang pangatnig sa pagpapahayag upang makabuo ng hugnayang pangungusap.



Paghihibla ng mga Salita

inukit (i-nu-kit) – pagtanggal o pagputol ng materyal tulad ng kahoy, bato, o iba pa

katig (ka-tig) – piraso ng kahoy na matatagpuan sa gilid ng bangka

karetela (ka-re-te-la) – karwa-heng may apat na gulóng

humalagpos (hu-ma-lag-pos) – aksyon ng biglang pag-alis ng isang bagay

kapares (ka-pa-res) – katambal, katapat, o katulad ng isa pang bagay o tao

Panuto: Lagyan ng tsek (✓) ang patlang kung tama ang pagkakagamit ng salita sa pangungusap at ekis (X) naman kung ito ay mali.

1. **inukit**

- _____ Ang gawaing inukit ay nagpakita ng magandang kilos.
- _____ Si Juan ay nagtagumpay sa kanyang proyektong inukit na paggawa ng makukulay at malalikhang mga larawang puso mula sa kahoy.

2. **katig**

- _____ Ang mga pasahero sa bangka ay nakasandal sa katig habang naglalayag papunta sa islang bundok.
- _____ Kailangan mapalitan ang katig dahil makasira ito ng pananim.

3. **karitela**

- _____ Ang mga turista ay sumakay sa karetela habang sila'y naglilibot sa nakakaengaganyong mga lugar sa bayan, upang masaksihan ang kasaysayan at kultura ng lugar.
- _____ Sa kanilang selebrasyon, ang lokal na pamahalaan ay sumakay sa karetela upang makatawid sa dagat.

4. **humalagpos**

- _____ Nang tumama ang malakas na lindol, halos lahat ng mga kagamitan sa aparadpr ay humalagpos at nabasag sa sahig.
- _____ Sa gitna ng malakas na ulan, humalagpos ang hangin.

5. **kapares**

- _____ Nang tumama ang malakas na lindol, halos lahat ng mga kagamitan sa aparadpr ay humalagpos at nabasag sa sahig.
- _____ Sa gitna ng malakas na ulan, humalagpos ang hangin.




Paghahabi ng Kaalaman

Ang Tsinelas (Anekdota ni Jose Rizal)

1. *Naranasan mo na bang makasakay sa bangka?*
2. *May karanasan ka na bang nagbigay sa iyo ng magandang aral?*





Ang bangka ay karaniwang gawa sa kahoy na inukit sa matibay na kahoy na nakukuha sa aming gubat. Kung minsan ito ay may dalawang katig na gawa sa matitibay at mahabang kawayan upang ang bangka ay hindi gumiwang kapag ito ay nakatigil sa tubig.

Karamihan sa gamit nito ay pangingisda nguni't sa aming lalawigan, ang bangka ay ginagamit namin sa paglalakbay lalo na sa pagtawid sa ibayo ng dagat. Mas mabilis ito kaysa gumamit ng kalabaw o ng karitela. Naalala ko pa noon kasalukuyang kaming nakasakay sa bangka nang humulagpos ang isa kong tsinelas. Ang tsinelas ay ang gamit namin sa pagpasok at pagpunta sa mga lakaran kung saan ang bakya na gawa sa kahoy ay hindi nararapat.

Mabilis itong inanod sa tubig bago ko nahabol para kunin. Malungkot ako dahil iniisip ko ang aking ina na magagalit dahil sa pagkawala ng aking tsinelas. Tiningnan ako ng nagsasagwan nang kinuha ko ang aking isa pang tsinelas at dali dali kong itinaon sa dagat, kasama ang dasal na mahabol nito ang kapares na tsinelas. "Bakit mo itinaon ang iyong isa pang tsinelas?" tanong sa akin ng kasamahan ko sa bangka. "Isang tsinelas ang nawala sa akin at walang silbi sa makakakita. Ang isang tsinelas na nasa akin ay wala ring silbi sa akin. Kung sino man ang makakuha ng pares ng tsinelas ay magagamit niya ito sa kaniyang paglakad. Napatingin ulit sa akin ang mama. Marahil naunawaan niya ang isang batang katulad ko.

Naranasan mo na bang sumakay sa karitela?

Anong bagay ang humalagpos sa tauhan?

Ano ang iyong mararamdam kung inanod din ang iyong tsinelas?

Sa iyong palagay, tama lang ba ang kanyang ginawa sa kapares ng kaniyang tsinelas?



Pagtatagpi ng Talino

A. **Panuto:** Basahin at sagutin ang mga sumusunod na tanong tungkol sa binasang kuwento. Isulat ang iyong sagot sa isang buong papel.

1. Sino ang nagsasalaysay sa kuwento?
2. Ano ang nahulog sa bangka?
3. Bakit tinapon niya ang isa niyang tsinelas?
4. Sa inyong palagay, ano kaya ang magiging reaksiyon ng kaniyang ina sa ginawa ng bata? Pangatuwiran.
5. Kung ikaw ang nasa katayuan ng bata, gagawin mo rin ba ang kaniyang ginawa? Ipaliwanag.

B. **Panuto:** Ang kaangkupan ng diksiyon ay bahagi ng epektibong pagpapahayag ng mensahe.

Layon - mensahe o paksang pinag-uusapan


Kahulugan - paano inilarawan o ikinuwento ang paksa

Tagapakinig/Mambabasa - ang tatanggap ng kuwento

Konteksto - sitwasyon o kalagayan ng pangyayari

Tono at Damdamin - paraan ng pagsasabi ng nararamdaman

Bilang mambabasa, tukuyin ang layon, kahulugan, tono o damdamin ng binasang teksto. Punan ang grapikong pantulong sa ibaba.





Paglililaw sa mga Kaalaman

ANEKDOTA

Ang **Anekdota** ay isang maikling akda na tumatalakay sa totoong karanasan o pangyayari sa buhay. Sinisimulan ito sa maikling pagpapakilala ng pangunahing tauhan sa paraang kawili-wili at kapupulutan ng aral. Ang anekdota ay may isang paksang tinatalakay lamang. Ang bawat pangyayari ay nakatuon sa ideyang nais ipaunawa sa mambabasa.

Ang ganap na pagkakaunawa ng mambabasa ay nagdudulot ng kakintalan sa isipan upang hindi magkaroon ng pag-alinlangan sa mga pangyayaring natuklasan sa akda. Isang salayasay na nagtataglay ng konkretong detalye tungkol sa isang tao, lugar o bagay upang mailarawan ang tiyak na ugali o katangian nito. Isang pasalalaysay ng “isang natatanging realismo” at isang inangking dimensyong makasaysayan.



Pagpapalalim

Panuto: Isulat kung **TAMA** o **MALI** ang pahayag.

- _____ 1. Ang anekdota ay may isang paksang tinatalakay lamang.
- _____ 2. Ang ganap na pagkakaunawa ng mambabasa ay nagdudulot ng kakintalan sa isipan upang hindi magkaroon ng pag-alinlangan sa mga pangyayaring natuklasan sa akda.
- _____ 3. Ang Anekdota ay isang maikling akda na tumatalakay sa totoong karanasan o pangyayari sa buhay.
- _____ 4. Ang karaniwang tauhan dito ay mga hayop at nagbibigay ng magandang aral sa mga mambabasa.
- _____ 5. Ang anekdota ay kapupulutan ng aral.



Paglalatapat ng Karunungan

PANGATNIG

Ang pangatnig ay isa sa mga bahagi ng papanalita na ginagamit upang pagdugtungin ang dalawang salita, parirala, o pangungusap. Gamit ang pangatnig ay nabibigyan ng kahulugan at pagkakabukod ang mga ideya.

Halimbawa ng pangatnig ay ang at, pati, samantala, ngunit, subalit, datapwat, at iba pa.

Halimbawa:

1. Karamihan sa gamit nito ay pangingisda **ngunit** sa aming lalawigan, ang bangka ay ginagamit namin sa paglalakbay lalo na sa pagtawid sa ibayo ng dagat.
2. Tiningnan ako ng nagsasagwan nang kinuha ko ang aking isa pang tsinelas **at** dali dali kong itina-pon sa dagat, kasama ang dasal na mahabol nito ang kapares na tsinelas

Magkatimbang at Di-magkatimbang

Ang pangatnig na magkatimbang at di-magkatimbang ay dalawang uri ng pangatnig na ginagamit sa pag-uugnay ng mga salita, parirala, o sugnay sa isang pangungusap. Ang pagkakaiba nila ay nakasalalay sa uri ng mga yunit na kanilang pinag-uugnay.

Pangatnig na Magkatimbang

Ang pangatnig na magkatimbang ay ginagamit para ugnayin ang dalawa o higit pang salita, parirala, o sugnay na magkapantay o magkatimbang sa istruktura at kahalagahan.

Halimbawa: at, o, ngunit, pero, datapwat, subalit

Kapag ginagamit ang pangatnig na magkatimbang, ang magkabilang bahagi ng pangungusap ay may kakayahan na tumayo bilang hiwalay at buong pangungusap.

Halimbawa: Ang bata ay hinagis ang isa niyang tsinelas sa ilog **at** inihagis din niya ang natitirang tsinelas upang ang makakita ay may magamit na magkapares.

Pangatnig na Di-Magkatimbang

Ang pangatnig na di-magkatimbang ay ginagamit para ugnayin ang mga yunit sa pangungusap na hindi pantay ang istruktura o kahalagahan.

Halimbawa: dahil sa, sapagkat, upang, nang, kaya, bagamat

Sa pangatnig na di-magkatimbang, ang isa sa mga yunit ay karaniwang nagsisilbing pangunahing ideya at ang isa ay nagbibigay suporta o kondisyon.

Halimbawa: Nagbigay ang bata ng isa pang tsinelas sa ilog sapagkat nais niyang magamit ng makakakita ang magkapares na tsinelas.

Gawain 1

Panuto: Lagyan ng kahon ang pangatnig na ginamit sa bawat bilang.

1. Ang bangka ay gawa sa matibay na kahoy mula sa aming gubat, samantalang ang mga katig nito ay yari sa mahabang kawayan upang mapanatili ang balanse sa tubig.”
2. Malungkot ako dahil iniisip ko ang aking ina na magagalit.
3. Tiningnan ako ng nagsasagwan nang kinuha ko ang aking isa pang tsinelas at dali-dali kong itinaon sa dagat
4. Habang kami ay nasa bangka, biglang humulagpos ang aking tsinelas at inanod ng tubig; kaya naman, nagpasya akong itapon ang kapares nito sa dagat, na may pag-asa na magamit ito ng taong makakakuha ng pares.”
5. Nang itapon ko ang aking isa pang tsinelas sa dagat, nagtaka ang aking kasamahan at tinanong ako kung bakit ko ito ginawa, kaya ipinaliwanag ko na mas mabuti na ang pares ng tsinelas ay magamit ng ibang tao kaysa sa ito’y maging walang silbi

HUGNAYANG PANGUNGUSAP

Sa paggamit ng pangatnig ay nakabubuo tayo ng mga hugnayang pangungusap. Ang hugnayang pangungusap ay uri ng pangungusap na binubuo ng isang sugnay na makapag-iisa at isa o higit pang sugnay na di-makapag-iisa.

Ang **sugnay na makapag-iisa** ay maaaring tumayo bilang isang buong

pangungusap dahil ito ay may buo at malinaw na diwa, samantalang ang **sugnay na di-makapag-iisa** ay hindi maaaring tumayo nang mag-isa bilang isang pangungusap dahil ito ay hindi buo ang diwa at nangangailangan ng karagdagang impormasyon.

Mga Halimbawa ng Hugnayang Pangungusap

Sugnay na Makapag-iisa + Sugnay na Di-makapag-iisa

Halimbawa:

"Pupunta ako sa tindahan **kapag natapos na ang ulan."**

sugnay na makapag-iisa

sugnay na di-makapag-iisa

"Hindi ako makakapunta sa iyong kaarawan **dahil may sakit ako."**

sugnay na makapag-iisa

sugnay na di-makapag-iisa

Gawain 2

Panuto: Sumulat ng pangungusap at salungguhitan ang pangatnig. Bilugan naman ang dalawang sugnay pagkatapos.

1. _____
2. _____
3. _____


Pagsasanay

Panuto: Magbigay ng alternatibo o iba pang pamagat para sa kuwentong binasa na sa tingin niyo ay mas angkop o nakakapukaw ng interes. Ipaliwanag kung bakit ito ang inyong napiling pamagat.



Paglatag ng Kasanayan

Panuto: Balikan ang nabasang teksto. Sumulat ng sariling kuwento o anekdotang may tatlong talata. Pagkatapos na maisulat, salungguhitan ang mga pangatnig. Ang gawa ay mamarkahan din batay sa diksiyon sa pagpapahayag.



Pagsasalansan

Sa araling ito, naunawaan ang kuwentong anekdota na nagbigay ng magandang kaisipan sa mambabasa. Nalaman din ang kahulugan at kung paano gamitin ang pangatnig. Nasasaalang-alang din ang paggamit nito sa pagsulat ng sariling kuwento.

ARALIN 5

Boracay



Mababatid sa araling ito ang mga tekstong impormatibo kasama ng mga pangunahing bahagi nito tulad ng paksa, pangunahing detalye, at pansuportang detalye. Matututuhan din dito ang mga pang-abay at iba pang kasanayan na siyang pundasyon sa mapanuring pagpapahayag.



Layunin

- ◇ Nauunawaan ang tekstong impormatibo (pag-iisa-isa at paglalarawan).
- ◇ Naiisa-isa ang mga mahahalagang impormasyon sa teksto: paksa, pangunahin, at mga pansuportang detalye.
- ◇ Nakapagbibigay ng sariling reaksiyon.
- ◇ Nagagamit ang pang-abay sa pagpapahayag.



Paghihibla ng mga Salita

hango (ha-ngo) – mula sa isang lugar o bagay

pino (pi-no) – maliliit

tahanan (ta-u-han) – bahay o tirahan

bahagi (ba-ha-gi) – kasama sa isang grupo o populasyon

pagtuklas (pag-tuk-las) – pagkaalam sa isang pangyayari o isang lugar na nakatago

dinaragsa (di-na-rag-sa) – pinupuntahan ng maraming tao

noon (no-on) – dati

Panuto: Isulat sa patlang ang **TAMA** kung tama ang pagkakagamit ng salitang nakasalungguhit sa bawat pangungusap. At isulat ang **MALI** kung mali.

- _____ 1. Pino ang buhangin na nakita ko sa isang isla malapit sa amin.
- _____ 2. Hango pa sa ibang bansa ang damit na iyan.
- _____ 3. Hindi dinaragsa ang Boracay kaya maraming tao rito ngayon.
- _____ 4. Bahagi ka nitong grupong ang ipinatutupad ay ang kalinisan sa buong isla.
- _____ 5. Tahanan na ng mga Ati ang Boracay bago pa man dumating ang mga Kastila.



Paghahabi ng Kaalaman

Boracay

1. *Nakapunta ka na ba sa Boracay?*
2. *Ano ang masasabi mo sa lugar na ito?*



Saan galing ang
salitang Boracay?

Sino ang mga Ati?

Ano ang
pangunahing wika
rito?


Paano umuunlad
ang Boracay?

Ano-ano ang
wikang sinasalita
ng mga taga-rito?

Ang Boracay ay hango sa salitang lokal na borac na nangangahulugang puting bulak. Tumutukoy rin ito sa kulay at tekstura ng pinong buhangin sa isla. Noon, tahanan ito ng mga Ati. Tirahan na ito ng mga Ati bago pa man dumating ang mga Espanyol sa Pilipinas. Humigit-kumulang sa isang daang tao lamang ang populasyon noon ng Boracay at ang pangunahing ikinabubuhay nila ay ang pagtatanim ng palay at pagpaparami ng kambing. Bilang bahagi ng Panay group of islands, Ilonggo ang pangunahing wikang sinasalita rito at bukod sa wikang Aklanon. Mula nang mapadpad ang ilang dayuhan dito, unti-unting dinagsa ito ng mga turista.

Kaya kinilala ito bilang “Paradise on Earth” sa mga magasin sa iba-ibang bansa. Sa paglipas ng panahon, unti-unti nang umunlad ang Boracay. Mas lumaki na ang populasyon nito at halos lahat ay nakadepende na sa turismo bilang pangunahing kabuhayan. Marami na ring itinayong mga gusali na nagsisilbing tahanan ng mga turistang bakasyunista.

Bukod pa rito, maituturing nang polyglot ang ilan sa mga taga-isla sapagkat kaya nilang makipag-usap sa iba-ibang turista sa kani-kanilang mga wika tulad ng Aleman, Espanyol, Thai, Tsino, at marami pang iba.




Pagtatagpi ng Talino

A. **Panuto:** Sagutin ang mga katanungan batay sa binasang sanaysay. Isulat ang iyong sagot sa isang buong papel.

1. Tungkol saan ang sanaysay?
2. Saan matatagpuan ang Boracay?
3. Saan galing ang salitang Boracay?
4. Ano ang sinaunang pamumuhay ng mga taga-rito?
5. Paano mo mapapangalagaan ang Boracay?

- B. **Panuto:** Ikuwento muli ang binasa sa pamamagitan ng pag-iisa-isa ng mga impormasyon tungkol dito. Isulat ito sa iyong kwaderno at basahin sa harap ng klase.



Paglililinaw sa mga Kaalaman

Ang **tekstong impormatibo** ay kilala sa alternatibong pangalang 'ekspositori'. Isang tekstong naglalayong magbigay ng detalyado, makatotohanan, at tiyak na impormasyon sa isang paksa. Hindi ito nakabatay sa opinyon ng may-akda bagkus ito ay nakabatay sa mga datos na sinaliksik at siyensiya. Kaya wala itong pagkiling. Ang mga diksyunaryo, *encyclopedia*, *alamanac*, *research*, *case study*, at pahayagan ay iilan sa mga halimbawa ng tekstong impormatibo.

Mga Elemento ng Tekstong Impormatibo

Paksa

Ang paksa ay ang pangunahing tema o ideya ng isang kwento o teksto. Ito ang nagbibigay ng kabuuang ideya kung ano ang tungkol sa teksto.


Pangunahing Detalye

Ang pangunahing detalye ay ang pinakamahalagang impormasyon sa teksto na direktang sumusuporta sa paksa. Ito ang nagbibigay-diin sa pinakamahalagang puntos ng kwento o teksto.

Mga Pansuportang Detalye

Ang mga pansuportang detalye ay karagdagang impormasyon na nagpapalawig o nagpapaliwanag sa pangunahing detalye. Tumutulong ang mga ito para mas maging malinaw ang kwento o teksto.

Bahagi ng Teksto	Impormasyon
Paksa	Boracay
Pangunahing Detalye	Ang Boracay ay isang sikat na destinasyon turista na dating tahanan ng mga Ati at kilala sa pinong puting buhangin. Ang pangunahing kabuhayan dito ay turismo.
Pansuportang Detalye	- Ang pangalan na “Boracay” ay hango sa salitang lokal na “borac.” - Ang isla ay bahagi ng Panay group of islands, kung saan Ilonggo at Aklanon ang mga pangunahing wika. - Noon, may humigit-kumulang isang daang tao lamang ang populasyon sa Boracay at ang pangunahing ikinabubuhay nila ay pagtatanim ng palay at pag-aalaga ng kambing. - Naging popular ang Boracay sa mga dayuhan, at tinawag itong “Paradise on Earth” sa mga magasin. - Lumaki ang populasyon at ekonomiya ng Boracay dahil sa turismo. Maraming gusali ang itinayo para sa mga turista. Ang mga taga-isla ay naging polyglot, nakakapagsalita ng iba’t ibang wika tulad ng Aleman, Espanyol, Thai, at Tsino.



Pagpapalalim

Panuto: Basahin at unawain ang teksto. Isulat ang pangunahing kaisipan at mga pantulong na kaisipan na inilahad sa binasang sanaysay.

Siargao: Surfing Capital ng Pilipinas

Ang Siargao ay isang kilalang isla sa Mindanao, tanyag bilang “Surfing Capital of the Philippines.” Sikat ito sa Cloud 9, isang premier surfing spot na dinarayo ng mga surfer mula sa iba’t ibang dako ng mundo. Hindi lamang surfing ang akit ng Siargao; ito rin ay may malililaw na tubig at puting buhangin na matatagpuan sa mga isla tulad ng Naked Island, Daku Island, at Guyam Island, na perpekto para sa snorkeling at swimming.

Ang isla ay mayroon ding iba pang atraksyon gaya ng Sugba Lagoon at Magpupungko Rock Pools. Nagbibigay ang Siargao ng kakaibang

karanasan hindi lang sa adventure kundi pati na rin sa pagtuklas ng simpleng pamumuhay at kultura ng mga lokal. Ang isla ay kilala rin sa eco-friendly na pamumuhay, na nagpapakita ng malasakit sa kalikasan. Sa kabuuan, ang Siargao ay isang paraiso na nag-aalok ng kakaibang karanasan at malapit sa kalikasan at kulturang Pilipino.

Paksa	
Pangunahing Kaisipan	
Pantulong na Detalye	



Paglalapad ng Karunungan

MGA URI NG PANG-ABAY

Pang-abay na Panlunan

Ang **pang-abay na panlunan** ay tumutukoy sa pook kung saan naganap ang pagkilos ng pandiwa. Ito ay sumasagot sa tanong na **saan**. Ito ay pangalan ng pook at may panandang **sa**.

Halimbawa:

1. **Sa Boracay**, bago pa man dumating ang mga Espanyol sa Pilipinas, nakatira na roon ang mga Ati.
2. **Sa tabi ng ilog**, nagtatanim ng palay ang mga magsasaka.

Pang-abay na Pamanahon

Ang **pang-abay na pamanahon** ay isang uri ng pang-abay na nagsasaad ng panahon.

Halimbawa:

1. **Taong 1980**, nagsimula nang dumagsa ang mga turista sa Boracay, nakilala bilang isang “Paradise on Earth.
2. **Sa kasalukuyan**, araw-araw makikita ang iba’t ibang turista mula sa iba’t ibang bansana naglilibot sa Magandang isla ng Boracay.

Pagsasanay

Panuto: Kahunan ang pang-abay na ginamit sa bawat pangungusap.

Pang-abay na Pamanahon

1. Noong unang panahon, ang Boracay ay tahimik na tirahan lamang ng mga katutubong Ati.
2. Bago dumating ang ika-20 siglo, kakaunti lamang ang mga tao sa Boracay at pangunahing sa pagsasaka at pag-aalaga ng kambing umiikot ang kanilang pamumuhay.
3. Nang sumapit ang dekada ‘80, unti-unting nakilala ang Boracay bilang isang pangunahing destinasyon ng turismo.
4. Sa pagdating ng bagong milenyo, naging isa na ang Boracay sa mga pinakasikat na beach destinations sa buong mundo.
5. Kamakailan lamang, naging tanyag ang Boracay sa pagiging isang multicultural hub dahil sa dami ng dayuhang turista at residenteng nag-aaral ng iba’t ibang wika.


Pang-abay na Panlunan

1. Sa pampang ng Boracay, makikita ang mga turistang nagtatampisaw at nagpapahinga habang tinatamasa ang ganda ng putting buhangin.
2. Sa gitna ng isla, maraming maliit na tindahan ang nagbebenta ng iba’t ibang pasalubong at local na produkto.
3. Sa bandang kanluran ng Boracay, sikat ang nakamamanghang paglubog ng araw na dinadayo ng maraming bisita.
4. Sa tabi ng mga kalsada ng Boracay, makikita ang mga kainang nag-aalok ng iba’t ibang pagkaing dagat at local na lutuin.
5. Sa ilalim ng mga niyog napuno, madalas magpahinga ang mga turista habang ninanamnam ang preskong hangin at tanawin ng dagat.



Paglatag ng Kasanayan

Panuto: Iguhit ang katangian ng Boracay at isulat ang mga linyang pinagbatayan mo sa pagguhit nito.



Pagsasalansan

Sa araling ito, naunawaan natin ang tekstong impormatibo na nakabatay sa totoong pangyayari. Nalaman din ang mga elemento nito. Gayundin, natukoy ang mga pang-abay na pamanahon at panlunan sa pangungusap.

ARALIN 6

Tekstong Biswal at Liham Pangkaibigan (Paanyaya)



Sa araling ito, ating aalamin ang pagsulat ng isang liham para sa ating kaibigan o kakilala. Sa araw na ito ay ating matutuklasan ang mga dapat taglayin ng isang liham. Gayunpaman ay atin ding tatalakayin ang mga elemento ng tekstong biswal. Sa pamamagitan nito, mapabubuti ang iyong kakayahan sa pagsulat ng liham at pati na rin ang pag-unawa sa kahalagahan ng *visual elements* sa epektibong komunikasyon.



Layunin

- ◇ Natutukoy at nabibigyang-kahulugan ang mga elementong biswal.
- ◇ Nakasusulat ng teksto batay sa iba't ibang layon ng akademiya at transaksiyonal na teksto.
- ◇ Nagagamit ang angkop na mga nakagawiang di-berbal na hudyat sa pagpapahayag.
- ◇ Nagagamit ang angkop na wika sa pagpapahayag na isinasaalang-alang ang edad, kasarian, paksa, at kultura tuwing may salusalo at pagdiriwang ng kaarawaan.



Paghihibla ng mga Salita

pagtitipon (pag-ti-ti-pon) – salu-salo, pagsasama-sama

abangan (a-ba-ngan) – hintayin, antabayanan

siyempre (si-yem-pre) – natural, walang duda

kalagayan (ka-la-ga-yan) – sitwasyon, katayuan, kondisyon, estado

Panuto: Basahin ang bawat pangungusap. Piliin ang kasingkahulugan ng salitang katabi ng bilang.

1. Pagtitipon: Maraming tao ang dumalo sa _____ sa barangay hall.
 - a. paglalakbay
 - b. salu-salo
 - c. pagtuturo
 - d. paglalaro
2. Abangan: Maganda ang pelikula kaya _____ ko ito sa sinehan.
 - a. iwanan
 - b. tumakbo
 - c. hintayin
 - d. talikuran
3. Siyempre: _____ na magiging masaya ang pista sa aming bayan.
 - a. marahil
 - b. siguro
 - c. natural
 - d. baka
4. Kalagayan: Ang _____ ng pasyente ay unti-unti nang bumubuti.
 - a. pangarap
 - b. kondisyon
 - c. pag-asa
 - d. plano




Paghahabi ng Kaalaman

Ang pagsulat ng liham paanyaya ay isang pormal na paraan ng paghikayat sa isang tao o grupo na dumalo sa isang partikular na kaganapan. Ito ay maaaring para sa isang opisyal na pagtitipon, seremonya, kasal, kaarawan, o anumang espesyal na okasyon.

Liham Pangkaibigan Paanyaya

1. Alam mo ba ang tekstong biswal?
2. Alam mo ba ang mga elemento ng tekstong biswal?





Pagtatagpi ng Talino

A. **Panuto:** Sagutin ang mga katanungan batay sa binasang sanaysay. Isulat ang iyong sagot sa isang buong papel.

1. Ano ang okasyon na binabanggit sa liham?
2. Kailan gaganapin ang kaarawan?
3. Saan idaraos ang kaarawan?
4. Anong oras magsisimula ang salu-salo?
5. Ano ang inaasahan ng sumulat na mangyayari sa kanyang kaarawan?
6. Ano ang paboritong pagkain ng sumulat na naroon sa kanyang kaarawan?
7. Anong uri ng liham ang isinulat?

- B. **Panuto:** Muling isulat ng isang maikling liham paanyaya sa mas masining na paraan. Gumawa rin ng kaakibat na imbitasyon para dito. Gumamit ng angkop na wika sa pagpapahayag na isinasaalang-alang ang edad, kasarian, paksa, at kultura.



Paglililinaw sa mga Kaalaman


ELEMENTO NG TEKSTONG BISWAL

Ang mga elementong biswal ay pangunahing bahagi ng sining at disenyo na tumutulong sa paglikha at pagpapahayag ng kahulugan. Ang bawat isa sa mga elementong ito ay may kritikal na papel sa paglikha ng biswal na sining at disenyo, at ang kanilang paggamit ay nagpapakita ng kakayahan at estilo ng isang tagapagdisenyo.

TEKSTONG BISWAL

Ang mga tekstong biswal ay mga paraan ng komunikasyon na gumagamit ng *visual* na elemento para maghatid ng impormasyon, mensahe, o ideya.

Narito pa ang ilang uri ng tekstong biswal. Ang mga tekstong biswal ay mahalaga sa modernong komunikasyon dahil pinapadali nila ang pagpapahayag at pag-unawa ng impormasyon sa isang mabilis at epektibong paraan. Sa pamamagitan ng biswal na representasyon, nagiging mas kaakit-akit at madaling maintindihan ang mga mensahe.



Pagpapalalim

- A. **Panuto:** Gumuhit ng linya upang pagtambalin ang ang elementong biswal na nasa kanan.



kulay

espasyo

direksyon

linya

hugis

- B. Subukan tukuyin o bigyang-kahulugan ang bawat halimbawa:


URI

TEKSTONG BISWAL

KAHULUGAN

Teksto

Tumutukoy sa mga salita, numero, o iba pang mga karakter na ginagamit para maghatid ng impormasyon o mensahe.



memes

Ito ay mga imaheng, video, o teksto na kadalasang nakakatawa o satirikal at mabilis na kumakalat sa internet.

**logo**

Ang logo ay isang simbolikong representasyon ng isang brand o organisasyon.

**icon**

Mga simpleng imahen o simbolo na ginagamit para kumatawan sa isang bagay, aksyon, ideya, o direksyon.

**barcode**

Matrix ng mga guhit na maaaring i-scan para makuha ang impormasyon tungkol sa isang produkto.

**QR code**

Barcode na naglalaman ng impormasyon na maaaring ma-access gamit ang isang smartphone.





Paglalatapat ng Karunungan

DI-BERBAL NA PAGPAPAHAYAG

Ang di-berbal na komunikasyon ay isang mahalagang aspekto ng pang-araw-araw na pakikipag-ugnayan na kinabibilangan ng iba't ibang uri ng hindi pasalitang paraan ng pagpapahayag.

Narito ang ilang halimbawa ng di-berbal na komunikasyon sa pamamagitan ng kilos at galaw ng katawan:

- **Kumpas (Gestures)**

Ang mga galaw ng kamay at braso na ginagamit upang magbigay-diin o ipahayag ang isang ideya. Halimbawa, ang pagtaas ng kamay para magtanong o ang pagkumpas ng kamay habang nagpapaliwanag.

- **Padyak (Stomping)**

Ang pagpadyak ng paa ay maaaring magpahiwatig ng galit, pagkadismaya, o di-pagsang-ayon. Ito ay isang paraan ng pagpapakita ng matinding emosyon.

- **Tayo (Posture)**

Ang paraan ng pagtayo ay maaaring magbigay ng impormasyon tungkol sa kumpiyansa, kaginhawaan, o pagiging bukas ng isang tao. Halimbawa, ang tuwid na tayo ay nagpapakita ng kumpiyansa, habang ang nakayukong tayo ay maaaring magpahiwatig ng kawalan ng katiyakan.

- **Pagtango ng Ulo**

Ang pagtango ng ulo ay karaniwang nagpapahiwatig ng pag-ayon o pag-unawa, habang ang pag-iling ng ulo ay maaaring magpahiwatig ng hindi pagsang-ayon o pagtutol.

Ang mga kilos at galaw ng katawan ay maaaring mag-iba depende sa kultura at konteksto, kaya mahalaga ang pagiging sensitibo at pag-unawa sa iba't ibang paraan ng kanilang paggamit sa komunikasyon.

Pagsasanay


Panuto: Isulat kung tama o mali ang sumusunod na pahayag.

1. Ang di-berbal na komunikasyon ay sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa kapwa.
2. Ang pagtango ng ulo ay karaniwang nagpapahiwatig ng pag-ayon o pag-unawa.
3. Ang paraan ng pagtayo ay maaaring magbigay ng impormasyon tungkol sa kumpiyansa, kaginhawaan, o pagiging bukas ng isang tao.
4. Ang pagtaas ng kamay para magtanong o ang pagkumpas ng kamay habang nagpapaliwanag ay isang halimbawa ng padyak o stomping.
5. Ang kumpas ay mga galaw ng kamay at braso na ginagamit upang magbigay-diin o ipahayag ang isang ideya.



Paglatag ng Kasanayan

Panuto: Gawaing pangkatan. Bumuo ng maikling skit para sa isang salu-salo. Ipakita ang gamit ng mga berbal na hudyat. Gawin ito sa harap ng klase.



Pagsasalansan

Sa araling ito, natutuhan ang iba't ibang elemento ng tekstong biswal at nakabuo rin ng liham gamit ang mga napag-aralang katangian nito. Natalakay rin ang isang uri ng komunikasyon na di-berbal na mahalaga sa pang-araw-araw na pakikipag-ugnayan.

Gawain sa Pagganap

Pagsulat ng Anekdotang

Pasulatin ang mga mag-aaral ng isang anekdotang na naglalarawan ng isang nakawiwiling pangyayari o karanasan mula sa kanilang lokal o rehiyonal na pamayanan. Ang anekdotang ito ay dapat nagpapakita ng kanilang kahusayan sa wastong gramatika, kaangkupan ng salita/retorika, estilo, at estruktura.

Mga Hakbang:

1. Pumili ng isang nakawiwiling pangyayari o karanasan mula sa inyong lokalidad o rehiyon.
2. Isalaysay ito sa isang maikling anekdotang na hindi hihigit sa 300 salita.
3. Siguraduhing ipakita ang mahusay na paggamit ng wastong gramatika, angkop na salita/retorika, at magandang estilo at estruktura.

Pagsusumite: Isulat ang anekdotang sa isang malinis na papel o i-type at i-print. Dapat itong isumite sa itinakdang petsa.

Rubrik para sa Pagsusuri ng Anekdotang

Mataas (4) Nangangailangan ng Pagpapabuti (2)
 Katamtaman (3) Mahina (1)

Kategorya	(4)	(3)	(2)	(1)
Gramatika	Walang gramatikal na pagkakamali.	May ilang gramatikal na pagkakamali na hindi nakakaapekto sa pagkaunawa.	May maraming gramatikal na pagkakamali na bahagyang nakakaapekto sa pagkaunawa.	Gramatikal na pagkakamali ay malubhang nakakaapekto sa pagkaunawa.
Kaangkupan ng Salita/ Retorika	Angkop na salita at retorika na nagpapayaman sa teksto.	Karamihan sa mga salita ay angkop at may ilang paggamit ng retorika.	Ilang angkop na salita, limitadong paggamit ng retorika.	Maling pagpili ng salita, walang retorika.

Estilo	Malikhaing estilo at kaakit-akit ang pagkakasulat.	May estilo ngunit kulang sa pagkaakit-akit.	Kulang sa estilo, karaniwan ang pagkakasulat.	Walang istilo, mahirap basahin.
Estruktura at Organisasyon	Mahusay na organisado at malinaw ang estruktura.	Organisado ngunit may ilang bahagi na hindi malinaw.	Kulang sa organisasyon at may mga bahaging hindi malinaw.	Walang organisasyon, magulo ang estruktura.
Paglalarawan ng Lokal/Rehiyonal na Karanasan	Malinaw at detalyadong paglalarawan ng lokal o rehiyonal na karanasan.	Sapat na paglalarawan ngunit kulang sa detalye.	Hindi gaanong malinaw o detalyado ang paglalarawan.	Walang paglalarawan ng lokal o rehiyonal na karanasan.

KABANATA 2

Sa kabanatang ito, mapag-aaralan at matutuklasan ang kahalagahan ng paglalahad ng sariling karanasan sa pamamagitan ng pagsulat ng talaarawan at paggawa ng sariling talambuhay. Inaasahang maipamamalas ang pangunahin at kritikal na kakayahan sa literasi at komunikasyon, gamit ang wastong wika at balarila. Layunin na suriin at ibahagi ang kanilang mga personal na karanasan, damdamin, at mga aral na kanilang matututuhan sa buhay.

ARALIN 7

Huwag Magpadaig sa Kaba

Sa araling ito, mababasa ang isang anekdota na hindi lamang magbibigay-aral kundi magbibigay rin ng reaksiyon sa pangyayari. Gayundin, matututuhan din ang paggamit ng kayarian ng pangngalan na inuulit at tambalan.



Layunin

- ◊ Naibibigay ang opinyon at reaksiyon sa ikinilos ng tauhan.
- ◊ Naiuugnay ang kaisipan o pag-uugali ng mga tauhan.
- ◊ Nagagamit ang mga salitang may denotasyon at konotasyong kahulugan sa pagbuo ng pangungusap (pagbuo ng pangungusap)
- ◊ Natutukoy ang kahulugan at kayarian ng pangngalan (inuulit at tambalan).



Paghihibla ng mga Salita

kaba (ka-ba) - hindi mapalagay; nararamdaman sa tuwing unang beses na gagawin ang isang gawain; kulang sa tiwala sa sarili

nanunuya (na-nu-nu-ya) - nang-aasar

nasita (na-si-ta) - pagpansin sa ginagawa ng isang taong hindi nakasusunod sa pamantayan

asignatura (a-sig-na-tu-ra) - subject sa paaralan tulad ng Agham, Sipnayan, Filipino, at iba pa

agaran (a-ga-ran) - mabilisang pagkilos

pagkakabisado (pag-ka-ka-bi-sa-do) - paulit-ulit na pagbasa sa mga salita hanggang mabigkas na ng walang kopya

aralin (a-ra-lin) – mga konsepto o paksang tinalakay o tatalakayin

dali-dali (da-li da-li) – mabilis; agad-agad

Panuto: Gamitin sa pangungusap ang mga salita sa ibaba:

1. kaba

2. nanunuya

3. nasita

4. agaran

5. pagkabisado



Paghahabi ng Kaalaman

Ang anekdota ay isang maikling salaysay na may nakawiwili at nakalilibang na pangyayari at may handog na aral sa huli. Ang isang sikat na anekdota na kilala sa bansa ay ang anekdota ni Dr. Jose Rizal tungkol sa kaniyang tsinelas.

Huwag Magpadaig sa Kaba

1. *Nakainom ka na ba ng kapeng Arabika?*
2. *Anong pangyayari ang nakapagpakaba na sa 'yo nang husto?*





Nanlalamig ang aking mga kamay. Hindi na ako mapakali sa aking gagawin. Maaga akong nagising ngunit dali-dali akong naligo at uminom ng kapeng Arabikang inani namin sa Kalinga. Alas tres ng madaling araw noon. Ang aking kaba ay sinlaki ng super moon na makikita sa langit hanggang sa mga oras na iyon. Mas malamig ang hangin ngayon kaysa kahapon. Pero ang butil ng aking pawis ay sindami ng mga bituin na kumikindat-kindat sa akin na tila nanunuya.

Matapos magbihis ng aking uniporme, aking binabalik-balikan ang mga visual aids na ginawa ko noong isang araw. Dinadalaw ang bawat salita, bawat titik, bawat larawang nakaguhit. *“Solid, liquid, gas...”* paulit ulit kong binabanggit ang aking inihandang script. *“Matter is everything that has weight and occupies space. There are 3 states of matter: solid, liquid, gas.”* Mukha akong sira na inuulit-ulit ang mga salitang iyan habang may bahagyang pagpikit ng mata.

Naalala ko tuloy noong nasa elementarya pa lang ako. Nasita ako ng aking guro noong minsang may pinapakabisado siya sa aking tula. Habang inaalala ko ang mga katagang susunod sa aking mga sinasabi ay nakapikit ang aking mga mata.

“Solid, liquid, gas...” Solid ay ang mga bagay na ating nahahawakan, nakikita, at mayroong tiyak na hugis. Ang baso ay solid, ang upuan ay solid din. Mga aklat, muwebles, at kahit ang katawan ng tao ay solid,” para akong may sira sa ulo, paulit-ulit. “Sa liquid, ito ay nakikita at nahahawakan ngunit mas komplikado. Kinukuha nito ang hugis ng kaniyang lalagyan,” bulong ko sa aking sarili habang paulit-ulit na

Sa anong pagkakataon ka nakararamdam ng ganito?

Bakit kinakabahan ang tauhan sa kuwento? Nakararamdam ka rin ba ng kaba?

May naidudulot bang maganda sa tuwing nagkakabisado tayo? May alam ka bang kaugalian bago magkabisado?

nililipat ang mga index card na naglalaman ng aking mga sasabihin. “Gas, hangin. Hindi nakikita, ngunit nararamdaman.”

Siguro ay may dalawang oras din akong pabulong-bulong sa bahay, sa dyip, at kahit sa pagbaybay sa daan papunta sa aking silid. Ako nga pala si Mariel, bagong guro ng isang maliit at liblib na baryo sa Tabuk, Kalinga. Dito na ako ipinanganak, lumaki, at sa parehong paaralan din ako nagkamulat. Kabado ako dahil ito ang aking unang araw na magtuturo sa klase sa ikaapat na baitang. Manonood ang Punong Guro, Coordinator ng asignatura, ilang mga bago, at lumang guro. Naku, ito na yata ang pinakamahirap na sandali. Medyo sumasakit pa ang aking tiyan dahil naalala ko, kape lamang ang aking inilaman sa aking sikmura. Naghahalo ang malapot na pawis at panlalamig sa aking katawan. Basang-basa ang aking mga palad at paa. Buti na lamang ay naka stockings ako.

Nagkakamali ka rin ba ng silid na pinapasukan?

Sa wakas ay narating ko ang aking silid. Napakatahimik. Walang katao-tao. May isang oras din akong naghintay. “Maaga pa naman,” sabi ko sa aking sarili. Tama nga naman. Ika-walo ng umaga ang umpisa ng mga klase. Dumating ako ng 7:30. Pero tila yata huli na magsipagpasok ang mga mag-aaral. Sumapit ang sampung minuto bago ang takdang oras. Wala pa rin? Hmmm... “May kakaiba yata,” bulong ko sa sarili. Nang aking tingnan ang papel ng aking iskedyul, napagtanto kong mali ang silid na aking napasukan. Mali rin ang pagkakaalam kong petsa ng aking klase. Kaya pala ganoon na lamang ang tingin sa akin ng mga guwardiya nang pumasok ako sa gate. Sa Miyerkules pa pala ang simula ng klase at Lunes pa lang ngayon!

“Hay naku! Mali. Mali!” Dali-dali akong nag-impake ng mga visual aids, at lumabas papuntang gate. Ang laki ng ngiti ng mga guwardiya sa akin. Wala silang tinatanong sa akin ngunit agaran akong nagsabi ng paliwanag. “Eh, kuya, tsinek ko lang kung maayos na ang kuwarto ko. At saka iniwan ko na din ang iba kong visual aids para wala na akong maraming dala sa Miyerkules.”


Laking ngiti ng mga manong sa gate. Dali-dali na rin akong lumabas ng paaralan at sumakay ng dyip pabalik ng bahay namin. Hiyang-hiya ako sa nangyari.

Akin namang nairaos ang unang araw ng aking pagtuturo. Nabigyan ako ng papuri ng punong guro na handang-handa raw ako sa aking aralin. Kung alam lang niya ang nangyari noong Lunes!

Napag-alaman ko rin sa mga guwardiya na hindi lang ako ang nakaranas ng ganoon. May mas malala pa nga raw sa akin. Mayroon pa! Ang pinakamalala nilang nakita ay isang gurong sa sobrang gahol sa oras dahil inabutan ng trapik, hindi na napansin na ang kaniyang suot pang-itaas ay baligtad. Hindi nga nila alam papaano ipaalam sa guro, mabuti at dumating ang isang lady guard at pinuna ito bago pa siya tuluyang makapasok sa gusali.

Ang sarap balikan ng unang araw ng aking pagtuturo. Matatawa ka na maiinis. Ngunit isa lamang ang aking natutuhan: Mind over matter. Huwag magpadaig sa kaba.



Mayroon ka rin bang nakatutuwang karanasan sa pagpasok sa paaralan? Ano ang iyong ginagawa kapag may nakapansin?



Pagtatagpi ng Talino

- A. **Panuto:** Basahin at sagutin ang mga sumusunod na tanong tungkol sa binasang kuwento. Isulat ang iyong sagot sa isang buong papel.
1. Sino ang nagkukuwento?
 2. Saan naganap ang kuwento?
 3. Kailan naganap ang kuwento?
 4. Anong mayroon ng araw na iyon?
 5. Paano ang naging paghahanda ng tauhan sa kuwento?
 - 6-7. Kung ikaw ang nasa kalagayan ng tauhan, paghahandaan mo rin ba ang araw na iyon? Anong paghahanda ang iyong gagawin
 8. Ano ang nakawiwiling nangyari sa tauhan?
 9. May ganito rin bang pangyayari sa iyong buhay? Ibahagi ang nakawiwilingpangyayari.
 10. Ano ang iyong natutuhan sa kuwento?

- B. **Panuto:** Sumulat ng isang talata (3-5 pangungusap) na naglalahad ng iyong opinyon at reaksiyon tungkol sa ikinilos ni Mariel. Isaalang-alang ang kaniyang emosyon, paghahanda, at ang panghuli niyang pagkakamali.



Paglililina sa mga Kaalaman

APAT NA URI NG ANEKDOTA

Mayroong apat na uri ng anekdota:

1. **Nakatatawa**

Uri ng anekdotang naglalaman ng mga nakatatawang pangyayari.

2. **Nakapagpapaalala**

Uri ng anekdotang nagpapaalala ng mga bagay na may patungkol sa nakaraan o sa isang partikular na kaganapan. May mga ginagamit na panandang salita dito upang ipahiwatig ang pagpapaalala sa nakaraan.

3. **Pilosopikal**


Uri ng anekdotang nag-uudyok na lalong pag-usapan o pag-aralan ang paksa. Nagresulta ito sa mas malalim na usapan tungkol sa paksa.

4. **Inspirasyonal**

Uri ng anekdotang ginagamit upang magbigay inspirasyon. Ang mga kaaya-ayang impormasyon dito ay naglalayong palaganapin ang positibong damdamin.

5. Pagbibigay babala

Uri ng anekdotang nagbibigay-babala. Naglalaman ito ng mga bagay na nagpapahiwatig na maaaring magdulot ng panganib o negatibong resulta ang ilang mga bagay sa paksa




Pagpapalalim

Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang tutugon sa mga ibinigay na kahulugan. Isulat ang sagot sa patlang.

Pagbibigay ng baba	Pilosopikal	Nakapagpapaalala	Inspirasyonal	Nakatatawa
--------------------	-------------	------------------	---------------	------------

- _____ 1. Ito ay isinasalaysay upang magbigay ng inspirasyon o iba pang positibong damdamin.
- _____ 2. Ito ay nagdaragdag ng katatawanan sa paksa.
- _____ 3. Ito ay nagpapaalala ng mga bagay na may patungkol sa nakaraan o isang partikular na kaganapan.
- _____ 4. Ito ay nagbibigay-babala tungkol sa mga panganib o negatibong resulta sa paksa.
- _____ 5. Ito ay nagbibigay ng pagpapahayag upang mapag-isipan ng mas malalim ang mga paksa.



Paglalapad ng Karunungan

KAYARIAN NG PANGNGALAN (INUULIT AT TAMBALAN)

Ang pangngalan ay bahagi ng pananalita na tumutukoy sa ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar, o pangyayari. Ito ang pinakapayak at pinakaunang dapat nating nalalaman sa pag-aaral natin ng wika at pagsulat. Ngayon naman ay puntahan natin ang dalawang uri ng pangngalan ayon sa kayarian o kung paano ito isinusulat. Mayroong dalawang kayarian ang pangngalan, ang inuulit o tambalan.

1. Inuulit

Ang pangngalang inuulit ay may nangyayari pag-uulit na maaaring isang bahagi lamang ng salita o isang buong inuulit ang salita. Pinaghihiwalay

ng gitling ang pangngalan na inuulit.

Kapag parsyal ang pag-uulit, may inuulit lamang na pantig o letra.

Halimbawa: pala-palagay, nanay-nanayan, ari-arian

Kapag ganap naman ay inuulit ang buong pangangalan. Pinaghihiwalay din gitling ang inuulit na salita.

Halimbawa: sabi-sabi, gabi-gabi, araw-araw, kuro-kuro

2. Tambalan

Ang pangngalang tambalan naman ay binubuo ng dalawang pangngalan na hindi magka-ugnay at magkaiba ang kahulugan ngunit kapag pinagsasama ay nakabubuo ng bagong kahulugan.

Halimbawa: kapitbahay, dapithapon, abot-kamay, buwang-liwayway

Pagsasanay

Panuto: Punan ang patlang ng angkop na pangngalan upang mabuo ang pangungusap. Piliin mula sa kahon ang kasagutan. Maaaring maulit bilang sagot ang isang salita.

araw	arabika	lalagyan	Mariel	kalinga
tabuk	Miyerkules	paaralan	guwardiya	
aklat	Mababang Paaralan ng Lacnog		lapis	

1. Uminom ako ng kapeng _____
2. Inani naming ito sa lalawigan ng _____
3. Ang halimbawa ng solid ay _____
4. Ang liquid naman ay humuhulma sa hugis ng _____
5. Pinaghandaan ng gurong si _____ ang kaniyang pakitang-turo
6. Bagong guro si Mariel sa baryo ng _____
7. Pumunta siya sa _____
8. Araw ng _____ pala ang simula ng klase.


9. Pumasok si Mariel _____ ng lunes.
10. Ganoon na lamang ang tingin sa kaniya ng mga _____ sa pagpasok niya.



Paglatag ng Kasanayan

Panuto: Maghanap ng kapares. Magbahagi ng isang karanasan mula sa iyong buhay na may pagkakatulad sa naranasan ni Mariel. Paano mo hinandaan at hinarap ang sitwasyon?

Ano ang iyong natutunan mula sa karanasang iyon?
Ibahagi ito sa harap ng klase.



Pagsasalansan

Sa bahaging ito, natutuhan natin na ang pangunahing elemento ng anekdota ay ang parikala, o ang pangyayaring kabaliktaran ng inaasahan. Bagama't maikli, ang anekdota ay nag-iiwan pa rin ng aral, kadalasan ay mula sa isang nakatutuwang pangyayari. Ginagamit din sa anekdota ang iba't ibang kayarian ng pangngalan, na nagpapayaman sa pagpapahayag ng mga ideya at damdamin.

ARALIN 8

Ang Pinakamataas na Bundok sa Pilipinas



Sa araling ito, malalaman natin na may mahahalagang aral ding makukuha mula sa pag-akyat ng bundok. Isa rito ang kahalagahan ng pagpupursige, na magagamit hindi lamang sa pag-akyat kundi pati na rin sa totoong buhay.



Layunin

- ◇ Nasusuri ang layon ng teksto.
- ◇ Natutukoy ang tayutay asonansya at onomatopiya sa pangungusap.
- ◇ Natutukoy ang panghalip pamatlig sa pangungusap.



Paghihibla ng mga Salita

likas (li-kas) - maaaring ibig sabihin ay natural o mga bagay na hindi sinasadyang gawin nag-uumapaw

nag-uumapaw - (nag-u-u-ma-paw) - sobra-sobra para sa lagayan

tuktok (tuk-tok) - ang pinakamataas na bahagi

tanawin (ta-na-win) - kapaligirang kaaya-aya para sa mata

lawá (la-wa) - anyong tubig na pinaliligiran ng lupa

ginhawa (gin-ha-wa) - kawalan ng kapaguran o kahirapan

dalaw (da-law) - ang pagpunta o pagbisita

Panuto: Tingnan ang salitang nakasalungguhit. Tukuyin ang salitang tinutukoy o kasingkahulugan nito sa paghihibla ng mga salita.


1. **Likas** sa mga Pilipino ang pagiging mapagmahal sa pamilya at magiliw sa mga bisita.

2. **Nag-uumapaw** ang saya ng mga bata habang naglalaro sila sa parke.

3. Umabot kami sa **tuktok** ng bundok matapos ang mahabang pag-akyat at doon ay nasilayan namin ang kahanga-hangang tanawin.

4. Ang **tanawin** mula sa balkonahe ng aming bahay sa probinsya ay tunay na nakakarelaks, lalo na tuwing paglubog ng araw.

5. Napakalinaw ng tubig sa **lawá** kaya kitang-kita ang mga isda na lumalangoy malapit sa ibabaw.




Paghahabi ng Kaalaman

Ang tula ay isang uri ng panitikan na naglalayong magpahayag ng damdamin. Ito ay paglalarawan ng buhay, kalikasan, o imahinayon sa pamamagitan ng malayang pagsulat.

Ang Pinakamataas na Bundok ng Pilipinas

1. *Ano ang mga makikita sa isang bundok?*
2. *Bakit mahalaga ang pangangalaga sa kapaligiran?*





Ano ang isa sa mga
likas na yaman sa
Pilipinas ang iyong
natuklasan na?

Napakaganda talaga ng bansang Pilipinas
Tunay na maraming matatagpuan ditong yamang likas
Halimbawa na lamang ay ang Bundok Apo sa Davao
Na ang kagandahan ay talagang nag-uumapaw.
Kay raming mga tao ang dumarayo rito
Upang akyatin at maabot ang tuktok nito
Ngunit hindi lamang 'yan ang habol nila
Marami pang ibang tanawin ang puwedeng makita.

Nais mo bang
makita ang lawa
at talon sa Bundok
Apo?


Ang Bundok Apo ay mayroong apat na lawa
Na sa mga ilang hayop ay nagbibigay-ginhawa
Mayroon ding talon na sadyang napakataas
Patuloy ang daloy at bagsak, walang paglipas

Nakapunta ka na
ba sa isang gubat?

Puno rin ito ng mga masasaganang damo
Na nagiging pagkain para sa mga hayop dito
At ang makapal at malawak niyang kagubatan
Ang siyang nagiging taguan at tahanan

Isa ka rin ba sa
nangangarap na
makaakyat sa
Bundok Apo?

Marami ang nangangarap akyatin ang Bundok Apo
Ngunit hindi lahat kinakaya ang taas nito
Kaya maghanda ka kung gusto mong sumubok balang araw
Dahil siguradong mahihirapan ka sa iyong pagdalaw



Pagtatagpi ng Talino

- A. **Panuto:** Basahin at sagutin ang mga sumusunod na tanong tungkol sa binasang kuwento. Isulat ang iyong sagot sa isang buong papel.
1. Saan matatagpuan ang Bundok Apo?
 2. Ano-ano ang tanawing maaaring makita sa Mt. Apo?
 3. Ilang lawa ang mayroon sa Mt. Apo?
 4. Ano-anong anyong tubig ang makikita sa Bundok Apo?
 5. Ano ang gamit ng damo para sa mga hayop?
 6. Ano ang nagsisilbing taguan at tahanan ng mga hayop?
 7. Ano ang kadalasang ginagawa ng mga nagpupunta sa bundok?
 8. Madali ba o mahirap akyatin ang Bundok Apo? Ipaliwanag.
 9. Sa iyong palagay, anong bahagi ng Bundok Apo ang pinakamagandang puntahan?
 10. Paano dapat pangalagaan ang likas-yaman tulad ng Bundok Apo?
- B. **Panuto:** Batay sa nabasang tula, bumuo ng isang poster na magbibigay katangian sa Bundok Apo. Iguhit ang mga makikita rito ayon sa paglalarawan dito.





Paglilinaw sa mga Kaalaman

ELEMENTO NG TULA

1. **Taludtod** – tinatawag na linya ng tula.
2. **Tugma** – pagkakapareho ng tunog sa dulo ng taludtod.
3. **Sukat** – pagkakapareho ng bilang ng pantig ng dalawa o higit pang taludtod.
4. **Kariktan** – nagtataglay ng mga maririkit na salita upang masiyahan ang mambabasa gayon din mapukaw ang damdamin at kawilihan.
5. **Talinhaga** – ito ay may kinalaman sa tinatagong kahulugan ng tula.

Tumutukoy ito sa paggamit ng matatalinghang salita at tayutay.

Ang **tayutay** ay salita o isang pahayag na ginamit upang bigyang-diin ang isang kaisipan o damdamin. Sinasadya ng pagpapahayag na gumamit ng talinhaga o di-karaniwang salita o paraan ng pagpapahayag upang bigyang diin ang kaniyang saloobin.

Halimbawa ng tayutay:

Asonansya (Assonance) – pag-uulit sa mga tunog-patinig sa alinmang bahagi ng salita.

Halimbawa: salamat at paalam/hirap at pighati

Onomatopiya (Onomatopoeia) – sa pamamagitan ng tunog o himig ng salita ay nagagawang maihatid ang kahulugan nito.

Halimbawa: Maganda ang tono ng musika.

Mayroong apat na uri ang tula. Bawat isa sa mga ito ay may kaniyang bahagi.


1. **Tulang Liriko** – katulad ito ng isang soneto o ng isang oda, na ipinapahayag ang saloobin at damdamin ng makata. Ang kataga ng tulang liriko ay karaniwang tinutukoy bilang mga salita sa isang kanta.

Halimbawa:

Sa Dalampasigan
ni Teodoro A. Agoncillo

○ mumunting alon!
Buhat sa magalas na batong tuntungan,
Namamalas kitang tumatakbo-takbo't sumasayaw-sayaw

Bago ka humalik sa dalampasigan.
 Sa sinasayaw-sayaw, sa tinakbo-takbo ikaw ay kundimang
 Namadmad sa labi ng isang kariktan!
 Sa sinayaw-sayaw at hinalik-halik sa aking paanan,
 Titik kang masigla ng luma ng talindaw.
 O mumunting alon! Buhat sa magalas na aking tapakan,
 Ikaw ay piraso't nagkadurog-durog na sultanang buwan!



2. **Tulang Pasalaysay** – ito’y uri ng tula na may balangkas. Ang tulang ito ay maaaring maikli o mahaba, at ang mga kuwento na may kaugnayan sa simple o komplikadong pangyayari.

Halimbawa:

Ang Pagbabalik
Ni Jose Corazon de Jesus

Babahagya ko nang sa noo’y nahagkan,
 Sa mata ko’y luha ang nangag-unahan;
 Isang panyong puti ang ikinakaway,
 Nang siya’y iwan ko sa tabi ng hagdan:
 Sa gayong kalungkot na paghihiwalay,
 Mamatay ako, siya’y nalulumbay!

3. **Tulang Patnigan** – Kabilang sa uring ito ang karagatan, duplo, at balagtasán.

Halimbawa:




Paruparu at Bubuyog
Ni Jose Corazon de Jesus

Yamang ako’y siyang Haring inihalal
 Binuksan ko na itong Balagtasán
 Lahat ng makata’y inaanyayahang
 Sa gawang pagtula ay makipaglaban



4. **Tulang Pantanghalan** – ang uring ito ay karaniwang ginagamit pangtanghal sa teatro. Ito ay patulang ibinibigkas na kung minsan ay sinasabayan ng ritmo o melodiya ng isang awitin.



Pagpapalalim

- A. **Panuto:** Piliin sa loob ng kahon ang tutugon sa mga ibinigay na kahulugan. Isulat ang sagot sa patlang.

liriko	pasalaysay	patnigan	pantanghalan	nakatatawa
--------	------------	----------	--------------	------------

- _____ 1. Ang mga kanta ay isang uri nito.
- _____ 2. Karaniwan itong ginagamit sa teatro.
- _____ 3. Nasa ilalim nito ang balagtas.
- _____ 4. Ang epiko ay napapailalim sa uring ito.
- _____ 5. Sa lahat ng tula, ito ang pinakamahaba.
- _____ 6. Ito ay maaaring mahaba o maikli at may kuwentong kinauugnayan.
- _____ 7. Ang kaganapan sa tulang ito ay maaaring simple o di kaya ay komplikadong pangyayari.
- _____ 8. Ito ay patulang ibinibigkas na minsa'y kinakanta.
- _____ 9. Minsan ay sinasabayan ng ritmo at melodiya ang pagbigkas nito.
- _____ 10. Ang duplo ay isang uri nito.



Paglalatap ng Karunungan

PANGHALIP PAMATLIG

Ang panghalip na pamatlig ay uri ng panghalip na ginagamit kung may ituturong tao, hayop, bagay, pook, gawa, o pangyayari. Isinasaad ng tatlong panauhan ang layo o distansya ng pangngalang kinakatawan sa taong nagsasalita at sa nakikinig sa anim na uri nito.

Mga Uri ng Panghalip Pamatlig:

1. **Patulad** – ginagamit sa paraang naghahambing (Hal. Ganito, ganyan, ganoon)

Halimbawa: Ganito sila mamuhay sa Davao. Simple lang.

2. **Pahimaton** – nagsasaad ng pook na kinaroroonan. (Hal. Heto, Hayun)
Halimbawa: Hayun ang lalaking nakasama namin sa pag-akyat sa bundok Apo.
3. **Paukol** – nagsasaad ng pook na kinaroroonan ng tinutukoy.
(Hal. dito, doon, roon, rito)
Halimbawa: Dito sa Davao siya ipinanganak.

Pagsasanay

Panuto: Alamin kung anong uri ng panghalip pamatlig ang nakasalungunit. Isulat ang sagot sa patlang.

- _____ 1. Iyon ang bahay namin.
- _____ 2. Doon kami naglalaro.
- _____ 3. Ang gusto ni nanay ay ganitong damit.
- _____ 4. Naroon ang bahay ng aking kaklase.
- _____ 5. Ganito dapat gumawa ng sorbetes.
- _____ 6. Heto ako, basang-basa sa ulan.
- _____ 7. Matagal na siyang nakatira rito.
- _____ 8. Gusto ko rin niyan.
- _____ 9. Hindi niya alam kung sino ang naroon sa nayon.



Paglatag ng Kasanayan

- A. **Panuto:** Isulat ang hinihingi sa bawat bilang.

LAYON NG TEKSTO


1. Paano inilarawan ang kagandahan ng Bundok Apo

2. Paano pinakita ang likas na yaman

3. Pagbigay diin sa paghamon sa pag-akyat

B. **Panuto:** Tukuyin ang tayutay na ginamit sa bawat pangungusap.

1. Sa tuktok ng Apo, maririnig ang ugong ng hangin, na tila nag-aanyaya sa bawat manlalakbay na damhin ang sariwang simoy.
2. Ang malamig na hangin, ay lumilikha ng tahimik na awitin, na bumubulong sa mga dahon at sanga.
3. Sa gabi, ang tiktik ng mga insekto ay maririnig, kasabay ng mahinang ugong ng kagubatan.
4. Ang liwanag ng buwan ay kumikinang sa lawa, na parang pilak na sa malamig na tubig.
5. Ang lagaslas ng talon ay umaalingawngaw, isang natural na musika na nagmumula sa kalikasan.



Pagsasalansan

Sa araling ito, nalaman natin na kahit ang paksa ay pambata, maaari pa rin nating palalimin ito sa pamamagitan ng ibang perspektibo sa karaniwang bagay, pati na rin sa paggamit ng matalinghaga at makulay na wika.

ARALIN 9

Naging Bulkan ang Bundok



Sa araling ito, mababasa ang pagiging mabuti sa kapuwa at kung paano ito dapat suklian. Gayundin, matutuhan din ang pang-uring pamilang na patakaran.



Layunin

- ◇ Natutukoy ang mga bahagi ng teksto (simula, gitna, wakas).
- ◇ Natutukoy ang magkakaugnay na pangyayari.
- ◇ Nababago ang katangian o pag-uugali ng mga tauhan.
- ◇ Nababago ang angkop na diksiyon, kaangkupan ng salita o retorika at estilo sa pagpapahayag ayon sa layon (magsalaysay at maglahad).
- ◇ Nagagamit ang pang-uring panlarawan at pamilang sa pagbuo ng pangungusap.



Paghihibla ng mga Salita

diwata (di-wa-ta) – isang katauhan na katulad ng mga engkanto at nimpa

wika (wi-ka) – sistema ng salitang ginagamit

residente (re-si-den-te) – taong nakatira sa isang tukoy na lugar

nagkait (nag-ka-it) – hindi nagbigay

pahintulot – pagbibibigay ng permiso

hitik (hi-tik) – punong-puno

humayo (hu-ma-yo) – umalis, lumisan, o lumakad

Panuto: Piliin sa mga paghihibla ng mga salita ang salitang tinutukoy.

1. diwata

2. wika

3. residente

4. nagkaiit

5. pahintulot




Paghahabi ng Kaalaman

Ang kuwentong-bayan ay panitikang bahagi na ng kultura ng ating mga ninuno bago pa man dumating ang mga Espanyol. Ito'y mga salaysay hinggil sa mga kathang-isip na mga tauhan na karaniwang kaugnay ng isang pook o rehiyon. Ito'y nagpasalin-salin sa iba't ibang henerasyon sa paraang pasalita. Pangkaraniwan sa mga kuwentong bayan ang mga nilalang na may pambihirang kapangyarihang tulad ng mga diyos, diwata at iba pa.

Naging Bulkan ang Bundok

1. *Saan nga ba nagmumula ang mga bulkan?*
2. *Bakit marami ang takot sa pagputok ng bulkan?*





Noong unang panahon, may isang mataas na bundok sa isla ng Negros na pinangangalagaan ng isang diwata. Kinilala siya ng taumbayan bilang si Laon na ang ibig sabihin sa kanilang wika ay walang asawa. Si Laon ang siyang nagbabantay sa makapal at malawak nitong kagubatan. Maraming mga puno dito kaya marami ring mga hayop ang nakatira doon sa bundok.

Ano ang ibig sabihin ng salitang Laon sa kanilang wika?

Sa mga pagkakataong nangangailangan ang mga tao, maayos namang nagbibigay ng tulong si Laon mula sa mga nakukuhang produkto sa gubat.

“Diwatang Laon, maaari po ba kaming kumuha ng isang malapad na puno sa gubat? Nais lamang po sana naming ayusin ang aming bahay na sinira ng bagyo,” hiling ng isang residente.

“Doon sa katimugan ay may matatagpuan kang puno ng narra. Mataas ito at matibay. Iyon ang kunin mo at tiyak akong makatutulong ito sa iyo,” sagot ni Laon.

Nang minsang nagkaroon ng kakulangan ng pagkain sa bayan ay hindi rin nagkait si Laon.

Anong ugali ang maaaring ilarawan kay Laon?

“Mahal na Diwatang Laon, nais po sana naming humingi ng pahintulot para kumuha ng mga prutas sa iyong gubat. Wala na kasing makain ang aking mag-anak dahil sa tagtuyot,” pakiusap ng isang magsasaka.

Sino ang umaabuso sa kaniyang kabaitan?

Anong pang-aabuso ang ginawa ng mga ito?


Ano ang ipinangalan sa bulkan? Bakit ito ang ipinangalan?

“Humayo ka sa kanluran. Naroon ang mga punong hitik sa bunga. Mabubusog nito ang iyong mag-anak.”

Ngunit kahit sobrang bait na ni Laon, may mga mamamayan pa ring umabuso sa kaniyang kabaitan. May mga taong patagong nagpuputol ng kahoy para ibenta sa mga karatig-bayan. Nang malaman ito ni Laon ay sobra siyang nagalit. Sa sobrang galit niya ay nag-apoy siya at ang kaniyang paligid. Mula noon ay paminsan-minsan nang naglalabas ng nag-aapoy na mga bato ang bundok kaya naging tunay na bulkan na ito.

“Gibuhat kana ni Laon (Ginawa iyan ni Laon),” sabi ng isa sa mga tao.

Dahilan din ito kung bakit sa katagalan ay naging Kanla-on na ang pangalan ng bulkan. Sa tuwing pumuputok ang bulkan, laging pumapasok sa isip ng mga tao na ito ay dahil nagagalit na naman si Laon sa kanilang pag-abuso sa kagubatan.




Pagtatagpi ng Talino

A. **Panuto:** Basahin at sagutin ang mga sumusunod na tanong tungkol sa binasang kuwento. Isulat ang iyong sagot sa isang buong papel.

1. Saang isla nangyari ang kuwento?
2. Ano ang pangalan ng diwata?
3. Ano ang kahulugan ng pangalan ng Diwata sa wika ng mga lokal na residente?
4. Kung ikaw ang miyembro ng kanilang komunidad, ano ang gagawin mo para hindi magalit ang Diwata?
5. Kung ikaw ang Diwata, ano ang magiging reaksiyon mo sa ginawang paglabag sa iyong kagustuhan?

- B. **Panuto:** Gumawa ng sariling wakas para sa nabasang maikling kuwento. Iguhit ito sa loob ng kahon at magbigay ng paglalarawan tungkol dito sa ibaba ng iyong iguhit.



Paglililinaw sa mga Kaalaman

Ang **kuwentong-bayan** ay mga salaysay hinggil sa mga likhang-isip na mga tauhan na kumakatawan sa mga uri ng mamamayan, katulad ng matandang hari, isang marunong na lalaki, o kaya sa isang hangal na babae. Karaniwang kaugnay ang kuwentong bayan ng isang tiyak na pook o rehiyon ng isang bansa o lupain.

Mga uri ng Kuwentong Bayan

1. **Alamat** – Ito ay tungkol sa mga kuwento kung paano nabuo o kung saan ang pinanggalingan ng isang bagay, tao, o hayop.

Halimbawa: Bakit Maraming Mata ang Pinya?

Ang Alamat ng Araw at Gabi

2. **Mito** – Ang mga kuwentong ito ay tungkol sa mga diyos at diyosa at kung ano ang kanilang papel sa mga nilalang.

Halimbawa: Si Malakas at si Maganda

Si Bathala, ang Pinakamakapangyarihang Diyos.

3. **Pabula** – Kuwento ng mga hayop na kapupulutan ng aral. Karaniwang ipinapakitarito ang pag-uugali ng isang tao o ng kanilang katangian.


Halimbawa: Si Kuneho at si Pagong

Sino ang Magtatali ng Kuliling?

4. **Parabula** – Mga kuwentong maaaring totoong nangyari o hindi ngunitkapupulutan ng aral. Maraming parabula ang matatagpuan sa Bibliya.

Halimbawa: Ang Mabuting Samaritano

Pinagaling ni Jesus ang Sampung Ketongin



Pagpapalalim

Panuto: Piliin sa loob ng kahon at isulat sa patlang ang salitang tutugon sa mga ibinigay na kahulugan. Maaaring maulit ang sagot.

Alamat	Mito	Pabula	Parabula
--------	------	--------	----------

- _____ 1. Ito ay tungkol sa pinagmulan ng mga bagay-bagay.
- _____ 2. Ito ay kuwentong tungkol sa mga diyos at diyosa.
- _____ 3. Ito ay kuwento ng mga totoong pangyayari na maaaring kapulutan ng aral.
- _____ 4. Ito ay kuwento kung saan ang mga hayop ang pangunahing tauhan.
- _____ 5. Ang kuwento ni Malakas at Maganda ay halimbawa nito.
- _____ 6. Ang kuwento kung bakit maraming mata ang pinya ay isang halimbawa nito.
- _____ 7. Si Bathala bilang pinakamalakas na diyos ay bahagi ng uring ito.

- _____ 8. Ang kuwento ng takbuhan ni Kuneho at ni Pagong ay napapailalim dito.
- _____ 9. Halimbawa nito ang kuwento ng Mabuting Samaritano.
- _____ 10. Marami sa mga kuwentong ito ay galing sa Bibliya.



Paglalapad ng Karunungan

PANG-URING PANLARAWAN AT PANG-URING PAMILANG

Ang pang-uri ay mga salitang naglalarawan sa pangngalan. Maaari nitong tukuyin ang taas, hugis, kulay, ilan pang pisikal na katangian o panloob na katangian ng tao, hayop, bagay, lugar, o pangyayari. Gaya ng naging aralin sa pangngalan, may kayarian din ang pang-uri.

1. Inuulit

Inuulit ang kayarian ng pang-uri kung may bahaging inuulit (parsyal) sa salita o kaya naman buong salita ang inuulit (ganap) na pinaghihiwalay gamit ang gitling.

sira-sira, kabit-kabit, maitim-itim, manamis-namis

2. Tambalan

Tambalan naman ang pang-uri kung ang binubuo ito ng dalawang salita na hindo magkaugnay ang kahulugan ngunit nakabubuo ng bagong kahulugan kung pinagsasama.

Tamis-anghang, balat-sibuyas, taingang-kawali, abot-kamay

Pang-uring Pamilang – salitang nagsasaad ng bilang ng mga pangngalan. Ito ay nagsasaad ng dami o kakauntian ng mga pangngalan. Isa sa mga uri nito ay ang **Patakaran** ito ay karaniwang paraan ng pagbilang.

1. Dalawang beses humingi ng tulong ang mga mamamayan kay Diwatang Laon, una para sa pagkukumpuni ng bahay na sinira ng bagyo at pangalawa para sa pagkain sa panahon ng tagtuyot.
2. Maraming taon ang lumipas bago naging kilala ang bulkan sa pangalang Kanlaon, bilang pag-alala sa kabutihan at galit ni Diwatang Laon.

Pagsasanay

- A. **Panuto:** Bumuo ng tig-3 pangungusap gamit ang pang-uring panlarawan at pang-uring pamilang.

Inuulit	Tambalan
1.	1.
2.	2.
3.	3.

Patakaran

- 1.
- 2.
- 3.

- B. **Panuto:** Maglahad ng iyong nagustuhang pangyayari mula sa binasang teksto. Ibahagi ito sa klase.
- C. **Panuto:** Ang mga katangian at kilos ng mga tauhan ay makikita sa kanilang mga salita at gawa. Kailangan mong maunawaan ito nang mabuti upang malaman ang kahulugan nito.



Ilahad ang naging pagbabago ni Diwatang Laon, matapos abusuhin ng ibang mamamayan ang kaniyang kabaitan.



Paglatag ng Kasanayan

- A. **Panuto:** Isalaysay ang magkakaugnay na mga pangyayari sa binasang teksto. Punan ang T-Tsart ng iyong sagot.

MAGKAKAUGNAY NA PANGYAYARI

	
--	---

- B. **Panuto:** Sa tulong ng iyong kapares. Tukuyin ang bahagi ng binasang kuwento na nagsasaad ng simula, gitna, at wakas.

SIMULA:



GITNA:


WAKAS:

Pagsasalansan

Nalaman natin sa araling ito na ang ating mga kuwentong bayan ay salamin ng ating kultura at sinaunang paniniwala. Sa kabila ng mga pagsubok ng panahon, kabilang na ang pananakop, nagawa nitong umabot sa ating henerasyon sa pamamagitan ng pasalitang tradisyon, kahit na marami sa mga kuwento ang natabunan at nawala. Bukod dito, nakita rin natin kung paano nagamit ang mga bahagi ng panalita sa pagpapahayag sa mga kuwentong ito.

ARALIN 10

Talaarawan



Sulating Personal ang tawag sa mga sulatin na nasusulat batay sa pakiramdam, alaala, personal na karanasan, at kaalaman ng isang manunulat. Ang mga paksang ito ay mas madaling isulat, mas madaling basahin, at mas kaaya-ayang tanggapin ng kamalayan dahil sa ito rin ay hindi nalalayo sa karanasan ng mga mambabasa.



Layunin

- ◇ Nasusuri ang layon ng teksto.
- ◇ Nagagamit ang angkop na diksiyon (kaangkupan ng salita/retorika at estilo) sa pagpapahayag ayon sa: tono at damdamin.
- ◇ Natutukoy at nakasusulat ng pandiwang naganap, perpektibo, at katatapos.
- ◇ Nakakabuo ng isang talaarawan na naglalahad muli o recount ng mga pangyayari.



Paghihibla ng mga Salita

Impo (Im-po) – hango sa dayalektong Hokkein ng Tsina na nangangahulugang lola

naalimpungatan (na-a-lim-pu-nga-tan) – nasa pagitan ng tulog at gising

danggit (dang-git) – isang uri ng isda na maliit at manipis. Kadalasang ginagawa itong daing

baratilyo (ba-ra-til-yo) – hilera ng nagtitinda ng mga damit, sapatos, at iba pa sa bangketa

pagkukumahog (pag-ku-ku-ma-hog) – pagmamadali

astig (as-tig) – kahanga-hanga, kakaiba

tipikal (ti-pi-kal) – simple, normal

isputing (is-pu-ting) – nakabihis nang maganda, maporma

daklis (dak-lis) – tradisyunal na paraan ng panghuhuli ng isda.
Gumagamit ito ng lambat na may malalaking butas

Panuto: Gamitin sa pangungusap ang mga salita sa ibaba:

1. Impo

2. naalimpungatan

3. danggit

4. baratilyo

5. pagkukumahog



Paghahabi ng Kaalaman

Ang mga sulating personal ay maaaring naglalaman ng saloobin at pananaw ayon sa personal na karanasan ng ibang tao.

Ang Aking Talaarawaan

1. *Saan sa rehiyon ng Gitnang Luzon ang iyong napuntahan na?*
2. *Kung wala pa, saang lugar ang nais mong puntahan?*





Linggo, Ika-21 ng Pebrero, 1988

Mahal kong Talaarawan,

Nagising ako ng ika-5 ng umaga nang aking maamoy ang nilulutong danggit at sinangag ni Inay. Naalimpungatan din kasi ako nang marinig ko ang malakas na pagpapatugtog ni Impo ng kaniyang plaka. Sa tuwing maririnig ko ang paborito niyang tugtog na salsa, hindi ko maiwasang hindi bumangon sapagkat muli niyang ipamamalas ang kaniyang astig na galawan pagdating sa sayawan noong kaniyang kabataan.

Matanda na si Impo, ngunit sa gulang na 75, bakas pa rin sa kaniyang tindig at tigas ang isang mananayaw. Nakaaaliw kasing tingnan ang aking Impo na tahimik na sinasariwa ang kaniyang kabataan tuwing maririnig niya ang nasabing tugtog.

Matapos ang ilang minutong pagmumuni-muni, bumangon na ako at naalalang Linggo ngayon. Lahat ng aking mga pinsan ay naririto sa bahay. Baka maubusan pa ako ng aking paboritong sinangag at danggit na luto ni Nanay.

Sa aking pagbaba, hindi nga ako nagkamali at naroroon na ang aking mga pinsan, nag-aagawan sa aking paborito. Aba, hindi rin ako pahuhuli, siyempre, nakiupo na ako at nakigulo.

Ganito ang tipikal na araw ng Linggo sa lahat ng tahanan dito sa aming barangay sa Iba, Zambales. Para kaming nagta-time travel sa kalumaan. Kompleto at makukulit na mga pinsan, mabagal at

Nakarinig ka na
ba ng musika na
mula sa plaka?
Ano ang iyong
nararamdaman
sa tuwing
nakaririnig nito?

Anong
kaganapan kaya
ang naalala ni
Impo noong
kabataan niya?
Masaya kaya o
malungkot?

Anong klaseng
pamumuhay
mayroon ang
sumulat? Anong
klaseng bata si
Rita?

chill na umaga, at saka mararamdaman mo na lumipas na naman ang isang araw sa kulitan, kuwentuhan, at kantahan naming magpipinsan. Pero siyempre, hindi dapat kalilimutan na ang araw na ito ay nakalaan upang magsimba at magpasalamat sa mga biyayang natanggap sa buong linggo.

Palagi ka rin bang nagsisimba tuwing Linggo? Ano-ano ang iyong ipinagdarasal?

Sumapit na nga ang ika-10 ng umaga at dali-dali na kaming nagsipagbihis. Gumayak sa magagandang bestida ang mga pinsan kong mga babae at sa kanilang mga isputing na polo at pantalon ang aking mga pinsang lalaki. Siyempre, hindi rin ako pahuhuli sa aking bagong baro na binili ni nanay sa baratilyo sa Baclaran noong Miyerkules. Regalo niya sa akin dahil mataas ang aking grado sa pagsusulit.


Kaysarap sa pakiramdam na makita mo ang iyong mga kaklase kasama ang kanilang mga kapatid at pinsang suot ang kanilang mga magagarbong damit.

Dumalo kami sa misa, nakipagsiksikan sa bayan upang tumingin ng mga baratilyo sa tabing-dagat. Di namin alintana ang init ng sikat ng araw at singaw ng dagat sa aming pamamasyal. Oras din ng mga pagdating ng nagsipag-daklis. Tuwang-tuwa si Inang dahil makakapamilya siya nang mabuti sa mga mangingisda galing sa San Marcelino.

Umuwi kami ng mga bandang ala-una matapos naming kumain sa isang sikat na pansitan sa bayan. Sandaling nagpahinga at saka isa-isang nagpaalam ang aking mga pinsan na nakatira sa kabilang barangay. Oras na naman kasi na makapaghanda kami para sa mga pasok namin kinaumagahan.


Nasasabik na akong pumasok bukas para maikuwento ko lahat ng ito sa aking mga kaibigan. Natapos ko na rin naman ang aking mga takdang aralin at proyekto kahapon dahil ayokong magmadali at mapabayaang ang aking pag-aaral. Kaya ngayon ay magpapahinga na ako. Hanggang dito na lang muna, aking kaibigan.

Gumagalang,
Rita



Pagtatagpi ng Talino

- A. **Panuto:** Basahin at sagutin ang mga sumusunod na tanong tungkol sa binasang talaarawaan. Isulat ang iyong sagot sa isang buong papel.
1. Sino ang nagsasalaysay?
 2. Saan naganap ang sanaysay?
 3. Anong mayroon sa kanilang pinuntahan?
 4. Tuwing anong araw sila nagsisimba?
 5. Ano ang naramdaman ng tauhan sa kuwento sa tuwing pumupunta ang kaniyang mga pinsan? Ipaliwanag.
 6. Kung ikaw si Rita, ganoon din ba ang paghahandang iyong gagawin tuwing lingo?
 7. Sa iyong palagay, anong klaseng pamilya mayroon si Rita? Ipaliwanag.
- B. **Panuto:** Balangkasin ang pagkakasunod-sunod ng mga mahahalagang detalye sa talaarawaan sa pamamagitan ng pagbuo sa square sequence chart. Isulat ito sa buong pangungusap.





Paglililina sa mga Kaalaman

Ang Panitikang Pilipino ay nagtataglay ng iba't ibang sulating Personal. Ang mga ito ay sumusunod:

1. Talaarawan

Ang talaarawan ay tumutukoy sa isang uri ng sulatin na araw-araw itinatala ang mga personal na karanasan, saloobin, obserbasyon, at pananaw ng may-akda. Ito ay isinusulat sa anyong pa-liham. Ito ay mayroong petsa, pagbati, at katawan ng isang liham. Ang pagbati sa umpisa ng talaarawan ay di nalalayo sa aktwal na liham na sinisimulan ng **"Dear ____,"** o kaya naman **"Mahal kong"**.

Ang talaarawan ay maaaring bigyan ng ngalan ng isang tao upang itago ang totoong nilalayon sa pagsulat nito. Ang sulating ito ay pansarili lamang. Madalas itong naglalaman ng mga sikreto at pangarap ng may-akda. Ang pamosong manunulat na si Anne Frank ay tinatawag na "Kitty" ang kaniyang talaarawan.

Halimbawa:

Pebrero 14, 1908

Mahal Kong Kaibigan,

Isang araw na naman ang lumipas at narito ako ngayon, sa aking mesa, pilit na tinatapos ang aking aklat. Malapit na kasi ang pasahan sa limbagan. Ninanais ko sana itong mailimbag bago sumapit ang aking ika-26 na kaarawan sa susunod na buwan. Ito na lamang ang magsisilbing regalo sa aking sarili lalo na't wala naman masyadong dapat ipagdiwang dahil sa sakit ni ina. Nais ko rin itong mailimbag sa nasabing panahon upang makaabot mabasa ni ina ang lahat ng aking naisulat. Simula kasi nang namayapa si amang, na nagkataon ding isang manunulat, naging pangarap na namin ni inang na maipagpatuloy ang mga pangarap ni amang sa amin. Nawa ay maisakatuparan ito sa ikaluluwag na rin ng aking kalooban. Nawa ay gabayan ako ng nasa itaas at sana ay magawa ko ito nang maayos. Hinihingi ko rin ang iyong suporta. Salamat sa pakikinig. Ako ay babalik na sa aking sulatin!

Nagmamahal,

Reynan


2. **Journal**

Ang *journal* ay isang uri ng diskursong personal na naglalayong magbigay ng gabay o paalala sa mga bagay na naganap, nagaganap, at magaganap pa lamang. Ang *journal* ay maaring maisagawa sa pamamagitan ng mga sumusunod:

- Pagtatala ng mga iniisip at saloobin sa isang notebook.
- Maaaring lagyan ng petsa.
- Maaaring may mga guhit o ilustrasyon.
- Maaaring lagyan ng mga bagay na maipagkakasya sa journal.
- Maaaring sulatan araw-araw o kung kailan gusto

3. **Awtobiograpiya**

Isang uri ng diskursong personal na naglalahad ng impormasyong tungkol sa sarili at hindi sa yumao na.



Pagpapalalim

Panuto: Piliin ang salitang tutugon sa mga ibinigay na kahulugan. Isulat ang titik sa patlang.

HANAY A

- _____ 1. Naglalahad ng impormasyong tungkol sa sarili at hindi sa yumao na.
- _____ 2. Naglalayong magbigay ng gabay o paalala sa mga bagay na naganap, nagaganap, at magaganap pa lamang.
- _____ 3. Tumutukoy sa isang uri ng sulating araw-araw na itinatala rito ang mga personal na karanasan, saloobin, obserbasyon, at pananaw ng may-akda.
- _____ 4. Tawag sa mga sulatin na nasusulat batay sa pakiramdam, alaala, personal na karanasan, at kaalaman ng isang manunulat.

HANAY B

- a. Awobiograpiya
- b. Journal
- c. Talaarawan
- d. Sulating Personal



Paglalatap ng Karunungan

ASPEKTO NG PANDIWA

Tinutukoy ng mga aspekto ng pandiwa ang panahon o panahon kung kailan ang aksyon o kilos na isinaad sa pangungusap ay nangyari, kasalukuyang nangyayari o mangyayari pa lamang. Mayroong tatlong pangunahing aspekto ng pandiwa.

- **Aspektong Pangnagdaan** – nagsasaad ito ng kilos na nangyari na o natapos na.

naglaba kumain nakabalik sumayaw natulog

Halimbawa:

1. Si Joana ay **naglaba** na kahapon.
2. **Nakabalik** na pala noong Lunes si Rika?
3. Naku, hindi mo na inabutang **sumayaw** si Lisa.

- **Aspektong Pangkasalukuyan** – nagsasaad ito ng kilos na nagyayari sa oras na ito ay sinasabi o ginagawa pa lamang ngayon.

naglalaba kumakain bumabalik sumasayaw natutulog

Halimbawa:

1. Bilisan mo at **kumakain** na sila ngayon.
2. Huwag kang maingay at **natutulog** si tatay sa itaas.
3. Ngayon pa lang **bumabalik** ang mga maganda mong ginawa

- **Aspektong Panghinaharap** – nagsasaad naman ito ng kilos na mangyayari pa lamang sa hinaharap.

maglalaba kakain babalik sasayaw matutulog

Halimbawa:


1. Hindi pala ako makakasama kasi **maglalaba** ako bukas.
2. Pumunta ka sa fiesta kasi **sasayaw** kami doon mamaya.
3. Mauna na akong umuwi ha, maaga pa kasi akong **matutulog**.

Pagsasanay

A. **Panuto:** Punan ang kahon sa ibaba ng tamang aspekto ng pandiwa.

PANGNAGDAAN	PANGKASALUKUYAN	PANGHINAHARAP
	nagdarasal	
natulog		
		mag-aaral
naglinis		
kumain		
nagbalak		


B. **Panuto:** Pumili ng isa mula sa iba't ibang sulating personal na tinalakay sa Paglalapat sa Kaalaman. Gamit ang napili, sumulat ng tungkol sa iyong pamayanan. Ibahagi ito sa klase na may masayang tono at damdamin.




Paglatag ng Kasanayan

A. **Panuto:** Isulat ang mga pangyayari sa isang partikular na araw o sa isang mahalagang kaganapan sa iyong buhay.

- B. **Panuto:** Gawaing Pangkatan. Suriin ang layon ng binasang teksto. Maglahad ng mga pangunahing layunin ng may-akda.



PANGUNAHING LAYUNIN NG MAY-AKDA



Pagsasalansan

Sa araling ito, tinalakay ang iba't ibang uri ng sulating personal kabilang ang talaarawan, journal, at awtobiograpiya. Napag-alaman na ang pag-aaral kung paano sumulat ng talaarawan ay may mahalagang papel sa iba't ibang aspekto ng pagkatuto at sa personal na pag-unlad, lalo na sa larangan ng edukasyon. Bukod dito, ang regular na pagsusulat sa talaarawan ay nakatutulong din sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsulat at sa paglinang ng pagkamalikhain.

ARALIN 11

Ang Talambuhay ng Pambansang Kamao



Ang pagsulat ng talambuhay at ang pagsusuri sa diksiyon nito ay may mahalagang papel sa pag-unawa at pagpapahalaga sa buhay at karanasan ng isang indibidwal.



Layunin

- ◇ Natutukoy ang mahahalagang impormasyon ng teksto.
- ◇ Nagagamit ang angkop na diksiyon (kaangkupan ng salita/retorika at estilo) sa pagpapahayag ayon sa: kahulugan.
- ◇ Natutukoy ang mga pang-abay na ginamit sa pangungusap.
- ◇ Nakakabuo ng talambuhay ng sarili na naglalahad muli o recount ng mga pangyayari.



Paghihibla ng mga Salita

kamao (ka-ma-o) – tawag sa kamay na nakatikom papaloob ang mga daliri

elementarya (e-le-men-tar-ya) – mababang antas ng pag-aaral sa Pilipinas para sa mga batang edad 12 pababa

namulat (na-mu-lat) – nabuksan ang isipan tungkol sa isang paksa o ideya

pagtataguyod (pag-ta-ta-gu-yod) – pag-aasikaso sa isang problema

boksing (bok-sing) – isang uri ng larong pampalakasan na gumagamit ng guwantes ang mga maglalaro para magkatamaan sa katawan

bigatin (bi-ga-tin) – maaaring tungkol sa mataas na bigat o isang bagay na hindi basta-basta

larangan (la-ra-ngan) – isang sangay o tiyak na kagalingan

Panuto: Piliin mula sa bokabularyo kung anong salita ang maaaring tinutukoy sa mga pangungusap. Isulat ang sagot sa patlang.

- _____ 1. Ginamit ko ito upang lagyan ng pasa ang kaniyang braso.
- _____ 2. Karaniwang nasa ganitong antas ng pag-aaral ang mga batang may edad 12 pababa.
- _____ 3. Ito ang larong pampalakasan kung saan nakilala si Manny Pacquiao.
- _____ 4. Prominenteng tao si Manny Pacquiao sa larangan ng larong pampalakasan.
- _____ 5. Hindi iniwan ni Manny Pacquiao ang kaniyang pamilya kahit sobrang naghirap sila.



Paghahabi ng Kaalaman

Ang **boksing** ang isa sa pinakakilalang larong pampalakasan sa Pilipinas. Isa sa dahilan nito ang naging kuwento ng buhay ni Manny Pacquiao. Sa araling ito malalaman ang kuwento ng kaniyang kabataan hanggang sa kaniyang tagumpay sa boksing.

Ang Talambuhay ng Pambansang Kamao

1. *Ano kaya ang pinagdaanan ni Manny Pacquiao bago marating ang tagumpay?*
2. *Paano ba nabuhay noong bata pa ang pambansang kamao?*





Noong ika-12 ng Disyembre 1978 ipinanganak sa lalawigan ng Bukidnon si Emmanuel Pacquiao, mas kilala bilang si Manny Pacquiao o ang Pambansang Kamao. Bata lang siya nang magdesisyon ang kanilang pamilya na lumipat sa bayan ng General Santos. Doon ay pumasok siya sa Mababang Paaralan ng Saavedra Saway kung saan siya nagtapos ng elementarya. Ngunit ang taon ng kaniyang pagtatapos ay taon din kung kailan naghiwalay ang kaniyang mga magulang.

Dahil sa nangyari sa kaniyang pamilya, maagang namulat si Manny sa kahirapan. Hindi naging sapat ang kinikita ng kaniyang ina para sa kanilang anim na magkakapatid kaya napilitan siyang huminto sa pag-aaral. Tulad ng karamihan sa mga Pilipino, ginawa ni Manny ang lahat para matulungan ang kaniyang ina sa pagtataguyod sa kanilang magkakapatid. Sinubukan ni Manny na kumita ng pera sa kahit papaanong paraan para makatulong sa kaniyang ina. Kalaunan, doon niya na natagpuan ang mundo ng boksing.

Wala pa sa legal na edad si Manny nang magsimula siyang magsanay sa boksing. At kahit sobra-sobra ang pagtutol ng kaniyang ina ay hindi siya nagpapigil sa kagustuhang maging isang propesyunal na boksingero. Labing anim na taon lang noon si Manny nang sumabak sa isang propseyunal na laban sa boksing. Ang maliit na kita niya noon sa pagboboksing ay ibinibigay niya sa kaniyang ina para makatulong sa kanilang magkakapatid. Wala nang nagawa ang kaniyang ina sa kaniyang desisyon. Ang tanging nagawa na lamang ng kaniyang ina ay ang manalangin sa kanilang tahanan sa bawat laban ni Manny.

Isang malaking pagkakataon ang ibinigay kay Manny nang siya'y biglang ipinalit na panlaban sa bigatin at kampeong si Lehlo Ledwaba ng

Kailan ipinanganak si Emmanuel Pacquiao?

Sa anong pangalan kilala si Emmanuel Pacquiao?


Paano natagpuan ni Manny ang mundo ng boksing?

Bakit tinutulan si Manny ng kaniyang ina?

Sino ang bigatin at kampeong nakalaban ni Manny?

South Africa. Karamihan ng mga eksperto ay inasahang tatalunin ng kalaban si Manny ngunit laking gulat ng lahat nang magwagi siya laban kay Lehlo. Dito na nagsimula ang tuloy-tuloy na pag-angat ni Manny sa larangan ng boksing at unti-unti ring pagbuti ng estado ng buhay ng kanilang pamilya.

Milyon-milyon na ang kinita ni Manny sa pagboboksing at kasalukuyan ay kinikilala siya bilang isa sa pinakamagaling na boksingero sa kasaysayan ng isport na ito. Naiangat niya mula sa kahirapan ang kaniyang ina at kaniyang mga kapatid. Hindi niya rin kinalimutang tumulong sa kaniyang kapwa gamit ang bahagi ng kaniyang kinikita sa pagboboksing. Isang huwaran si Manny na karapat-dapat maging modelo para sa kabataan.




Pagtatagpi ng Talino

A. **Panuto:** Basahin at sagutin ang mga sumusunod na tanong tungkol sa binasang talambuhay. Isulat ang iyong sagot sa isang buong papel.

1. Sino ang pangunahing tauhan sa talambuhay?
2. Saan nakatira ang pangunahing tauhan?
3. Saan nag-aral ang pangunahing tauhan noong siya ay nasa elementarya?
4. Bakit siya napilitang magtrabaho sa murang edad?
5. Anong isport ang nakahiligan niya?
6. Sino ang tumutol sa pagboboksing ng pangunahing tauhan?
7. Saang bansa nagmula ang unang sikat na nakalaban ng pambansang kamao?
8. Sa iyong palagay, ano ang naramdaman ng pambansang kamao nang maghiwalay ang kaniyang mga magulang? Ipaliwanag.
9. Tama ba ang naging desisyon niyang ipagpatuloy ang pagboboksing? Ipaliwanag.
10. Kung may babaguhin ka sa buhay ni Manny, ano ito at bakit?

- B. **Panuto:** Itala ang mahahalagang pangyayari sa teksto. Isulat ito sa loob ng glove.




Paglililinaw sa mga Kaalaman

Ang talambuhay ay isang anyo ng panitikan na nagsasaad ng kasaysayan ng buhay ng isang tao hango sa mga tunay na tala, pangyayari, o impormasyon. Ito ay naglalahad ng buhay ng isang tao mula pagsilang hanggang sa kaniyang pagkamatay. Maaari ring bigyang-diin ang prinsipyo o paninindigan ng isang tao sa talambuhay imbes na ang mga importanteng pangyayari.

Mga Uri ng Talambuhay Ayon sa May-akda:


1. **Talambuhay na Pang-ibang tao** – isang paglalahad ng mga kaganapan sa buhay ng isang tao na isinulat ng ibang tao.
2. **Talambuhay na Pansarili** – isang paglalahad tungkol sa buhay ng isang tao na siya mismo ang may-akda



Pagpapalalim

Panuto: Tukuyin kung anong uri ng talambuhay ang inilalarawan sa pangungusap. Isulat sa patlang ang Pang-iba kung ito ay Talambuhay na Pang-iba habang Pansarili naman kung Talambuhay na Pansarili.

- _____ 1. Nagsulat si Andres Bonifacio ng tungkol sa kaniyang pinagdaanan noong kabataan.
- _____ 2. Isinulat ng isang may-akda ang talambuhay ni Andres Bonifacio.
- _____ 3. Nanggaling sa mga liham ni Nanay Dionisia ang mga isinulat na talambuhay ni Manny.
- _____ 4. Kinapanayam si Freddie Roach tungkol sa kuwento ng buhay ni Manny.
- _____ 5. Nagkuwento si Jinky tungkol sa buhay may asawa nila ni Manny.
- _____ 6. Ibinatay sa mga panayam sa midya ang isinulat na buhay ng pambansang kamao.
- _____ 7. Kasama ang mga panayam kay Bobby Pacquiao sa isinulat na talambuhay ni Manny.
- _____ 8. Ang pelikulang ginawa tungkol sa pambansang kamao ay galing sa isinulat din niyang talambuhay.
- _____ 9. Nagsulat si Manny ng kaniyang talambuhay at inilimbag ito sa isang pahayagan.
- _____ 10. Isinulat ng isang mamamahayag ang talambuhay ni Manny na inilimbag sa pahayagan kaninang umaga.



Paglalapad ng Karunungan

Ang **pang-abay** ay bahagi ng pananalita na tumutukoy, naglalarawan, o nagdadagdag ng impormasyon tungkol sa pang-uri, pandiwa o kapwa nito pang-abay. Dahil dito, mas nalalagyan ng detalye ang pangungusap at nagiging mas malinaw ang ibig sabihin nito.

Madalas itong naihalintulad sa pang-uri na naglalarawan naman sa pangngalan kaya dapat dapat lang na alam natin kung anong bahagi ng

pananalita ang tinutukoy ng mga salitang naglalarawan. Mas nagdadagdag ng kulay ang pang-abay sa mga pandiwa dahil inilalarawan nito kung paano ginawa ang isang kilos.

Mabilis kumain si Jonathan. Paano kumain si Jonathan? Mabilis.
Inilalarawan dito ng pang-abay na mabilis ang pandiwang kumain.

Masayang inawit ni Lyka ang kanyang piyesa. Paano inawit ni Lyka ang piyesa? Masaya niyang inawit. Muli ay inilalarawan ng pang-abay na masaya ang pandiwang inawit.

Ang **Pang-abay na Pamaraan** ay naglalarawan kung paano naganap, nagaganap o magaganap ang kilos sa ipinapahayag ng pandiwa.

1. **Maagang** namulat si Manny Pacquiao sa kahirapan, kung saan **masigasig** siyang tumulong sa kanyang ina para sa kanilang magkakapatid.
2. **Matapang** na hinarap ni Manny ang hamon ng buhay, walang **pag-aalinlangan** na sinimulan ang kanyang karera sa boksing.

Pagsasanay

Panuto: Tukuyin ang ginamit na pang-abay na pamaraan sa bawat bilang.

1. Mahusay at matiyaga siyang nagsanay sa boksing, na nagbunga ng kahanga-hangang tagumpay sa kanyang propesyunal na laban.
2. Dalisay ang kanyang hangarin na maiangat ang kaniyang pamilya mula sa kahirapan, kaya masikap niyang inilaan ang kanyang oras at lakas sa boksing.
3. Matagumpay niyang naipanalo ang laban laban kay Lehlo Ledwaba, lubos na ikinagulat at ikinabilib ng marami.
4. Marangal at mapagkumbaba si Manny sa kabila ng kanyang tagumpay, tapat sa pagtulong sa kanyang kapuwa at tunay na nagsisilbing inspirasyon sa marami.
5. Buong puso at walang pag-aatubili na ibinahagi ni Manny Pacquiao ang kanyang mga karanasan sa buhay.



Paglatag ng Kasanayan

Pagsusuri sa Diksiyon


Panuto: Gawaing Pangkatan. Basahin at unawain. Mula sa makapal na salita. Isulat ang mga salitang ginamit na tumutukoy sa paglalakbay at karakter ng pangunahing tauhan. Ilista rin ang mga ginamit na salita na nagpapakita ng pag-unlad ng karakter at kanyang mga karanasan.

Sa malayong bayan ng Palawan, ipinanganak si Rosa, ang bunso sa anim na magkakapatid. Sa kaniyang kabataan, **saksi siya sa pagpupunyagi** ng kaniyang mga magulang sa kabukiran, na **nagsilbing inspirasyon** sa kaniyang mga pangarap. **Buong sigasig** siyang nag-aral, **hinahangad ang mas magandang kinabukasan** para sa kaniyang pamilya. Sa kabila ng mga pagsubok, tulad ng kahirapan at kawalan ng sapat na mapagkukunan, **hindi siya nagpatinag at patuloy na nagsikap** sa kanyang pag-aaral.



Pagkatapos niyang magtapos ng kolehiyo **bilang valedictorian**, agad siyang naging guro sa kanilang lokal na paaralan. **Buong puso niyang ibinahagi ang kaalaman** sa mga kabataan, **laging naniniwala sa potensyal ng bawat isa**. Sa kaniyang pagtuturo, **hinikayat niya ang kaniyang mga estudyante na mangarap nang malaki at hindi sumuko sa anumang hamon**.

Ngayon, kilala si Rosa bilang isa sa mga **pinakamahusay na guro** sa kanilang probinsya, hindi lamang dahil sa kaniyang kaalaman kundi dahil rin sa kaniyang **walang sawang dedikasyon** sa pagtuturo. **Patuloy siyang nagsisilbing inspirasyon** sa marami, isang **tunay na halimbawa ng tagumpay na nagsimula sa mababang hagdan** ng buhay.




Pagsasalansan

Ang talambuhay ay isang naratibo na tumatalakay sa buhay ng isang personalidad o kilalang tao. Bagaman hindi kinakailangang maging lubhang detalyado, mahalaga pa ring isama ang mga pangunahing yugto at pangyayari sa buhay ng nasabing indibidwal. Mahalagang tandaan na ang pagsulat ng talambuhay ay bukas para sa lahat, dahil magkakaiba ang ating mga karanasan at pananaw na maaaring mag-ambag sa pag-unawa sa buhay ng isang tao. Bilang karagdagan, sa pag-aaral ng pagsulat ng talambuhay, natutuhan din natin ang tungkol sa gamit ng pang-abay na pamaraan sa pagbibigay-linaw at detalye sa mga pangyayari.

ARALIN 12

Tekstong Biswal at Liham Pangkaibigan (Pagbati)



Sa araling ito, tatalakayin ang mga katangian at paraan ng pagsulat ng isang liham. Kasama rin sa pag-aaral ang paglalarawan at pag-unawa sa iba't ibang uri ng tekstong biswal, tulad ng mga babala, anunsiyo, at patalastas. Bukod dito, pag-aaralan din ang mahahalagang bahagi ng isang aklat, kabilang ang talaan ng nilalaman at katawan ng aklat, na itinuturing bilang mga pangunahing sanggunian. Sa pamamagitan nito, magkakaroon ng mas malalim na pag-unawa sa iba't ibang anyo ng teksto at kanilang gamit.



Layunin

- ◇ Nakabubuo ng teksto batay sa iba't ibang layong akademik at transaksiyonal na teksto.(liham pangkaibigan – pagbati)
- ◇ Nailalarawan ang ipinahihiwatig na kahulugan ng mga elementong biswal.
- ◇ Napaghahambing ang kahulugan ng mga tekstong biswal na makikita sa mga babala, anunsiyo, at patalastas.
- ◇ Nauunawaan at nagagamit ang talaan ng nilalaman at katawan ng aklat bilang pangkalahatang sanggunian.



Paghihibla ng mga Salita

teritoryo (te-ri-tor-yo) – tumutukoy sa sakop na lugar

dako (da-ko) – isang banda o parte

burol (bu-rol) – anyong lupa na mas mababa kaysa sa bundok

haka-haka (ha-ka-ha-ka) – mga sabi-sabi o tsismis


kababalaghan (ka-ba-ba-lag-han) – mga bagay o pangyayari na hindi maipaliwanag

luntian (lun-ti-an) – isa pang katawagan sa kulay na berde

tsokolate (tso-ko-la-te) – isang uri ng pagkaing matamis. Maaari ring gamitin bilang kulay na kahalintulad ng putik

Panuto: Punan ang patlang ng mga angkop na salita. Gamitin ang mga salita sa bokabularyo.

1. Naging kulay _____ na ang damit niya dahil sa putik na dala ng tag-ulan.
2. Kilala ang _____ na matatagpuan sa Bohol.
3. Ni minsan ay hindi talaga nakatutulong sa komunidad ang mga gawa-gawang kuwento at _____
4. Ang mga kanayunan sa Pilipinas ay maraming _____ tulad na lang ng hiwaga ng mga aswang at lamanlupa.
5. Ang ating _____ ay dating sinakop ng mga kolonyalista




Paghahabi ng Kaalaman

Alagaan natin ang ating kapaligiran dahil ito ay repleksyon ng ating nakaraan at ang susi sa maunlad at magandang kinabukasan

Kapaligiran natin, Pangalagaan

1. Mahirap bang malayo sa kaibigan?
2. Paano mamuhay sa lugar na ikaw ay bagong lipat?



17 Colon St. Cebu City
Ika-12 ng Hunyo 2019

Mahal kong Angela,

Kumusta ka na riyan sa Maynila, kaibigan? Matagal-tagal na rin mula nang ako ay lumipat dito dahil sa trabaho ni Papa. Ngunit kahit nasa malayong lugar na ako, mananatili pa rin tayong magkaibigan. Namimiss ko na nga 'yung paglalaro natin sa kalsada pati 'yung madalas na pagkain natin ng sorbetes doon sa bahay ninyo. Alam mo ba ang saya palang gumala dito.

Napuntahan ko na halos lahat ng sulok ng isla. Kahit naman ako mapadpad dito, natutuwa ako kasi sobrang nakakabilib ang kagandahan ng kapaligiran. Alam mo ba, kuwento ng isa sa mga Apo nila dito na noong 1521 dumating sa isla ng Cebu ang mga barko ng mga Espanyol sa pamumuno ni Magellan. Dito nakilala si Lapu-Lapu bilang kauna-unahang Pilipinong ipinaglaban ang ating teritoryo laban sa mga dayuhang mananakop. Mapalad ang mga tao at mayroong nagtanggol sa lugar na ito. Mapalad dahil may mga taong nakipaglaban upang mapangalagaan at mapreserba ang ating mga likas na yaman sa dakong ito ng Pilipinas. Ngunit hindi lamang isla ng Cebu ang kaabang-abang sa lugar na ito.

Napuntahan ko rin sa hilagang-kanluran ang isla ng Bantayan. Dahil sa malawak, puti, at pinong dalampasigan nito, taon-taon itong pinupuntahan ng mga turistang lokal at dayuhan. Tulad ng Cebu, dati rin itong inatake ng mga Moro galing sa Mindanao at nagsilbi siyang bantay ng rehiyon, kaya nga "Bantayan" ang naging pangalan nito. Sa kanluran naman ng Cebu makikita ang Negros. Dito naman nakikita ang makapal na kagubatan at naglipanang mga maliliit nabundok at burol. Ito ang pinakamalaking islang malapit sa Cebu.

Sa timog naman ng Cebu matatagpuan ang islang Siquijor. Kilala naman ang lugar na ito dahil sa mga haka-haka tungkol sa mga kakaibang kababalaghan. Gayunpaman, isang dahilan 'yan kung bakit patuloy itong dinarayo ng mga turista. Bandang timog-silangan naman ng Cebu makikita ang Bohol. Ito ang pinakapaborito ko sa mga napuntahan ko na rito. Naging tanyag ito dahil sa daming mga ilang

Kailan dumating sa isla ng Cebu ang mga barko ng Espanyol?


Sino si Lapu-Lapu?

Saan makikita ang isla ng Bantayan?

na hayop na patuloy na namumuhay nang maayos sa mga kagubatan nito. Halimbawa na lamang dito ang Tarsier na tila naging tatak na rin ng Bohol. Kilala rin dito iyong Chocolate Hills na minsan ay luntian ang kulay at minsan din ay kulay tsokolate.

Sabi nga ni Apo, tulad ng ginawa noon ni Lapu-Lapu kasama ang kaniyang mga katribo, dapat din daw nating ipaglaban ang ating kapaligiran. Kung noon ay laban kontra sa mga dayuhan, ngayon naman ay laban kontra sa pagkasira dahil sa maling gawain ng mga tao. Maraming magagandang tanawin dito na dapat pahalagahan at alagaan. Sana balang-araw makapasyal ka rin dito. Siguro hanggang dito na lang muna ang sulat ko para sa 'yo. Susulat ulit ako sa susunod lalo kapag malapit na 'yung panahon ng pagbabakasyon namin diyan. Sulatan mo na lang ako kung anong pasalubong ang gusto mo mula rito para masabi ko kaagad kay Mama. Sana'y nasa mabuti kayong kalagayan d'yan.

Nagmamahal,
Paula



Pagtatagpi ng Talino

- A. **Panuto:** Sagutin ang mga katanungan tungkol sa binasang liham. Isulat ang iyong sagot sa isang buong papel.
1. Sino ang lumaban sa mga Espanyol noong sinaunang panahon?
 2. Saan nangyari ang laban ng kauna-unahang Pilipinong lumaban sa mga Espanyol?
 3. Anong isla ang nasa hilagang kanluran ng Cebu?
 4. Anong isla ang nasa kanluran ng Cebu?
 5. Ano ang matatagpuan sa isla ng Negros?
 6. Sa iyong palagay, ano ang kahalagahan ng paglaban ni Lapu-Lapu sa mga Espanyol?
 7. Bakit dapat pangalagaan ang ating kapaligiran?

- B. **Panuto:** Ipagpalagay na nais mong ikampanya ang lalawigan ng Cebu at Bohol. Base sa nabasang sanaysay, gumawa ng *travel brochure* tungkol sa Cebu at Bohol.

Nilalaman ng Travel Brochure:



Paglililinaw sa mga Kaalaman

BABALA, ANUNSIYO, AT PATALASTAS

Babala (*Warning*)

- Kahulugan at Layunin: Ang mga babala ay naglalayong magbigay ng impormasyon tungkol sa potensyal na panganib o mag-abiso sa mga tao upang umiwas sa posibleng kapahamakan. Ang layunin ay pangunahing pangkaligtasan

Halimbawa: Mga karatula na may "Bawal Tumawid, May Namatay na Dito,".



Anunsiyo (*Announcement*)

- Kahulugan at Layunin: Ang mga anunsiyo ay karaniwang nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga kaganapan, pagbabago, o mahahalagang paalala. Layunin nilang ipaalam sa publiko ang mga ispesipikong detalye o balita.

Halimbawa: Paalala tungkol sa isang paparating na *community event* o mga pagbabago sa oras ng trabaho ng isang tanggapan.



www.gmanetwork.com

Patalastas (*Advertisement*)

- Kahulugan at Layunin: Ang mga patalastas ay ginagamit para i-promote ang isang produkto, serbisyo, o brand. Ang layunin ay hikayatin ang mga tao na bumili o tangkilikin ang isang produkto o serbisyo.

Halimbawa: Mga *billboard* o *print ad* na nagtatampok ng mga produkto tulad ng sapatos, pagkain, o serbisyo.



youtube.com/NescafePH

Ang **aklat** ay isang mahalagang sanggunian ng impormasyon at kaalaman. Upang mas maunawaan ito, mahalagang malaman ang iba't ibang bahagi nito, partikular na ang talaan ng nilalaman at katawan ng aklat.

Narito ang pagpapaliwanag sa kahalagahan at gamit ng mga bahaging ito:

Talaan ng Nilalaman (*Table of Contents*)

Ano Ito: Ang talaan ng nilalaman ay isang listahan ng mga pamagat ng kabanata, seksyon, o mahahalagang bahagi ng aklat. Kasama dito ang pahina kung saan matatagpuan ang bawat isa.

Kahalagahan at Gamit:

- **Pagbigay-alam sa istruktura ng Aklat**–Ipinapakita nito ang organisasyon at istruktura ng aklat, na nagbibigay ng ideya sa mambabasa tungkol sa nilalaman at saklaw ng aklat.
- **Paghahanap ng Impormasyon**–Pinapadali nito ang paghahanap ng tiyak na impormasyon o paksa sa loob ng aklat, dahil maaaring direktang pumunta sa kabanata o seksyon na nais basahin.
- **Pangkalahatang Ideya**–Nagbibigay ito ng mabilisang pangkalahatang ideya ng mga paksa na tinatalakay sa aklat.

Katawan ng Aklat

Ano Ito–Ang katawan ng aklat ang pangunahing bahagi kung saan nakapaloob ang lahat ng teksto, impormasyon, at nilalaman na nais iparating ng may-akda.

Kahalagahan at Gamit:


- **Pagbibigay ng Detalyadong Impormasyon**–Dito matatagpuan ang komprehensibong talakayan, paliwanag, at detalye ng mga paksa.

Talaan ng Nilalaman	
Yunit 1	
Aralin 1 – Pabilipin	2
Batayan: Batayang	3
Batayang: Desalipinang at Nardibong Komposisyon	8
Bataya Pangkat	11
Aralin 2 – Huwag Magpapaig sa Kaba	16
Batayan: Kung	16
Batayang: Uri ng Aklat	23
Bataya: Uri ng Pangkat	24
Aralin 3 – Alamat ng Hagdan-Hagdang Palayan	30
Batayan: Baka	33
Batayang: Bahag ng Alamat	38
Bataya: Kasanin ng Pangkat	40
Aralin 4 – Kukulangan sa Tubig, Nakaamba	44
Batayan: Lungsod ng Quizon	47
Batayang: Uri ng Batay	50
Bataya: Kasanin ng Pangkat	51
Aralin 5 – Mga Ila ng Masbate, puntahan sa tag-init	56
Batayan: Masbate	59
Batayang: Pagkat ng Batay	62
Bataya: Pangkat ng Pano	63
Aralin 6 – Bakit Umuulan?	68
Batayan: Bangsat	71
Batayang: Kuwintang-bayan	75
Bataya: Pangkat ng Pano	77
Aralin 7 – Ang Lawa ng Sebu	82
Batayan: Lake Sebu	85
Batayang: Pangkat sa Tanong na Bakit at Pano	88
Bataya: Pangkat ng Pano	89

Naghalala ang malapit na pawis at panatag sa ating katawan. Batayang-basa ang ating mga palad at paa. Buti na lamang ay naka-aklat ang aklat.	
Sa wakas ay narating ko ang ating silid. Nagpapalathala. Walang kabanata. May ilang oras din akong naghihintay. "Mabagal pa naman," sabi ko sa ating sarili. Tama nga naman. Kasi wala ng umaga ang umapag ng mga klase. Dumating ako ng 7:30. Pero tila yata huli na magpapagpask ang mga mag-aaral. Sumagot ang nangungunang klase sa ating silid. "Wala pa rin? Hihimn." "May kakaba'yeta!" bulung ko sa sarili. Hanggang tinigang ang papal ng ating silid, nagpapalathala kong mali ang silid na ating napasukan. Mali rin ang pagkakataon kong pinto ng ating klase. Kaya pinto garapon na lamang ang tinig sa akin ng mga guwardiya nang pumasok ako sa gate. Sa Myerkules pa pala ang simula ng klase at lunes pa lang ngayon!"	
"May nakulit Mali, Mali!" Dali-dali akong nag-impose ng mga visual aids, at lumabas papuntang gate. Ang laki ng ngiti ng mga guwardiya sa akin. Wala silang tinatamag sa akin ngunit agerang akong nagpali ng palatanda. "Si kuya, tinalat ko lang kung mayroon na ang kuwarto ko. At salita hinaw ko na din ang lahat ng visual aids para wala na akong maraming dati sa Myerkules."	
Laking ngiti ng mga manong sa gate. Dali-dali na rin akong lumabas ng pasilidad at sumagay ng dyip patalik ng bahay namin. Hiyang hiya ako sa nangyari.	
Akin namang nakasag ang unang draw ng ating pagtutara. Nagbigay ako ng papuri ng punong guro na nangyari handa raw ako sa ating orain. Kung alam lang niya ang nangyari noong lunes!	
Nagpap-alaman ko rin sa mga guwardiya na hindi lang ako ang nakaranas ng ganoon. May mas malata pa nga raw sa akin. Mayroon palang ginagamit na mga palatya sa isang guro sa salurang gahol sa oras dahil inabutan ng trapal. Hindi na nagpali na ang kanyang suot pang itaas ay baligtad. Hindi nga nila alam papasok sa guro, madali at dumating ang isang body guard at pinuno ko bagay sa aking bulunging malapag sa guro.	
Ang sarap bolikan ng unang draw ng ating pagtutara. Matatwala ko na malinis. Ngunit isa lamang ang ating natutuhan. Mind over matter. Huwag magpapaig sa kaba.	

- **Pag-aaral at Pagsusuri**–Mahalaga ito sa pag-aaral at pagsusuri ng mambabasa, lalo na sa mga mag-aaral, mananaliksik, at mga propesyonal na naghahanap ng malalim na kaalaman.
- **Pagpapalawak ng Kaalaman at Pag-unawa**–Nagbibigay ito ng oportunidad para sa mga mambabasa na palawakin ang kanilang kaalaman at pag-unawa sa iba’t ibang paksa.

Ang bawat bahagi ng aklat ay mahalaga sa pagbibigay ng istruktura, organisasyon, at madaling daan sa impormasyon. Ang pag-unawa sa kahalagahan at gamit ng talaan ng nilalaman at katawan ng aklat ay susi sa mas epektibong paggamit ng aklat bilang isang sanggunian ng kaalaman.



Pagpapalalim

Panuto: Maghanap o gumawa ng isang halimbawa ng babala, anunsiyo, o patalastas sa inyong bahay o komunidad at ibahagi ito sa klase.



Paglalapad ng Karunungan

PAGSULAT NG LIHAM

Ang pagsulat ng liham ay isang paraan ng pakikipag-usap o komunikasyon sa pamamagitan ng mga salitang nakalimbag. Ang isang liham ay katulad din ng personal na pakikipag-usap sa isang tao o grupo; maaaring kaibigan, pamilya, institusyon, at iba pa.

Katangian ng Liham:

Narito ang ilang halimbawa ng di-berbal na komunikasyon sa pamamagitan ng kilos at galaw ng katawan:

1. **Malinaw** – ang pagiging malinaw ng isang liham ay ang paghahati ng mga pahayag sa mga bagay-bagay na hangad ipabatid sa liham. Iplano ang pagkakasunod-sunod ng mga ideyang ipapaloob. Tandaan na ang kasimplihan ay daan ng madaling pag-unawa.
2. **Wasto** – laging isaisip na ang ano mang liham na nangangailangan ng katugunan ay dapat magtaglay ng lahat ng angkop at tiyak na

impormasyon. Tiyaing wasto ang bawat pahayag o sasabihin lalo na ang mga impormasyon bago ito isulat.

3. **Buo** - nararapat na pagsama-samahin ang lahat ng kailangang impormasyon sapagkat kapag nakaligtaang itala ang isang bagay na kailangan ng sumulat, lalabas na kapos o depektibo sa pangunahing sangkap ang liham. Upang maging kasiya-siya ang tugon ng sinulatan, dapat na unang-unang nakasisiya o sapat ang isinasaad sa liham ng sumulat.
4. **Magalang** - Napakahalaga ng himig ng pagpapahayag. Hindi dapat mabakas sa sulat ang pagkabigla, pagkamagalitin, o pagkawala ng kagandahang asal.
5. **Maikli** - sikaping ang bawat isusulat ay makatutulong sa pagpapabatid ng nais sabihin sa nilalaman. Iwasan ang paglalakip ng mga detalyeng walang kabuluhan.
6. **Komersasyonal** - upang maging epektibo ang pag-unawa sa isang liham, gawin o basahing parang personal o natural na pakikipag-usap lamang.
7. **Mapagsaalang-alang** - suriing mabuti kung ano ang nais iparating ng sumulat. Bigyang-diin ang mensaheng nagbibigay ng interes sa sinulatan o bumabasa.

Pagsasanay

- A. **Panuto:** Alamin at isulat sa patlang kung **tama** o **mali** ang nakasaad sa mga pangungusap sa ibaba na naaayon sa mga katangian ng liham.

- _____ 1. Habaan ang sinusulat kahit wala na itong kinalaman sa orihinal na paksa.
- _____ 2. Maging magalang sa iyong sulat.
- _____ 3. Dapat malinaw at mabilis maunawaan ang nilalaman ng iyong sulat.
- _____ 4. Ayos lang kahit hindi magalang ang iyong sulat.
- _____ 5. Ang pagiging malinaw ng isang liham ay ang paghahati ng mga pahayag sa mga bagay-bagay na hangad ipabatid sa liham.
- _____ 6. Ang pagsulat ng liham ay isang paraan ng pakikipag-usap o komunikasyon.


- _____ 7. Ang kasimplihan ay hindi agad mauunawaan.
- _____ 8. Hindi na kailangang suriing mabuti kung ano ang nais iparating ng sumulat.
- _____ 9. Iwasan ang paglalakip ng mga detalyeng walang kabuluhan.
- _____ 10. Hindi mahalaga ang himig ng pagpapahayag

B. **Panuto:** Sumulat ng liham para sa iyong kaibigan. Isaalang-alang ang mga natutuhan sa pagbuo ng liham.



Paglatag ng Kasanayan

Panuto: Pumili ng isang aklat sa bahay o sa silid-aklatan at gumawa ng maikling ulat tungkol sa nilalaman nito, gamit ang talaan ng nilalaman bilang gabay.



Pagsasalansan

Ang pagbabasa ay hindi lamang tumutukoy sa pag-unawa ng mga tekstong nakasulat kundi kasama rin dito ang pag-unawa sa mga tekstong biswal. Mahalaga ang kakayahang makita at maunawaan ang ugnayan ng mga larawan at simbolo upang lubos na maunawaan ang kanilang mensahe. Sa kabilang banda, ang komunikasyon ay mahalaga rin, lalo na sa pagpapanatili ng matibay na relasyon. Kasama sa pag-aaral ng epektibong komunikasyon ang pagsasanay sa pagsulat ng liham pangkaibigan, na hindi lamang nagpapalakas ng kakayahang makipag-ugnayan kundi nagbibigay rin ng kaalaman tungkol sa iba't ibang katangian ng liham.

Gawain sa Pagganap

Talambuhay

Gumawa ng talambuhay tungkol sa sarili. Ibahagi ito sa klase. Ang talambuhay na ito ay dapat nagpapakita ng kanilang kahusayan sa wastong gramatika, kaangkupan ng salita/retorika, estilo, at estruktura.

Mga Hakbang:

1. Maglaan ng oras sa pag-iisip at pagtatala ng mga pangunahing kaganapan, tao, at lugar na naging mahalaga sa iyong buhay.
2. Bumuo ng isang balangkas na sumasaklaw sa iba't ibang yugto ng iyong buhay (pagkabata, Kabataan, kasalukuyan)
3. Tukuyin ang pangunahing tema o mensahe na nais mong iparating sa iyong talambuhay. Tiyakin na maipakikita ang kahusayan sa wastong gramatika, kaangkupan ng salita/retorika, estilo, at estruktura.

Pagsusumite: Isulat ang talambuhay sa isang malinis na papel o i-type at i-print. Dapat itong isumite sa itinakdang petsa.

Rubrik para sa Pagsulat ng Talambuhay

Mataas (4)

Nangangailangan ng Pagpapabuti (2)

Katamtaman (3)

Mahina (1)

Kategorya	(4)	(3)	(2)	(1)
Gramatika	Walang gramatikal na pagkakamali.	May ilang gramatikal na pagkakamali na hindi nakakaapekto sa pagkaunawa.	May maraming gramatikal na pagkakamali na bahagyang nakakaapekto sa pagkaunawa.	Gramatikal na pagkakamali ay malubhang nakakaapekto sa pagkaunawa.
Kaangkupan ng Salita/ Retorika	Angkop na salita at retorika na nagpapayaman sa teksto.	Karamihan sa mga salita ay angkop at may ilang paggamit ng retorika.	Ilang angkop na salita, limitadong paggamit ng retorika.	Maling pagpili ng salita, walang retorika.

Estilo	Malikhaing estilo at kaakit-akit ang pagkakasulat.	May estilo ngunit kulang sa pagkaakit-akit.	Kulang sa estilo, karaniwan ang pagkakasulat.	Walang istilo, mahirap basahin.
Estruktura at Organisasyon	Mahusay na organisado at malinaw ang estruktura.	Organisado ngunit may ilang bahagi na hindi malinaw.	Kulang sa organisasyon at may mga bahaging hindi malinaw.	Walang organisasyon, magulo ang estruktura.
Paglalarawan ng Lokal/Rehiyonal na Karanasan	Malinaw at detalyadong paglalarawan ng lokal o rehiyonal na karanasan.	Sapat na paglalarawan ngunit kulang sa detalye.	Hindi gaanong malinaw o detalyado ang paglalarawan.	Walang paglalarawan ng lokal o rehiyonal na karanasan.

KABANATA 3

Sa kabanatang ito, tutuklasin ang mayamang mundo ng panitikan sa pamamagitan ng pag-aaral ng iba't ibang anyo nito tulad ng mito, epiko, tulang pambata, at kuwentong bayan, kasabay ng paglalahad muli ng mga talambuhay ng taong may makabuluhang ambag sa lipunan. Layunin nating palawakin ang kaalaman at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa panitikan at kasaysayan, pinapalalim ang kanilang pang-unawa sa kahalagahan ng mga indibiduwal na nag-ambag sa paghubog ng ating mundo.

ARALIN 13

Si Tala at Luna



Sa araling ito, mababasa natin ang kuwentong tuturuan tayong magbigay ng solusyon sa suliranin at makapagbahagi ng mga katangian ng tauhan. Gayundin, matututuhan kung paano magamit ang panghalip pananong at panaklaw sa pagpapahayag.



Layunin

- ♦ Naibibigay ang sariling solusyon sa suliranin.
- ♦ Nagagamit ang mga salitang may denotasyon at konotasyong kahulugan sa pagbuo ng pangungusap (kasalungat).
- ♦ Natutukoy ang mga panghalip pananong at panaklaw sa pangungusap.



Paghihibla ng mga Salita

ningning (ning-ning) – tumutukoy sa matinding liwanag o kinang na nagmumula sa isang bagay.

mahinahon (ma-hi-na-hon) – tumutukoy sa matinding liwanag o kinang na nagmumula sa isang bagay.

nagpasya (nag-pa-sya) – nangangahulugan na gumawa ng desisyon o pinal na pagpili sa gitna ng mga pagpipilian o posibilidad.

nagtaka (nag-ta-ka) – tumutukoy sa pagkakaroon ng pagtatanong o pag-usisa sa isipan tungkol sa isang bagay o pangyayari.

lumago (lu-ma-go) – nangangahulugan ng pagtaas o pag-unlad sa pisikal, mental, emosyonal, o espiritwal na aspekto.

Panuto: Ibigay ang kasalungat ng mga salita sa bawat bilang.

1. ningning

2. mahinahon

3. nagpasya

4. nagtaka

5. lumago



Paghahabi ng Kaalaman

Ang **mitolohiya** ay mahalaga sa pag-aaral ng kultura at kasaysayan, dahil ito'y nagbibigay-liwanag sa paniniwala at tradisyon ng iba't ibang sibilisasyon. Ang mga mitolohikal na kuwento, puno ng simbolismo at mas malalim na kahulugan, ay karaniwang naglalarawan ng unibersal na karanasan ng tao gaya ng pag-ibig, pagtataksil, at sakripisyo.

Si Tala at Luna

1. *Paano mo maipapakita ang kahalagahan ng pagtanggap sa pagkakaiba-iba sa ating pang-araw-araw na buhay?*
2. *Ano ang maaaring maging epekto nito sa ating personal na pag-unlad at sa lipunan?*





Noong unang panahon, sa isang malayong kaharian sa langit, may dalawang magkapatid na diyos na sina Tala at Luna. Si Tala, ang nakatatandang kapatid, ay may hawak na kapangyarihan sa liwanag at araw. Siya ay kilala sa kanyang ningning at init na nagbibigay-buhay sa lahat ng nilalang.

Anong katangian mayroon si Luna?


Samantala, si Luna, ang nakababatang kapatid, ay diyosa ng buwan at gabi. Siya ay mahiwaga, mahinahon, at tagapag-alaga ng mga bituin sa kalangitan. Bagama't magkaiba ang kanilang mga katangian, sina Tala at Luna ay malapit sa isa't isa. Magkasama silang naglilibot sa kalawakan, pinapanatili ang balanse ng liwanag at dilim.

Ano ang naging nais ni Tala na mangyari?

Isang araw, nagkaroon ng matinding pagtatalo ang dalawang magkapatid. Si Tala, sa kanyang pagiging mapusok, ay nagnais na ang kanyang liwanag ay manatili sa kalangitan magpakailanman, upang siya ang laging masilayan ng mga nilalang. Hindi pumayag si Luna, sapagkat alam niyang kailangan din ng gabi at dilim para sa pahinga at panaginip. Ang kanilang pagtatalo ay humantong sa isang malakas na labanan, kung saan nagbanggaan ang liwanag at dilim. Nang mangyari ito, ang mga nilalang sa lupa ay nagtaka sa kakaibang pangyayari sa kalangitan. Nakita ito ng pinakamakapangyarihang diyos, si Zeus, ang hari ng mga diyos. Nagalit siya sa pag-aaway ng dalawang magkapatid at nagpasya siyang parusahan sila. Pinaghiwalay niya sina Tala at Luna. Si Tala ay magliliwanag lamang sa araw, at si Luna naman ay sa gabi. Mula noon, hindi na muling nagtagpo ang magkapatid. Ngunit sa kanilang pag-iisa, natutunan nilang pahalagahan ang kanilang tungkulin. Si Tala ay naging mas

Bakit sila nagtalo?

mapagmahal sa mga nilalang, nagbibigay ng init at liwanag upang lumago ang buhay. Si Luna naman, sa kanyang tahimik na gabi, ay nagbigay inspirasyon sa mga makata at mangarap, na pinapangarap ang mga bituin. Simula noon, naging simbolo sina Tala at Luna ng pag-asa at pagbabago. Bagama't hindi na sila magkasama, ang kanilang liwanag ay patuloy na nagbibigay-buhay at inspirasyon sa mundo.



Pagtatagpi ng Talino

A. **Panuto:** Sagutin ang mga katanungan batay sa binasang akda.

1. Sino ang mga pangunahing karakter sa kuwentong mitolohiya na ito at ano ang kanilang mga kapangyarihan?
2. Ano ang naging sanhi ng pagtatalo nina Tala at Luna?
3. Paano maaaring iugnay ang kuwento nina Tala at Luna sa konsepto ng balanse sa kalikasan?
4. Ano ang mga simbolismo na matatagpuan sa kuwento at ano ang kanilang mga kahulugan?
5. Sa iyong palagay, makatarungan ba ang naging desisyon ni Zeus na paghiwalayin sina Aruna at Luna? Bakit o bakit hindi?


B. **Panuto:** Itala ang katangian ng bawat tauhan.


Tala

- 1.
- 2.
- 3.

Luna

- 1.
- 2.
- 3.






Paglililinaw sa mga Kaalaman

Ang mitolohiya, ang pag-aaral ng mito o *myth* na galing sa salitang latin na *mythos* na mula salitang griyego na muthus na ang ibig sabihin ay kuwento. Ito ang pagkilalala sa ating kasaysayan, kultura at mga paniniwala. Hindi lamang isang pasalaysay na mga kuwento ang mito bagkus ito ay nagbibigay ng isang makabuluhan pag-unawa sa mga kaisipan, pagpapahalaga sa nakaraan at kasalukuyan.

Ang mga mitolohikal na kuwento ay karaniwang ginagamit upang ipaliwanag ang mga misteryo ng kalikasan, ang pinagmulan ng tao at ng mundo, mga moral na aral, at ang mga prinsipyo ng isang kultura. Narito ang ilang mahahalagang aspeto ng mitolohiya:

1. **Kuwento ng Paglikha (Creation Myths)** – Maraming mitolohiya ang may kasamang mga kuwento kung paano nilikha ang mundo at ang tao.
2. **Diyos at Diyosa (Gods and Goddesses)** – Karaniwang nagtatampok ng iba't ibang mga diyos at diyosa na may espesyal na kapangyarihan at dominion sa iba't ibang aspeto ng mundo at buhay ng tao.
3. **Simbolismo** – Ang mitolohiya ay puno ng simbolismo na naglalarawan ng mas malalim na mga kahulugan at aral.
4. **Rituwal at Seremonya** – Maraming mitolohikal na kuwento ang may koneksyon sa mga rituwal at seremonya ng isang kultura.
5. **Morality at Ethics** – Madalas na naglalaman ang mitolohiya ng mga aral sa moralidad at etika, na nagsisilbing gabay sa pag-uugali ng tao.
6. **Epic Adventures** – Nagtatampok ng mga epikong pakikipagsapalaran ng mga bayani at nilalang, na kadalasang sumasalamin sa mga laban at pagsubok sa totoong buhay.
7. **Paliwanag sa mga Natural na Kaganapan** – Ginagamit ang mitolohiya upang ipaliwanag ang mga likas na kaganapan tulad ng bagyo, lindol, at iba pang mga kababalaghan.
8. **Cultural na Pagkakakilanlan** – Ang mitolohiya ay isang mahalagang bahagi ng kultural na pagkakakilanlan ng isang grupo ng mga tao, na nagbibigay sa kanila ng isang shared history at set ng mga paniniwala.



Pagpapalalim

Panuto: Tukuyin kung tama o mali ang pahayag.

1. Ang mitolohiya ay isang mahalagang bahagi ng kultural na pagkakakilanlan ng isang grupo ng mga tao.
2. Ginagamit ang mitolohiya upang ipaliwanag ang mga likas na kaganapan tulad ng bagyo, lindol, at iba pang mga kababalaghan.
3. Maraming mitolohiya ang may kasamang mga kuwento kung paano nilikha ang mundo at ang tao.
4. Nagtatampok ng mga epikong pakikipagsapalaran ng mga bayani at nilalang, na kadalasang sumasalamin sa mga laban at pagsubok sa totoong buhay.
5. Ang mitolohiya ay hindi kakikitaan ng simbolismo na naglalarawan ng mas malalim na mga kahulugan at aral.



Paglalatap ng Karunungan

PANGHALIP PANANONG AT PANAKLAW

Ito ay tinatawag na panghalip at may dalawang uri ang panghalip at ito ay ang mga pananong at panaklaw. Ang Panghalip o pronoun sa wikang Ingles ay uri ng salita na ipinapalit sa pangngalan na nagamit na sa isang pangungusap o talata. Ito ay bahagi ng pananalita na ginagamit upang maiwasan ang pagbanggit ng paulit-ulit sa kuwento.

Ang **panghalip pananong** ay ginagamit na panghalili sa pangngalan sa patanong na paraan. Kadalasan itong makikita sa simula ng tanong.

Halimbawa nito ay ilan, saan, magkano, kanino atbp.

Samantalang ang **panghalip panaklaw** ay hindi tiyak o walang katiyakan. Ito ay may pahiwatig na pangsaklaw o pangsakop sa kaisahan, dami o kalahatan ng pangngalan na tinutukoy. Mula sa salitang 'saklaw' na ibig sabihin ay pangsakop, halimbawa ng salitang nagpapahiwatig ng pangsaklaw ay: bawat isa, sinuman, alinman, saanman, anuman, ilan, at lahat.

Pagsasanay

Panuto: Tukuyin sa loob ng pangungusap ang ginamit na panghalip pananong at panaklaw.

1. Sino ang nagbigay ng kaparusahan kay Tala at Luna matapos ang kanilang pagtatalo?
2. Ano ang naging dahilan ng pagtatalo nina Tala at Luna?
3. Saang lugar naganap ang kuwento ni Tala at Luna?
4. Lahat ng nilalang sa lupa ay nagtaka sa nangyari sa kalangitan.
5. Sinuman sa mga diyos ay hindi nakialam sa pagtatalo nina Tala at Luna.




Paglatag ng Kasanayan

Panuto: Kasama ang inyong kapangkat. Ano ang maaaring solusyon sa naging suliranin ng tauhan sa binasang teksto.

Suliranin:

Solusyon:



Pagsasalansan

Sa bahaging ito ng pag-aaral, tinalakay ang isang kuwento na siyang halimbawa ng mitolohiya. Bukod dito, natutuhan din ang tungkol sa gamit ng panghalip sa loob ng isang pangungusap. Ang paggamit ng panghalip ay mahalaga upang maiwasan ang paulit-ulit na pagbanggit ng pangngalan, na nag-aambag sa mas maayos at malinaw na daloy ng pangyayari sa teksto.

ARALIN 14

Ullalim



Sa araling ito, tatalakayin natin ang isang epiko mula sa lalawigan ng Kalinga. Ito'y isang kuwento na naglalayong ituro sa atin ang kahalagahan ng pagpaparaya at pagbibigay, lalo na sa ating mga kadugo. Bukod dito, bibigyan din tayo ng pagkakataong magbigay ng ating reaksiyon sa iba't ibang sitwasyon gamit ang naratibong pamamaraan. Higit pa rito, aalamin natin kung paano ang tamang paggamit ng pang-uring pamilang na panunuran, na makatutulong sa mas epektibong komunikasyon at pagpapahayag.



Layunin

- ◇ Nahihinuha ang susunod na pangyayari.
- ◇ Naiiba o nababago ang mga pangyayari sa teksto.
- ◇ Nagagamit ang salitang may denotasyon at konotasyong kahulugan sa pagbuo ng pangungusap (kasingkahulugan at kasalungat).
- ◇ Natutukoy ang tamang pang-uring pamilang sa pangungusap.



Paghihibla ng mga Salita

dagling umibig (dag-ling u-mi-big) - nangangahulugang mabilis o biglaang pagkakaroon ng damdamin ng pag-ibig o pagkagusto sa isang tao.

magpatangay (mag-pa-ta-ngay) - tumutukoy sa pagpapaubaya o pagpapasakop sa isang sitwasyon o damdamin nang walang pagtutol.

mailihim (ma-i-li-him) - nangangahulugang makapagtago o makapag-itago ng impormasyon, damdamin, o pangyayari mula sa kaalaman ng iba.

nailigtas (na-i-lig-tas) – tumutukoy sa pagkakaroon ng aksyon na nagresulta sa pagkakaligtas ng isang tao, hayop, o bagay mula sa panganib o masamang sitwasyon.

tinutugis (ti-nu-tu-gis) – nangangahulugang hinahabol o sinusundan ng masinsinan, karaniwan ay upang mahuli, makuha, o matamo ang isang bagay o tao.

Panuto: Isulat ang kasingkahulugan at kasalungat ng mga salitang ginamit sa akda.

	KASINGKAHULUGAN	KASALUNGAT
dagling umibig		
magpatangay		
mailihim		
nailigtas		
tinutugis		



Paghahabi ng Kaalaman

Ang Ullalim ang epikong-bayan ng mga Kalinga sa Cordillera. Isang bantog na bayani sa naturang epikong-bayan si Banna ng Dulawon. Noong 1974, inilathala nina Francisco Billiet at Francis H. Lambrecht ang ilan sa kaniyang mga pakikipagsapalaran.

Ullalim (Epiko ng Kalinga)

1. *Ano ang kaya mong gawin para sa pag-ibig?*
2. *Handa ka bang magparaya para sa sarili mong kadugo?*





Sa Nibalya da Kalinga (Kasal ng Magkaaway), sinalakay nina Banna ang isang nayon para mamugot. Nagkaroon ng madugong labanan at napahiwalay siyá sa mga kasáma. Dahil tinutugis ng mga kaaway, naisip niyang tumalon sa ilog at magpatangay sa agos. Nakarating siyá sa isang kaaway na nayon at nakita ni Onnawa, na dagling umibig sa kaniya. Nag-iisa noon si Onnawa dahil nása pamumugot din ang ama at mga kanay on. Nagsáma sina Banna at Onnawa bago umuwi ang mandirigma. Nabuntis si Onnawa, at para mailihim ang nangyari ay ipinaanod sa ilog ang sanggol na si Gassingga, kasáma ang mga handog sa kaniya ni Banna. Mabuti't nasagip ang sanggol ni Mangom- ombaliyon at pinalaking isang mahusay na mandirigma.


Si Banna naman ay nanligaw sa magandang si Laggunawa. Ngunit ang gusto ng ama ng babae ay ipakasal ito sa sinomang makapapatay sa higitang si Liddawa. Marami nang mandirigma ng nabigo na mapugot ang ulo ni Liddawa. Nabalitaan din ni Gassingga ang kondisyon ni Laggunawa at nagpasiyang lumahok kahit na siya ang panghuli sa nakabatid nito. Nagdalá siyá ng alak sa nayon ni Liddawa at hinámon ang lahat ng nasa inuman. Nang malasing si Liddawa, pinugot ni Gassingga ang ulo nitó at dinalá sa bahay ni Laggunawa. Ipinabalita ang kasal nina Gassingga at Laggunawa

Nagalit si Banna sa nangyari at nagsadya sa bahay ni Laggunawa. Hinámon niya ang hindi nakikilalang anak. Nag-isip ng paraan si Laggunawa para mapigil ang labanan. Binigyan niya ng pagsubok ang dalawa. Nagwagi sa pagsubok si Banna. Ngunit kinain ng malaking sawá si Gassingga. Ipinasiyang ilitas si Gassingga. Pati si Mangom-ombaliyon ay dumating. Nailigtas ni Banna si Gassingga at nakilala ang anak. Sa dulo, nagkaroon ng dalawang kasalan. Unang ikinasal sina Banna at Onnawa at panghuling ikinasal sina Gassingga at Laggunawa.

Banna - bayani ng Ullalim, epikong-bayan ng mga Kalinga.

Nayon - maliit na pamayanan, isang bahagi ng isang bayani; baryo

Mandirigma - taong nakikipaglaban o nakikidigma na may angking katapangan at karanasan.



Pagtatagpi ng Talino

- A. **Panuto:** Sagutin ang mga katanungan batay sa binasang akda.
1. Sino-sino ang tauhan sa kuwento?
 2. Bakit pinaanod sa ilog ang sanggol? Tama ba ang kanilang ginawa?
 3. Ano ang naging kondisyon ng ama ni Laggunawa sa pagpili ng pakakasalan ng kaniyang anak? Sino ang Nakagawa nito?
 4. Sa iyong palagay, bakit niligtas ni Banna si Gassinga?
 5. Kung ikaw si Banna, galit din ba ang iyong mararamdaman sa iyong pagkatalo? Bakit?
 6. Ano ang naging wakas ng kuwento?
- B. **Panuto:** Mula sa epikong binasa, isulat ang mga impormasyon na hinihingi sa ibaba.

TAUHAN	TAGPUAN	WAKAS



Paglilinaw sa mga Kaalaman

Ang **epiko**, ay isang anyo ng panitikan na tumatalakay sa kabayanihan at pakikipagsapalaran ng pangunahing tauhan laban sa kaniyang mga katunggali. Naglalaman ito ng hindi kapani-paniwalang pangyayari tulad ng pagkakaroon ng kakaibang kapangyarihan ng mga tauhan. Tinatalakay rin dito ang mga sinaunang paniniwala, kaugalian at mga huwaran ng mamamayan kung saan nagmula ang akda.

Mga Elemento ng Epiko

- ◇ **Banghay** – Ito ay pagkakasunod ng mga pangyayari. Maaaring maging payak ito o komplikado. Nahahati sa limang bahagi ang banghay ng epiko; ito ang simula, saglit na kasiglahan, kasukdulan, kakalasan, at wakas.
- ◇ **Matatalinhagang salita** – Ang mga matatalinhagang salita ay ang mga salitang malalalim at hindi nagbibigay ng direktang pagpapakahulugan.
Halimbawa:
Balat sibuyas – mahiyain
mapaglubid ng buhangin – sinungaling
- ◇ **Sukat at Indayog** – Ang sukat ay ang bilang ng pantig sa bawat taludtod. Sa epiko, may tiyak na sukat na sinusunod, ito ay wawaluhing pantig, lalabindalawahing pantig, at lalabingwaluhing pantig.
- ◇ **Tagpuan** – Ang tagpuan ay lugar at oras kung saan naganap ang mga pangyayari. Naapektuhan nito ang takbo ng kuwento, kaugalian at desisyon ng mga tauhan. Nagbibigay daan din ito upang malinawan ang mga mambabasa sa banghay, paksa, at tauhan ng kwento.
- ◇ **Tauhan** – Ang tauhan ang siyang nagbibigay ng buhay sa epiko. Ang tauhan ang mga kumikilos sa akda. Sa kwento ng kabayanihan, ang mga tauhan ay karaniwang may taglay o angking kapangyarihan.
- ◇ **Tugma** – Ang tugma ay laging matatagpuan sa huling pantig ng bawat taludtod. Ito ay ang pagkakasingtunog ng mga pantig sa dulo ng salita.


Uri ng Epiko

- **Epikong Sinauna** – (o kilala rin sa taguring Epikong Pambayani) Ito ay lumitaw noong unang panahon. Ang pangunahing tauhan ay may katangiang kahima-himala at kumakatawan sa adhikain ng isang lahi o bansa. Ang tulang ito ay nagpasalin-salin sa bibig ng salinlahi at unti-unting nabuo sa mga anyo nito ngayon.

Halimbawa:


Ang *Beowulf* ng Inglatera, *Siegfried* ng Alemanya, at Ibalon ng Pilipinas

- **Epikong Masining** – (o Epikong Makabago o Epikong Pampanitikan) Tulad ng epikong pambayani, nasusulat ito sa isang marangal na kabuoan at nahihinggil sa lunggati at tahakin ng isang lipi, lahi, o bansa.



Halimbawa:


Iliad at *Odyssey* ni Homer, ang *Paradise Lost* ni Milton, Florante at Laura ni F. Balagtas; *Mutya ng Silangan* ni Patricio Mariano, at *Malolos* ni Benigno Ramos



- **Epikong Pakutya** – Kabalangkas ng epikong pambayani ngunit ang paksa ay naglalahad at naglalayong kutyain ang gawaing walang kabuluhan at pag-aaksaya lamang ng panahon ng tao.

Halimbawa:

“Ang Pangginggera” ni Lope K. Santos



Pagpapalalim

A. **Panuto:** Piliin sa loob ng kahon ang wastong sagot sa bawat bilang.

Epikong Pakutya	Epikong Sinauna	Tagpuan	Sukat at Indayog	Banghay
Epikong Masining	Tugma	Tauhan	Matalinghagang Salita	Epiko

- _____ 1. Ito ay ang pagkakasingtunog ng mga pantig sa dulo ng salita.
- _____ 2. Ang siyang nagbibigay ng buhay sa epiko.
- _____ 3. Nahahawig sa epikong pambayani, nasusulat sa isang marangal na kabuuan at nahihinggil sa lunggati at tahakin ng isang lipi, lahi o bansa.
- _____ 4. Ito ay nahahati sa limang bahagi: ang simula, saglit na kasiglahan, kasukdulan, kakalasan, at wakas.
- _____ 5. Kabalangkas ng epikong pambayani ngunit ang paksa ay naglalahad na kutyain ang gawaing walang kabuluhan at pag-aaksayahan lamang ng panahon ng tao.
- _____ 6. Ang mga salitang hindi nagbibigay ng direktang kahulugan.
- _____ 7. Ito ay wawaluhing pantig, lalabindalawahing pantig, at lalabingwaluhing pantig.

- _____ 8. Kilala rin sa taguring Epikong Pambayani na naglalahad ng isang sambayanan o bansa sa pagtataguyod ng isang layunin o mithiin
- _____ 9. Halimbawa nito ay ang Illiad at Odyssey ni Homer.
- _____ 10. Karaniwang may katangian ng pangunahing tauhan na nag-aangkin ng kahima-himala at kumakatawan sa adhikain ng isang lahi o isang bansa



Paglalatapat ng Karunungan

PANG-URING PAMILANG (PANUNURAN)

Ang pang-uring pamilang na panunuran ay isang uri ng pang-uri na ginagamit upang ipakita ang pagkakasunod-sunod o pagkakasunod-sunod ng mga bagay o tao. Ito ay karaniwang ginagamit upang magtakda ng posisyon o ranggo sa isang serye o pagkakasunod-sunod. Narito ang ilang halimbawa:

1. **Una:** Unang nakita ni Onnawa si Banna nang siya'y magpatangay sa ilog at mapadpad sa kanilang nayon.
2. **Ikalawa:** Pangalawang beses umibig si Banna nang manligaw siya kay Laggunawa matapos ang kanyang pananatili sa nayon ni Onnawa.
3. **Ikatlo:** Ikatlong mandirigma si Gassingga na nagtangkang pumugot sa ulo ni Liddawa upang manalo sa puso ni Laggunawa.
4. **Ikaapat:** Ikaapat na hamon para kay Banna ay ang pagsubok na ibinigay ni Laggunawa upang mapigilan ang labanan sa pagitan niya at ng hindi niya nakikilalang anak.
5. **Ikalima:** Ikalimang yugto ng kuwento ay ang pagligtas kay Gassingga mula sa malaking sawa, na siyang nagbukas ng daan para sa pagkakakilala niya sa kanyang ama.

Sa mga halimbawang ito, ginagamit ang mga pang-uring pamilang na panunuran upang ipakita ang posisyon o pagkakasunod-sunod ng mga tao o pangyayari sa isang partikular na konteksto.

Pagsasanay

- A. **Panuto:** Punan ng tamang pang-uring pamilang panunuran ang pangungusap.
1. _____, sinalakay ni Banna at ng kaniyang mga kasamahan ang isang

nayon, na nagdulot ng madugong labanan.

2. _____, napahiwalay si Banna sa kaniyang mga kasama at tinugis ng mga kaaway, kaya't _____, naisipan niyang tumalon sa ilog upang makatakas.
3. _____, habang siya'y nagpapatangay sa ilog, nakita siya ni Onnawa na _____, dagling umibig sa kaniya.

B. **Panuto:** Basahin at sagutin ang mga sumusunod na tanong mula sa binasang alamat. Piliin ang titik ng tamang sagot.

- _____ 1. Ang dagling umibig kay Banna.
 - a. Gasingga
 - b. Onnawa
 - c. Laggunawa
 - d. Liddawa
- _____ 2. Bunga ng pag-iibigan nina Banna at Onnawa.
 - a. Gasingga
 - b. Onnawa
 - c. Laggunawa
 - d. Liddawa
- _____ 3. Pinalaking isang mahusay na mandirigma.
 - a. Gasingga
 - b. Onnawa
 - c. Laggunawa
 - d. Liddawa
- _____ 4. Ang babaeng iniibig nina Banna at Gasingga.
 - a. Onnawa
 - b. Gasingga
 - c. Laggunawa
 - d. Liddawa
- _____ 5. Nagligtas kay Gasingga.
 - a. Banna
 - b. Mangom- ombaliyon
 - c. Laggunawa
 - d. Liddawa
- _____ 6. Paano nakarating sa nayon ng kaaway si Banna?
 - a. Naglakbay nang naglakbay hanggang sa narating ang nayon ng kaaway.
 - b. Tinangay siya ng mga kaaway

- c. Nagkaroon ng madugong labanan at napahiwalay siyá sa mga kasáma.
- d. Dahil tinutugis ng mga kaaway, naisip niyang tumalon sa ilog at magpatangay sa agos




Paglatag ng Kasanayan

- A. **Panuto:** Sa tulong ng iyong kapares. Isulat ang posibleng susunod na pangyayari.

Nailigtas ni Banna si Gassingga at nakilala ang anak. Sa dulo, nagkaroon ng dalawang kasalan. Unang ikinasal sina Banna at Onnawa at panghuling ikinasal sina Gassingga at Laggunawa.

- B. **Panuto:** Pumili ng isang mahalagang pangyayari na nais baguhin sa binasang teksto. Pagkatapos ay ibahagi sa klase ang naging bagong bersyon ng kuwento.




Pagsasalansan

Sa bahaging ito, ang pag-aaral ng mga elemento ng epiko at mga uri nito ay nagbibigay sa atin ng mas malawak na pananaw sa mundo, nagpapayaman ng ating kaalaman sa iba't ibang larangan, at nagtataguyod ng mas malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa kultura. Napalawak din ang ating kaalaman sa paggamit ng panguring pamilang sa loob ng pangungusap, na nagbigay sa atin ng mas malalim na pag-unawa sa wika.

ARALIN 15

Ginto



Sa araling ito, tatalakayin ang isang tulang pambata na tiyak na magugustuhan mo. Ito ay isang tula na naglalarawan sa isang mahalagang bagay, na hindi lamang nagbibigay-alIW kundi nagtuturo rin ng mahalagang aral sa pagpapahalaga. Bukod dito, pag-aaralan natin ang tayutay na aliterasyon at kung paano ito nakatutulong sa pagbibigay-buhay sa mga salita sa tula. Gayundin, matututuhan natin ang wastong paggamit ng pandiwa sa pangungusap, na magpapayaman sa ating kaalaman sa wika at pagkakaroon ng mas malalim na pag-unawa sa tula.



Layunin

- ◇ Natutukoy ang nagsasalita/nagsasalaysay.
- ◇ Natutukoy ang tayutay aliterasyon sa pagbibigay-kahulugan ng pahayag sa binasa o napakinggang teksto.
- ◇ Naiuugnay ang kaisipan ng akda sa sariling karanasan.
- ◇ Natutukoy ang mga salitang nagsasaad ng kilos sa tulong ng larawan.



Paghihibla ng mga Salita

ginto (gin-to) – isang mahalagang metal na may kulay dilaw at kinikilala dahil sa kanyang kinang, katigasan, at bihira nitong presensya.

halaga (ha-la-ga) – tumutukoy ito sa kahalagahan o importansya ng isang bagay, ideya, o tao.

makinang (ma-ki-nang) – ibig sabihin nito ay may kinang o ningning, karaniwang ginagamit upang ilarawan ang mga bagay na kumikinang o nagliliwanag, tulad ng metal, bituin, o anumang bagay na makintab.

magaspang (ma-gas-pang) – tumutukoy ito sa isang ibabaw na hindi pantay o hindi makinis, kadalasan ay mayroong maliliit na bukol, gasgas, o irregularidad.

Panuto: Gamitin ito sa makabuluhang pangungusap.

1. Ginto

2. Halaga

3. Makinang

4. Magaspang



Paghahabi ng Kaalaman

Ang tulang pambata ay madalas na puno ng masasayang imahen at malikhaing ideya na nagpapalawak sa imahinasyon ng mga bata. Ito ay nagbibigay-daan sa kanila upang tuklasin ang mga bagong mundo at karanasan sa pamamagitan ng mga salita.

GINTO

Isinulat ni Jane C. Imano


1. *Nakakita ka na ba ng ginto?*
2. *Paano mo ito mailalarawan?*





Makinang, mapang-akit, sa mata'y kumikislap,
Mamahaling bagay, sa halaga'y di maikakaila.
Sa minahan ito'y hukayin, dito makukuha,
Pag-aari mo na, yaman mo'y lalago't sasagana.

Alahas na makinis, o magaspang man ang anyo,
Mabigat man o magaan, basta't suot ito'y pangarap mo.
Sa katawan, maisusuot, saan mang bahagi, kay ganda,
Ngunit mag-ingat, sa kawatan, ika'y maaaring mabiktima



Pagtatagpi ng Talino

A. **Panuto:** Basahin at sagutin ang mga sumusunod na tanong tungkol sa binasang kuwento. Isulat ang iyong sagot sa isang buong papel.

1. Ayon sa tula, ano ang bagay na kumikinang?
2. Ano-ano ang mga nabanggit na katangian ng ginto?
3. Saan ito maaaring makita at makuha?
4. Bakit kailangang mag-ingat kapag mayroon ka nito?
5. Sa iyong palagay, gaano kahalaga ang magkaroon nito?

- B. **Panuto:** Tukuyin ang nagsasalaysay ng tula at kung ano ang nais ipahiwatig nito sa mambabasa.

NAGSASALAYSAY	
PAHIWATIG NG TULA	




Paglililinaw sa mga Kaalaman

Ang **tulang pambata** ay isang berso o kanta na kinagigiliwan ng mga bata dahil sa mayroon itong tugma at mababaw na kahulugan na nagbibigay kasiyahan sa mga bata.

Gumagamit din ito ng mga matatalinhagang salita o tayutay na **aliterasyon**, ang unang titik o pantig ay pare-pareho. Mahalaga sa aliterasyon ang koneksyon ng mga salitang gagamitin sa tula. Isa rin sa mga mahalagang nakikita sa loob ng isang tula ay ang paggamit ng mga nakatagong kahuluga na salita na madalas gumamit ng simbolo katulad ng isang bagay na ginto.

Narito ang isang talata ng tula na gumagamit ng aliterasyon

Sa sikat ng araw at simoy ng sariwang hangin, saksi ang siyap ng ibon sa sanga, sumasabay sa sayaw ng dahon at damo. Himig ng kalikasan, hininga'y hinahaplos, habang hinahawi ang hamog sa umaga; himala ng buhay, hatid ay saya. Tunog ng tubig sa tumana, tila tinig na tumutula, tahimik na tadhana ng tula, tangan-tangan ang tuwa sa tuwina.



Pagpapalalim

Panuto: Mula sa binasang halimbawa ng tula na gumagamit ng aliterasyon. Tukuyin ang mga tayutay na aliterasyon.



Paglalapad ng Karunungan

PANDIWA (NAGAGANAP/IMPERPEKTIBO)


Ang “nagaganap” o imperpektibo ay isang aspekto ng pandiwa sa wikang Filipino na ginagamit upang ipahayag ang isang aksyon o kilos na kasalukuyang nangyayari o patuloy na ginagawa. Karaniwan itong ginagamit sa mga pandiwang nagsasaad ng isang proseso o kilos na hindi pa tapos sa kasalukuyang panahon. Ang mga pandiwang nasa aspektong imperpektibo ay madalas nagtatapos sa mga panlapi na -um-, mag-, nag-, ma-, na-, at iba pa.

Halimbawa:

1. **Kumakain** si Ana ng almusal tuwing umaga.
2. **Naglalaro** ang mga bata sa parke.
3. **Nagsusulat** ako ng liham para sa aking kaibigan.
4. **Nag-aaral** ang mga estudyante para sa kanilang pagsusulit bukas.
5. **Tumatakbo** ang aso sa paligid ng bahay.

Pagsasanay


Panuto: Bumuo ng isang tulang pambata patungkol sa iyong pamilya. Huwag kalimutang gumamit ng mga tayutay na aliterasyon.



Paglatag ng Kasanayan

Panuto: Gawaing Pangkatan. Sumulat ng makabuluhang pangungusap tungkol sa mga kilos na ipinapakita sa larawan. Gamitin nang wasto ang aspekto ng pandiwa na nagaganap sa pagsulat ng pangungusap.






Pagsasalansan

Sa bahaging ito, nalaman natin ang tulang pambata ay isang mahalagang kasangkapan sa paghubog ng kamalayan at imahinasyon ng mga bata. Bukod dito, lubos ang ating naging pagkatuto sapagkat naunawaan natin ang kahulugan ng aliterasyon at ang gamit ng pandiwa sa pagpapahayag.

ARALIN 16

Ang Lihim na Hardin ng Barangay Dilim



Sa araling ito, mababasa ang kuwentong kababalaghan na magbibigay aral. Makapagbibigay rin ng reaksiyon sa pangyayari sa babasahing teksto. Sa pamamagitan ng iba't ibang gawain mahuhubog ang kamalayan sa pang-unawa sa tekstong naratibo.



Layunin

- ◊ Naibibigay ang opinyon at reaksiyon sa pangyayari.
- ◊ Nasusuri ang layon ng teksto (magsalaysay).
- ◊ Natutukoy ang pang-abay na panggaano at ingklitik sa pangungusap.
- ◊ Nagagamit ang pangkalahatang kayarian ng teksto sa pagbuo ng diskurso sa paglalahad muli/recount.



Paghihibla ng mga Salita

lihim (li-him) – isang bagay o impormasyon na hindi alam ng maraming tao at kadalasang itinatago o hindi ibinubunyag.

babala (ba-ba-la) – ito ay isang paalala o pahayag na nagsasabi na may posibleng panganib o dapat pag-ingatan.

natanaw (na-ta-naw) – ibig sabihin nito ay nakita mo ang isang bagay mula sa malayo.

gantimpala (gan-tim-pa-la) – ito ay isang bagay na ibinibigay bilang pabuya o regalo kapag gumawa ka ng mabuti o nagtagumpay sa isang bagay.

kabutihan (ka-bu-ti-han) – ito ay ugali ng pagiging mabait, matulungin, at paggawa ng mabuti sa kapwa.

Panuto: Basahin ang pangungusap. Tingnan ang salitang nakasalungguhit at isulat sa patlang ang kasingkahulugan nito.


1. May **lihim** na sikreto si Ana tungkol sa sorpresa para sa kaarawan ni Carlos.

2. Nagbigay ng **babala** ang guro sa mga estudyante na huwag mag-ingay habang nasa aklatan.

3. **Natanaw** ni Jose ang tutok ng bundok mula sa kaniyang bintana sa umaga.

4. Bilang **gantimpala** sa kaniyang pagsisikap, binigyan siya ng medalya sa matematika.

5. Kilala si Liza sa kaniyang kabutihan at pagiging matulungin sa kapwa.



Paghahabi ng Kaalaman

Naglalayong ipakilala sa mga mag-aaral ang mundo ng kuwentong kababalaghan, isang genre ng panitikan na pumapaksa sa mga pangyayaring hindi maipaliwanag ng siyensya at lohika.

Ang Lihim na Hardin ng Barangay Dilim

1. *Ano ang unang pumapasok sa iyong isipin kapag naririnig ang salitang kababalaghan?*
2. *Nakagawa ka na ba ng kabutihan sa iyong kapwa?*





Sa isang maliit na barangay na tinatawag na Barangay Dilim, may kumakalat na kuwento tungkol sa isang lihim na hardin. Ayon sa mga matatanda, ang hardin na ito ay naglalaman ng mga dipangkaraniwang halaman at bulaklak na hindi matatagpuan kahit saan. Subalit, may babala sila: walang sinumang nakapasok na sa harding iyon ang nakabalik pa.

Natanaw -
tumutukoy sa
pagkakakita o
pagmamasid sa
isang bagay o lugar
mula sa malayo

Si Marco, na nasa ikaapat na baitang, ay hindi naniniwala sa mga kuwentong ito. Isang hapon, habang siya ay naglalaro malapit sa gubat, natanaw niya ang pasukan patungo sa sinasabing lihim na hardin. Pinangunahan ng kaniyang kuryosidad, pumasok siya roon. Ang hardin ay puno ng makukulay na bulaklak at kakaibang mga hayop. Habang siya ay naglalakad, nakita niya ang isang lumang bahay na gawa sa kahoy. Sa harap nito, may isang matandang babae na tila hinihintay siya.

Lihim -
nangangahulugang
hindi alam o hindi
ipinaalam sa iba

Lumapit si Marco sa matanda, at doon niya nalaman ang lihim ng hardin. Ang matanda ay isang mabuting engkanto na nagbabantay sa hardin upang protektahan ito mula sa masasamang loob. Ipinakita niya kay Marco na ang tunay na kayamanan ng hardin ay hindi lamang sa kaniyang kagandahan, kundi sa kakaibang kapangyarihan nito na pagalingin ang sakit at kalungkutan. Bilang gantimpala sa kaniyang kabutihan at tapang, binigyan si Marco ng isang espesyal na bulaklak na makakatulong sa kanyang may sakit na lola. Pagbalik ni Marco sa kanyang barangay, gumaling ang kaniyang lola, at naging lihim niya na rin ang tungkol sa mahiwagang hardin.

Gantimpala -
tumutukoy sa
pabuya, premyo, o
anumang ibinibigay
bilang kapalit ng
paggawa ng isang
bagay na karapat-
dapat papurihan o
kilalanin.




Pagtatagpi ng Talino

- A. **Panuto:** Sagutin ang mga katanungan batay sa binasang akda.
1. Ano ang pangalan ng pangunahing tauhan sa kuwento?
 2. Ipaliwanang kung bakit hindi naniniwala si Marco sa mga kuwento tungkol sa lihim na hardin.
 3. Ano ang kaniyang natuklasan pagpasok sa hardin?
 4. Bakit sa tingin mo mahalaga ang babala ng mga matatanda tungkol sa hardin, at paano ito nakatulong kay Marco sa kaniyang pakikipagsapalaran
 5. Kung ikaw si Marco, paanom mo gagamitin ang espesyal na bulaklak na ibinigay ng matandang engkanto para tulungan ang iyong komunidad?
- B. **Panuto:** Suriin ang layon ng tekstong binasa sa pamamagitan ng pagtukoy ng mga aral na napulot mula sa akda. Isulat ang iyong sa bawat kahon.

--	--	--

Mga Aral mula sa Kuwento




Paglililaw sa mga Kaalaman

Ang **kuwentong kababalaghan** ay isang uri ng panitikan na karaniwang naglalaman ng mga elemento ng misteryo, kakaiba o supernatural na pangyayari, at madalas ay may kasamang takot o suspense. Karaniwan itong umiikot sa mga hindi maipaliwanag na pangyayari, mga nilalang na hindi pangkaraniwan tulad ng multo, engkanto, aswang, o iba pang mga nilalang na bahagi ng mitolohiya o folklore.



Sa mga kuwentong kababalaghan, ang mga pangyayari ay hindi pangkaraniwan at kadalasan ay lumalabas sa lohika ng pang-araw-araw na buhay. Maaaring ito ay tungkol sa mga haunted na lugar, mga sumpa, mahiwagang bagay, o kakaibang mga karanasan na hindi maipaliwanag ng siyensya o lohika.

Ang layunin ng ganitong uri ng kuwento ay hindi lamang upang magbigay ng kilabot at aliw sa mga mambabasa o tagapakinig kundi minsan ay naglalaman din ito ng mga aral, babala, o simbolismo tungkol sa buhay at kultura. Sikat ang mga kuwentong kababalaghan sa iba't ibang kultura sa buong mundo at madalas itong bahagi ng oral na tradisyon na naipapasa mula sa isang henerasyon patungo sa susunod.



Pagpapalalim

Panuto: Tukuyin kung **tama** o **mali** ang pahayag.

- _____ 1. Ang kuwentong kababalaghan ay naglalaman din ito ng mga aral, babala, o simbolismo tungkol sa buhay at kultura.
- _____ 2. Ang kuwentong kababalaghan ay isang uri ng tekstong naratibo.
- _____ 3. Sa mga kuwentong kababalaghan, ang mga pangyayari ay pangkaraniwan at kadalasan ay hindi lumalabas sa lohika ng pang-araw-araw na buhay.

- _____ 4. Ang kuwentong kababalaghan ay isang uri ng panitikan na karaniwang naglalaman ng mga elemento ng misteryo, kakaiba o supernatural na pangyayari.
- _____ 5. Karaniwan itong umiikot sa mga hindi maipaliwanag na pangyayari, mga nilalang na hindi pangkaraniwan



Paglalatap ng Karunungan

PANG-ABAY NA INGLITIK

Ang **ingklitik** ay mga salita o katagang ginagamit sa pagdaragdag sa kahulugan ng isang pahayag. Subalit wala itong kahulugan kung ito at salita lamang, mauunawaan mo lamang ang mga ingklitik sa paggamit nito sa mga pangungusap.

Halimbawa: pa, man, na, kasi, sana, ba, lang/lamang, muna, yata, nga, rin/din, raw/daw, kaya, naman.

Mga Halimbawa:

- Doon nga, nakilala niya ang mabuting engkanto, **na** sa wakas ay nagbigay liwanag sa tunay na hiwaga ng hardin.
- Sa kaniyang pagbalik, tuwang-tuwa ang kaniyang pamilya nang malamang gumaling na ang kaniyang lola, dahil **nga** sa espesyal na bulaklak na kaniyang nadala.
- Lumapit si Marco sa matanda at doon niya **lamang** nalaman ang hiwaga ng hardin.

PANG-ABAY NA PANGGAANO

Ang **pang-abay na panggaano** ay sumasagot sa mga tanong na “gaano” o “magkano” at nagsasaad ito ng timbang, bigat, o sukat.

Mga Halimbawa:

- Si Marco ay nakakita ng **limang** kakaibang bulaklak na hindi pa niya nakikita kahit saan sa lihim na hardin.

Pagsasanay

A. **Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang pangungusap sa bawat bilang. Tukuyin ang pang-abay na may salungguhit at isulat sa patlang.

- _____ 1. **Bigla** lang naisipan ni Marco na tingnan ang hardin na ito, **kahit** may mga babala ang mga matatanda.
- _____ 2. **Napakalaki** ng pagbabago sa mukha ni Marco nang siya ay lumabas mula sa hardin, dala ang espesyal na bulaklak para sa kanyang lola.
- _____ 3. **Tahimik** na lumapit si Marco sa lumang bahay, **bakas** ang kuryosidad sa kanyang mukha.
- _____ 4. **Gaano** kaganda kaya ang lihim na hardin na hindi pa nakikita ng karamihan sa barangay?
- _____ 5. Sadyang kakaiba ang mga bulaklak at halaman sa hardin, na hindi **pa** nakikita ni Marco kahit saan.

B. **Panuto:** Ibigay ang iyong opinyon sa binasang teksto.







Paglatag ng Kasanayan

Panuto: Magpapangkat sa apat. Ilahad ang kuwentong binasa sa tulong ng grapikong pantulong sa ibaba. Isulat ang sagot sagutang papel.

ANG LIHIM NA HARDIN NG BARANGAY DILIM



Pagsasalansan

Sa araling ito, ay inaaasahang magpapakita ng mas malalim na pag-unawa sa kuwentong kababalaghan. Kasama rito ang pag-aaral ng paggamit ng pang-abay, na may partikular na pokus sa pagtukoy ng mga ito sa loob ng mga pangungusap. Sa pamamagitan ng kanilang kakayahang isalaysay muli ang mga kuwento na puno ng mga hindi pangkaraniwang pangyayari at misteryo, hindi lamang nila naipapakita ang kanilang interes at imahinasyon sa ganitong uri ng panitikan, kundi pati na rin ang kanilang kakayahan sa pag-unawa at pagsasalita sa Filipino.

ARALIN 17

Ang Misyonero



Sa araling ito, mababasa ang kasaysayan ng isang bayaning matatawag dahil sa buhay na inialay ang paglilingkod sa Panginoon, ito'y isang kuwentong tiyak na ika'y mamamangha sa ipinakita niyang tapang na harapin ang panganib. Kuwento ng isang misyonero na naglilingkod nang tapat sa Diyos. Tuturuan tayong maging determinado sa isang misyon sa kabila ng mga pagsubok na maaaring kaharapin. Gayundin, matututuhan natin kung paano magamit ang pangatnig at hugnayang pangungusap sa pagpapahayag.



Layunin

- ◇ Naibabalangkas ang mahahalagang impormasyon.
- ◇ Naibibigay ang sariling reaksiyon.
- ◇ Natutukoy ang katotohanan at opinyon.
- ◇ Nasusuri ang layon ng teksto (maglahad – recount – talambuhay ng taong may makabuluhang ambag sa lipunan).
- ◇ Nakabubuo ng pahayag gamit ang hugnayang pangungusap at natutukoy ang pangatnig sa bawat pangungusaap.
- ◇ Nakabubuo ng tekstong may mga panandang nag-uugnay ng mga ideya ayon sa layon, kahulugan, tagapakinig,/mambabasa, at konteksto. (tekstong impormatibo (paglalahad muli – recount).



Paghihibla ng mga Salita

dokumento (do-ku-men-to) – kasulatan, papeles

itinalaga (i-ti-na-la-ga) – itinakda

tumiwalag (tu-mi-wa-lag) – umalis o nagbitiw

bineyatipikahan (bi-ne-ya-ti-pi-ka-han) – isang pagkilala na ibinibigay ng Simbahan sa pag-akyat sa langit ng mga taong namatay

idineklara (i-di-nek-la-ra) – ipinahayag, sinabi

sakristan (sak-ris-tan) – katuwang o katulong ng pari sa simbahan

binyag (bin-yag) – isang sakramento o ritwal ng mga kristiyano na ginagawaran ng paglulubog sa tubig o pagbubuhos ng banal na tubig sa may ulunan ng sanggol o maging nasa-edad na, bilang tanda ng pagiging bahagi niya sa pamayanang kristiyano

himagsik (hi-mag-sik) – pag-aalsa, pagrerebelde

paratang (pa-ra-tang) – bintang

pinagbantaan (pi-nag-ban-ta-an) – tinakot, binigyang babala

Panuto: Lagyan ng ekis (X) ang salitang hindi kasali sa pangkat ng mga salita.

1.	dokumento	kasulatan	katibayan	papeles
2.	ipinuwesto	ibinuwis	itinalaga	naatasan
3.	tumiwalag	tumanggi	umayaw	bumitaw
4.	sumang-ayon	nakiisa	umoo	sumunod
5.	idineklara	inanunsyo	inutusan	ipinroklama



Paghahabi ng Kaalaman

Mula sa kaniyang kabataan, buong pusong inialay ni Pedro Calungsod angkaniyang sarili kay Kristo at bukas-palad siyang tumugon sa Kaniyang tawag. Ang mgakabataan ngayon ay maaaring kumuha ng lakas ng loob at pag-asa sa kaniyang mgaginawa bilang pagmamahal kay Kristo. Hinihikayat tayo ni Pedro Calungsod na magingkalugud-lugod sa Diyos at mahalin natin Siya katulad ng ginawa niyang pagsunod sa kaniya.

Ang Talambuhay ni Padre Calungsod

1. *Tayong mga Pilipino ay relihiyoso. Kaninong santo ka deboto?*
2. *Alam mo rin ba ang pinagdaanan ni San Pedro Calungsod noong buhay pa siya?*





Ayon sa mga dokumento, si Calungsod ay ipinanganak sa Iloilo noong 1654. Hindi matukoy ang kaniyang pinagmulan dahil sa kakaunting kaalaman tungkol sa kaniyang buhay. Batay sa ilang kasulatan, siya ay nag-aral sa Loboc, Bohol. Siya ay naging sakristan at katekista kasama ang mga paring Heswita noong kaniyang kabataan.

Ilang katutubo ang kaniyang nabinyagan?

Noong 1668, naatasan siyang sumama sa isang ekspedisyong papuntang Guam upang magsagawa ng sakramento ng binyag. Naging matagumpay ang kanilang misyon dahil nabinyagan nila ang mahigit na 13,000 katutubo at nakapagpatayo pa ng isang simbahang ipinangalan kay San Ignacio de Loyola.

Ano ang problemang kanilang kinaharap?

Sa kabila ng mga ito, marami ring problemang kinaharap ang kanilang grupo. Isa na rito ang paninira laban sa mga misyonaryo ng isang Tsino na nagngangalang Choco. Sinabi niyang may lason ang tubig na ginagamit sa pagbibinyag at pati rin ang alak na ginagamit sa misa at dahil dito nalito ang mga katutubo. Isa pa ay ang paghihimagsik ni Huran na nagpahina sa misyon.

Noong ika-2 ng Abril, 1672, dumalaw si Padre Diego at Pedro Calungsod sa Tumahon. Napag-alaman nilang may bagong panganak doon kaya pinuntahannila ang amang si Matapang, isang dating Kristiyano ngunit tumiwalag dahil sa maling paratang ni Choco. Hindi siya pumayag na binyagan ang kaniyang anak at pinagbantaan niya si Padre Diego at Pinuntahan ni Matapang si Hirao, isang kaibigan, upang hikayating sumali sa tangkang pagpatay sa mga misyonero. Noong una, tumanggi si Hirao dahil sa kabaitan ng mga misyonero. Subalit nang tinawag siyang duwag ni Matapang ay sumang-ayon na rin siya.

Kung ikaw si Hirao, papayag ka ba sa gusto ni Matapang?

Habang wala si Matapang, bininyagan ni Padre Diego ang bata nang may pahintulot ng kaniyang ina. Nang dumating si Matapang at napag-alaman niya ang nangyari, sinugod nila ang mga misyonero. Una nilang inatake si Pedro dahil maaari nitong ipagtanggol si Padre Diego. Maliksing naiwasan ni Pedro ang mga sibat at maaari pa raw sana siyang tumakbo ngunit hindi na niya ito ginawa. Sa huli ay tinamaan siya sa dibdib at natumba. Noon tinaggas ni Hirao ang kaniyang ulo. Bago siya binawian ng buhay ay binendisyonan siya ni Padre Diego. Pagkatapos, tinangka ni Padre Diego na hikayatin sina Matapang at Hirao na magbalik-loob sa Diyos. Ngunit sinibat din siya at tinaga. Kinuha ni Matapang ang suot na krusipiho ni Padre Diego at dinurog ito. Hinubaran nila ang mga misyonero, tinalian ng malaking bato, dinala sa dagat, at itinaon.

Noong hapon ding 'yon, dumating ang mga kasamahan nina Padre Diego at Pedro sa Tumhon at doon nila nalaman ang nangyari kina Padre Diego at Pedro.

Noong ika-5 ng Marso 2000, na beatipikahan ni Papa Juan Pablo II si Pedro Calungsod. Siya ay inaalala tuwing ika-2 ng Abril, ang araw ng kaniyang kamatayan.

Noong Disyembre 2011, pumayag si Papa Benito XVI na pag-aralang muli kung karapat-dapat na maging santo si Beato Pedro Calungsod. Ito ay nang napagaling niya ang isang ginang na dalawang oras nang idineklarang "brain dead".

Noong ika-21 ng Oktubre 2012, ipinahayag ni Santo Papa ang kaniyang pagtalaga ng mga bagong Santo at kasali na rito si Pedro Calungsod.



Pagtatagpi ng Talino

A. **Panuto:** Sagutin ang mga tanong batay sa binasang talambuhay. Isulat ang iyong sagot sa isang buong papel.

1. Alin sa mga katangian ni San Pedro Calungsod ang pinakagusto mo?
2. Kung kasama ka sa mga Kabataang misyonero, ipagpapatuloy mo ba ang ganitong gawain?
3. Ano ang iyong nararamdaman sa pagkakaroon natin ng ikalawang Pilipinong santo? Ipaliwanag.
4. Bilang isang Kabataan, ano ang kaya mong gawin upang makapaglingkod sa Diyos?
5. "Inialay niya ang kaniyang Kabataan sa paglilingkod sa Diyos."

- B. **Panuto:** Mula sa binasang talambuhay, isa-isahin ang mahahalagang tala ng buhay ni Padre Calungsod.

-
-
-
-
-




Paglililinaw sa mga Kaalaman

Ang **buod** ay pinakaiksing kuwento. Dito nakasaad ang mga mahahalagang detalye ng buong kuwento.


Tandaan ang mga sumusunod sa pagbubuod.

1. Piliin ang mga pangunahing paksa at pantulong na detalye. Ang pangunahing paksa ang siyang paksang pinag-uusapan sa isang talata, samantalang ang pantulong na detalye naman ang mga pangungusap na sumusuporta sa pangunahing paksa.
2. Ihiwalay ang mga mahahalagang paksa sa hindi mahahalagang paksa.
3. Pagsama-samahin ang mga mahahalagang paksa sa isang talata



Pagpapalalim

Panuto: Balikan ang talambuhay ni San Pedro Calungsod. Isulat ang buod nito at Ibigay ang sariling reaksiyon o opinyon sa pagtalaga kay Pedro Calungsod bilang isang Santo.



Paglalapad ng Karunungan

PANGATNIG

Ito ay mahalagang bahagi ng pananalita sapagkat ito ay nagdudugtong sa dalawang salita, parirala, o pangungusap.

May dalawang tinatawag na mga pangkat ng pangatnig at ito ay ang mga **nag-uugnay ng mga sugnay na magkatimbang at di-magkatimbang**.

- **Pangatnig na Nag-uugnay na Magkatimbang** – ito ay ang mga pangatnig na *o, ni, maging, at, ngunit, kundi, subalit, datapwat, bagamat, pero*. Pinagbubukod nito ang mgakaisipang magkakaugnay o magkakapareho ng kaisipan.

Halimbawa:

- ◇ Si Pedro Calungsod ay sumama sa ekspedisyon papuntang Guam at naging bahagi ng matagumpay na misyon na nabinyagan ang mahigit na 13,000 katutubo.

- ◇ Sasama ka ba **o** magpapaiwan na lang?
- ◇ Maagang nawalan ng mga magulang si Juan **subalit** hindi ito naging hadlang para siya ang makapag-aral.
- ◇ Nais ni Hirao na tumulong sa mga misyonero ngunit nagbago ang kanyang isip dahil sa tawag ni Matapang na duwag siya.
 - **Pangatnig na Nag-uugnay na Hindi Magkatimbang** – ito ay ang mga pangatnig na *kung, kapag, pag, dahil, dahil sa, sapagkat, palibhasa, kaya, kung gayon, sana*. Pinagbubukod nito ang mga kaisipang magkaiba o magkasalungat ang kaisipan.

Halimbawa:

- ◇ Bagama't tinangka ni Padre Diego na hikayatin sina Matapang at Hirao na magbalik-loob sa Diyos, subalit sinibat pa rin siya at tinaga.
- ◇ Bininyagan ni Padre Diego ang bata **dahil** sa pahintulot ng kanyang ina, kahit na tumutol ang amang si Matapang.
- ◇ Hindi masamang mangarap '**pag** nais mo itong matupad.
- ◇ Gabi nan ang makauwi sa bahay si Lea **dahil** inabutan siya ng malakas na ulan.
- ◇ Nabibili ni Loren lahat ng gusto niya **palibhasa'y** mayaman sila.

HUGNAYANG PANGUNGUSAP

Ang **hugnayang pangungusap** ay binubuo ng isang sugnay na makapag-iisa at isang sugnay na 'di-makapag-iisa.

Ang **sugnay na makapag-iisa** ay isang payak na pangungusap na may isang diwa. Kaya nitong tumayo at magkaroon ng sariling kahulugan. Samantalang ang **sugnay na 'di-makapag-iisa** ay hindi buo ang diwa at kailangang may kasamang sugnay na makapag-iisa upang magkaroon ng kahulugan.

Ginagamit ang mga pang-ugnay na kung, kapag, pag, nang, upang, dahil sa, sapagkat, para pagdugtungin ang dalawang sugnay.

Halimbawa:

"Si Padre Pedro Calungsod, na isang batang martir at misyonero, ay kinilala sa buong mundo, kahit na siya ay bata pa nang siya ay mamatay dahil sa kanyang pananampalataya."

Sugnay na Makapag-iisa: "Si Padre Pedro Calungsod, na isang batang martir at misyonero, ay kinilala sa buong mundo"

Sugnay na Di-makapag-iisa: “kahit na siya ay bata pa nang siya ay mamatay dahil sa kanyang pananampalataya”

Pangatnig: “kahit na”

Bagama’t siya ay bata pa, nagpakita si Padre Pedro Calungsod ng kahanga-hangang katapangan at debosyon sa kanyang misyon, kaya siya ay itinuring na isang huwaran ng kabataang Katoliko.”

Sugnay na Makapag-iisa: “nagpakita si Padre Pedro Calungsod ng kahanga-hangang katapangan at debosyon sa kanyang misyon”


Sugnay na Di-makapag-iisa: “Bagama’t siya ay bata pa”

Pangatnig: “Bagama’t”

Pagsasanay

- A. **Panuto:** Tukuyin ang sugnay na makapag-iisa at sugnay na di-makapag-iisa sa bawat pangungusap.
1. Si Padre Pedro Calungsod ay ipinanganak sa Iloilo noong 1654, at siya ay naging sakristan at katekista kasama ang mga paring Heswita noong kaniyang kabataan.
 2. Kapag binabalikan ang kasaysayan, hindi matukoy ang pinagmulan ni Padre Pedro Calungsod dahil sa kakaunting kaalaman tungkol sa kaniyang buhay, pero marami ang humanga sa kanyang debosyon at sakripisyo.
 3. Si Padre Pedro Calungsod ay sumama sa isang ekspedisyon papuntang Guam noong 1668 upang magsagawa ng sakramento ng binyag, subalit maraming problema ang kinaharap nila, kabilang na ang paninira ni Choco.
 4. Noong ika-2 ng Abril, 1672, dumalaw si Padre Diego at Padre Pedro Calungsod sa Tumahon, pero hindi pumayag si Matapang na binyagan ang kaniyang anak, na nagdulot ng malaking gulo.
 5. Si Padre Pedro Calungsod ay beatipikado noong Marso 2000, ngunit ang kanyang kanonisasyon bilang santo ay naganap noong Oktubre 2012, matapos ang masusing pagsusuri sa kanyang mga himala.


- B. **Panuto:** Magsalaysay patungkol sa isang taong iyong hinahangaan at naging inspirasyon siya ng nakararami. Kahit iyan ay isang simpleng mamamayan, kaibigan, kapamilya o kahit sino pa man na masasabing isang inspirasyon para sa lahat halina't isalaysay mo ang kanyang buhay. Gumamit ng pangatnig sa pagsasalaysay.



Paglatag ng Kasanayan

Panuto: Sa tulong ng iyong kapares, balikan ang binasang alamat at suriin ang layon ng teksto.

LAYON NG
TEKSTO



Pagsasalansan

Ang layunin ng teksto ay hindi lamang maglahad ng mga pangyayari sa buhay ng isang tao, kundi rin masuri ang kahalagahan at impluwensya nito sa lipunan. Kasama rin dito ang pagkakaroon ng kakayahan na makabuo ng mga pahayag gamit ang hugnayang pangungusap, na mahalaga para sa malinaw at lohikal na pagpapahayag ng ideya.

ARALIN 18

Tekstong Biswal at Liham Pangkaibigan (Pakikiramay)



Sa araling ito, tatalakayin natin ang paggawa ng isang liham para sa ating kaibigan o kakilala. Aalamin din ang ilang mahahalagang bahagi ng aklat. Bukod dito, pag-uusapan natin ang mga elemento ng tekstong biswal at kung paano ito nagbibigay-kahulugan sa ating pag-aaral.



Layunin

- ◇ Natutukoy at nabibigyang-kahulugan ang mga elementong biswal.
- ◇ Nakasusulat ng teksto batay sa iba't ibang layon ng akademiya at transaksiyonal na teksto.
- ◇ Nagagamit ang angkop na wika sa pagpapahayag na isinasaalang-alang ang edad, kasarian, paksa, at kultura tuwing may salusalo at pagdiriwang ng kaarawaan.



Paghihibla ng mga Salita

kasanayan (ka-sa-na-yan) – ang kasanayan ay tumutukoy sa kakayahan o abilidad na natutunan o nadebelop sa pamamagitan ng pagsasanay, karanasan, o edukasyon.

bahagi (ba-ha-gi) – ang salitang “bahagi” ay tumutukoy sa isang piraso o seksyon ng isang bagay na mas malaki.

tahanan (ta-ha-nan) – tumutukoy sa lugar kung saan nakatira ang isang pamilya o indibiduwal.

pagsubok (pag-su-bok) – tumutukoy sa anumang hamon, suliranin, o sitwasyon na nangangailangan ng lakas, katatagan, o talino upang malagpasan.

manalig (ma-na-lig) – nangangahulugang magkaroon ng tiwala o pananampalataya sa isang bagay o sa isang tao.

Panuto: Gamitin sa makabuluhang pangungusap.

1. Kasanayan

2. Bahagi

3. Tahanan

4. Pagsubok

5. Manalig



Paghahabi ng Kaalaman

Ang pagsulat ng liham pangkaibigan ng pakikiramay ay isang mahalagang kasanayan na nagpapakita ng kabutihan, pagkakaibigan, at pagmamalasakit sa kapuwa.

Liham Pangkaibigan Pakikiramay

- 1. Anong mga salita ang magandang gamitin sa liham upang ipahiwatig na ikaw ay nakikiramay sa kanilang kalungkutan?*
- 2. Sa paanong paraan mo maipapadama sa iyong kaibigan, sa pamamagitan ng liham, na nariyan ka para suportahan siya sa panahon ng kanyang kalungkutan?*



Pakikiramay - tumutukoy sa pagpapahayag ng simpatya o empatiya sa isang tao na nakaranas ng pagkawala o pagdurusa, lalo na sa oras ng pagkamatay ng isang mahal sa buhay.

Tahanan - Nagsisilbing tirahan o bahay.

Pagsubok - Tumutukoy sa problema

December 27, 2023

Mahal kong kaibigan,

Nabalitaan ko ang nangyaring sunog sa inyong tahanan at nais kong iparating ang aking malalim na pakikiramay sa inyo sa panahong ito ng kagipitan. Lubos akong nalulungkot sa nangyari at nais kong malaman mo na narito ako upang magbigay ng suporta sa abot ng aking makakaya.

Alam kong napakahirap ang mawalan ng tahanan at mga mahahalagang ari-arian, at ang sakit na dulot nito ay hindi basta-basta. Sa mga oras na ganito, mahalagang magsama-sama at magtulungan ang mga magkakaibigan at mag-anak. Nais kong malaman mo na bukas ang aking tahanan para sa iyo at sa iyong pamilya, kung kailanganin ninyo ng pansamantalang matutuluyan o anumang tulong.

Kung mayroon kang kailangan, maging ito man ay damit, pagkain, o tulong sa pag-ayos ng inyong mga pangangailangan, huwag kang mag-atubiling makipag-ugnayan sa akin. Handa akong maglaan ng oras at *resources* upang makatulong sa inyong muling pagbangon.


Sa mga darating na araw, alam kong marami kang pagdadaanang pagsubok, ngunit nais kong ipaalala sa iyo na hindi mo ito kailangang harapin nang mag-isa. Nandito kami, ang iyong mga kaibigan, handang magbigay ng suporta at lakas sa anumang paraan na aming magagawa.

Sa kabila ng trahedyang ito, manalig tayo na mayroong bagong simula at pag-asa. Ang mahalaga ay ligtas kayo at magkasama bilang pamilya. Sa panahon ng pagsubok, mas lumalabas ang katatagan at tapang ng bawat isa.

Muling ipinaaabot ko ang aking pakikiramay at handang tulong. Magingat kayo at alam mong palagi kang nasa aking isipan at panalangin.

Nagmamalasakit,
Daisy





Pagtatagpi ng Talino

- A. **Panuto:** Sagutin ang mga katanungan tungkol sa binasang liham. Isulat ang iyong sagot sa isang buong papel.
1. Ano ang pangunahing layunin ni Daisy sa pagsulat ng liham sa kaniyang kaibigan?
 2. Sa anong paraan inalok ni Daisy ang kaniyang tulong sa kanyang kaibigan na naapektuhan ng sunog?
 3. Anong uri ng emosyonal na suporta ang ipinahayag ni Daisy sa kaniyang liham?
 4. Paano ipinakita ni Daisy ang kaniyang pag-aalala at pakikiramay sa kaniyang kaibigan?
 5. Anong mga konkretong hakbang o tulong ang inihandang ibigay ni Daisy para sa kaniyang kaibigan at sa pamilya nito?
 6. Sa iyong palagay, tama lang ba ang ginawang pagtulong ni Daisy sa kaniyang kaibigan?
 7. Bakit dapat pangalagaan ang ating kapaligiran?
- B. **Panuto:** Sumulat din ng maikling liham para sa iyong kaibigan na nangangailangan ng tulong.



Paglilinaw sa mga Kaalaman

Ang paggamit ng mga bahagi ng aklat bilang pangkalahatang sanggunian, tulad ng glosari at bibliyograpiya, ay isang mahalagang kasanayan sa akademikong pag-aaral at pananaliksik.

Narito ang ilang paraan kung paano magamit ang mga bahaging ito:

1. **Glosari (Glossary)** – Ang glosari ay isang listahan ng mga termino na mayroong mga kahulugan o paliwanag. Ito ay madalas matatagpuan sa dulo ng aklat.

- **Paraan ng Paggamit** – Gamitin ang glosari upang hanapin ang kahulugan ng mga teknikal o espesyalisadong salita na ginamit sa aklat. Ito ay lalong kapaki-pakinabang sa pag-unawa ng mga konsepto na bago o hindi pamilyar sa mambabasa.




2. **Bibliyograpiya (Bibliography)** – Ang bibliyograpiya ay isang listahan ng mga sanggunian, gaya ng mga libro, artikulo, at iba pang materyales, na ginamit ng awtor sa paggawa ng aklat.

- **Paraan ng Paggamit** – Suriin ang bibliyograpiya para sa karagdagang pag-aaral o pananaliksik. Ito ay maaaring magbigay ng mga pahiwatig sa iba pang kapaki-pakinabang na materyales o akda na may kaugnayan sa paksa ng aklat. Maaari rin itong gamitin bilang gabay sa paghahanap ng karagdagang impormasyon o sa pagkilala sa kredibilidad ng impormasyong nakapaloob sa aklat.



Ang epektibong paggamit ng glosari at bibliyograpiya ay nagpapalawak ng kaalaman at nagpapahusay sa kasanayan sa pananaliksik. Ito rin ay tumutulong sa mambabasa na maging mas maging kritikal sa paghahanap at paggamit ng impormasyon.



Pagpapalalim

Panuto: Itala ang mga dapat lamanin ng Glosari at Bibliyograpiya.

GLOSARI	BIBLIYOGRAPIYA



Paglalatapat ng Karunungan

PAGSUSURI SA ELEMENTONG BISWAL

Ang pagsusuri sa kaangkupan ng elementong biswal at simbolong kultural na ginamit sa pagbuo ng iba't ibang uri ng teksto at visual na media, tulad ng memes, logo, icons, barcode, QR code, at cartooning, ay isang mahalagang aspeto ng visual literacy at komunikasyon.

Narito ang mga hakbang at pamamaraan upang masuri ang kanilang kaangkupan:

1. Konteksto at Layunin ng Pagbuo

- Suriin ang layunin ng materyal.

Halimbawa, ang isang logo ba ay para sa isang korporasyon o non-profit organization? Ang isang meme ba ay may layuning magbigay-aliw o maghatid ng kritikal na mensahe?

2. Pagkakakilanlan ng Kultural na Simbolo

- Tukuyin kung anong kultural na simbolo ang ginamit.

Halimbawa, ang paggamit ba ng partikular na kulay, hugis, o imahe ay may espesipikong kahulugan sa isang kultura?

3. **Angkop na Paggamit ng Kulay at Disenyo**

- Suriin kung ang mga kulay at disenyo ay naaayon sa mensahe at target na audience.

Halimbawa, ang paggamit ba ng mga maliwanag na kulay sa isang logo ay naaangkop para sa uri ng serbisyong inaalok?

4. **Kultural na Sensitibo at Pagiging Politikang Korekto**

- Alamin kung ang mga ginamit na simbolo o elemento ay sensitibo sa aspektong kultural o politikal.

Halimbawa, ang isang cartoon ba ay sumusunod sa etikal na pamantayan at hindi nagpapakita ng stereotyping?

5. **Kaalaman sa Kasaysayan at Konteksto**

- Isaalang-alang ang historikal na background at konteksto ng mga simbolo.

Halimbawa, ang paggamit ba ng isang partikular na simbolo o imahe ay may kaugnayan sa historikal o kultural na pangyayari?

6. **Reaksiyon ng Madla**

- Obserbahan at suriin ang reaksiyon ng madla. Nakakatugon ba ang disenyo sa inaasahan ng target audience? Nagdudulot ba ito ng positibo o negatibong reaksiyon?

7. **Teknikal na Aspeto**

- Suriin ang teknikal na aspeto ng disenyo, gaya ng resolution sa mga digital na imahe, linaw ng mga QR code o barcodes, at legibility ng mga font sa teksto.

Sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga elementong ito, maaaring matukoy kung ang paggamit ng mga biswal at simbolong kultural ay epektibo, angkop, at sensitibo sa konteksto at audience nito.

Pagsasanay

Panuto: Suriin ang larawan sa ibaba.



Ang meme ba ay may layuning magbigay-aliw o maghatid ng kritikal na mensahe?

Pagsusuri:




Surrin kung ang mga kulay at disenyo ay naayon sa mensahe at target na audience.

Pagsusuri:



Paglatag ng Kasanayan

Panuto: Magtulungan sa pagpili ng isang kultural na tradisyon o festival (tulad ng Pasko, Panagbenga, Sinulog) at gawan ng poster na nagpapakita ng paggamit ng tekstong biswal na may kahalagahan sa kultura at lipunan.



Pagsasalansan

Sa araling ito, natutuhan ang iba't ibang elemento ng tekstong biswal. Nakabubuo rin ng liham pangkaibigan at nagagamit ang mga katangian ng pagsulat ng liham. Natalakay rin ang paggamit ng mga bahagi ng aklat bilang pangkalahatang sanggunian, tulad ng glosari at bibliyograpiya.

Gawain sa Pagganap

Paglikha ng Talambuhay ng Lokal na Bayani

Pasulatin ang mga mag-aaral ng isang Talambuhay ng Lokal na Bayan na naglalarawan ng isang nakawiwiling pangyayari o karanasan mula sa kanilang lokal o rehiyonal na pamayanan. Ang talambuhay na ito ay dapat nagpapakita ng kanilang kahusayan sa wastong gramatika, kaangkupan ng salita/retorika, estilo, at estruktura.

Mga Hakbang:

1. Pumili ng isang lokal na bayani sa iyong lugar o rehiyon na may makabuluhang ambag sa lipunan. Maaaring ito ay isang guro, komunidad na lider, artistang lokal, o anumang indibidwal nak ilala sa kanilang mga nagawa.
2. Magsagawa ng pananaliksik tungkol sa buhay, ambag, at mga tagumpay na napiling bayani.
3. Isulat ang talambuhay ng bayani gamit ang tamang gramatika, kaangkupan ng salita/retorika, estilo, at istruktura. Sundan ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari mula sa pagsilang hanggang sa mga ambag sa lipunan.

Pagsusumite: Isulat ang talambuhay sa isang malinis na papel o i-type at i-print. Dapat itong isumite sa itinakdang petsa.

Rubrik para sa Paglikha ng Talambuhay ng Lokal na Bayani

Mataas (4)

Nangangailangan ng Pagpapabuti (2)

Katamtaman (3)

Mahina (1)

Kategorya	(4)	(3)	(2)	(1)
Gramatika	Walang gramatikal na pagkakamali.	May iilang gramatikal na pagkakamali na hindi nakakaapekto sa pagkaunawa.	May maraming gramatikal na pagkakamali na bahagyang nakakaapekto sa pagkaunawa.	Gramatikal na pagkakamali ay malubhang nakakaapekto sa pagkaunawa.

Kaangkupan ng Salita/ Retorika	Angkop na salita at retorika na nagpapayaman sa teksto.	Karamihan sa mga salita ay angkop at may ilang paggamit ng retorika.	Ilang angkop na salita, limitadong paggamit ng retorika.	Maling pagpili ng salita, walang retorika.
Estilo	Malikhaing estilo at kaakit-akit ang pagkakasulat.	May estilo ngunit kulang sa pagkaakit-akit.	Kulang sa estilo, karaniwan ang pagkakasulat.	Walang istilo, mahirap basahin.
Estruktura at Organisasyon	Mahusay na organisado at malinaw ang estruktura.	Organisado ngunit may ilang bahagi na hindi malinaw.	Kulang sa organisasyon at may mga bahaging hindi malinaw.	Walang organisasyon, magulo ang estruktura.
Paglalarawan ng Lokal/ Rehiyonal na Karanasan	Malinaw at detalyadong paglalarawan ng lokal o rehiyonal na karanasan.	Sapat na paglalarawan ngunit kulang sa detalye.	Hindi gaanong malinaw o detalyado ang paglalarawan.	Walang paglalarawan ng lokal o rehiyonal na karanasan.

KABANATA 4

Sa kabanatang ito, tatalakayin ang mga aspekto ng wika at literatura upang mapalawak ang bokabularyo at gramatika, kasama ang denotasyon at konotasyon. Pag-aaralan din ang mga tekstong naratibo at impormatibo para sa mas malalim na pagpapahalaga sa literatura. Layunin nitong paunlarin ang pag-unawa sa wika bilang kasangkapan sa pagpapahayag at ang kakayahan sa paglikha ng mga tekstong kaugnay sa komunidad at lipunan.

ARALIN 19

Alamat ng Niyog



Sa araling ito, tatalakayin ang konsepto ng sanhi at bunga, ang wastong paggamit ng panghalip pamanggit, at ang pagbasa at pag-unawa sa mga kuwentong alamat, na layuning palawakin ang kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa at pagpapahayag.



Layunin

- ◇ Natutukoy kung sanhi o bunga ang nakasulat na parirala.
- ◇ Nakabubuo ng pangungusap gamit ang panghalip pamanggit.
- ◇ Natutukoy ang angkop na salita upang mabuo ang pangungusap.



Paghihibla ng mga Salita

pagsasaing (pag-sa-sa-ing) – paraan ng pagluluto ng bigas para maging kanin

pag-igib (i-gib) – pagkuha ng tubig mula sa isang pinagkukunan

kapitbahay (ka-pit-ba-hay) – mga nakatira sa katabing bahay

kalsada (kal-sa-da) – dinaraan ng tao o sasakyan

aksidente (ak-si-den-te) – hindi sinasadyang pangyayari

karpintero (kar-pin-te-ro) – taong gumagawa ng mga bagay na gawa sa kahoy

pagpanaw (pag-pa-naw) – pagkamatay ng isang tao

Panuto: Tukuyin at isulat sa patlang kung anong salita ang angkop upang mabuo ang mga pangungusap sa ibaba. Pumili mula sa mga salita sa paghihibla ng mga salita.

1. Maaga niyang natapos ang _____ ng tubig mula sa balon.
2. Inaayos ngayon ng inhinyero ang lubak-lubak na _____.
3. May _____ na nangyari sa pagitan ng trak at dyip doon kina lola.
4. Natapos na ng _____ ang ipinapagawang bahay ng tiyuhin ko.
5. Naging sanhi ng malawakang rebolusyon ang _____ ni Jose Rizal.



Paghahabi ng Kaalaman

Ang niyog ay isa sa mga pangunahing produktong pang-agrikultura sa Pilipinas. Tinagurian ito bilang Tree of Life o puno ng buhay dahil lahat ay may gamit mula sa ugat hanggang sa dahon ng niyog. Walang itinatapon at nasasayang na bahagi kapag pinoproceso ito.

Alamat ng Niyog

1. Anong ugali ng kabataan ang ikinakagalak ng mga magulang?
2. Sa iyong palagay, ano ang pinagmulan ng niyog?



Bata pa lamang si Yog ay matulungin na siya sa kaniyang mga magulang. Pagbangon, siya ang nagsasaing sa kanilang bahay. Kahit hindi magsabi ang kaniyang nanay ay nililinis na agad ni Yog ang kanilang bahay matapos magsaing. Kapag handa na ang lahat, mag-iigib naman siya ng tubig para panligo niya at ng kaniyang mga kapatid. Pag-uwi naman galing sa paaralan ay mabilis na naghahanda si Yog para sa kanilang hapunan. Inuuna niya ang gawaing bahay at pagtulong sa kaniyang mga magulang kaysa sa paglalaro sa kalsada.

Sino ang batang tumutulong sa magulang?

Tumutulong ka rin ba sa gawaing bahay?

“Anak, lumapit ka nga dito. Yayakapin ka ni nanay. Sobrang sipag mo talaga anak,” sabi ni Aling Ines sa kaniyang anak habang patapos na ang kanilang nilulutong panghapunan.

Sino ang nanay ni Yog?

Pero hindi lang sa bahay masipag si Yog. Kapag walang pasok ay tumutulong din siya sa mga nangangailangang kapitbahay. Minsan ay nagkakarapintero. Minsan ay nagwawalis ng kalsada. Minsan din ay tumutulong sa pagbubuhay ng mga inilalako ng mga kapitbahay.

Ano ang madalas gawin ni Yog?

“Yog, patulong naman sa pinapanday ko,” sigaw ng isang kapitbahay.

“Yog, pakiwalis naman ang mga dahon sa kalsada,” sabi ng isa pa.


Naging malapit na si Yog sa mga kapitbahay dahil sa mga tulong na ibinigay niya sa kanila. Marami rin sa kanila ang saludo sa pakikitungo niya sa komunidad. Nakakaya niya kasing tulongan ang kahit sinong nangangailangan sa kaniya.

Kanino naging malapit si Yog? Bakit?

“Naku! Napakasuwerte talaga nina Ines at Obeng diyan sa anak nila. Napakasipag!” minsang sabi ng isa nilang kapitbahay.

“Oo nga eh. Sana ganyan din kasipag ang mga anak ko,” sabi naman ng isa pa.

Isang araw, habang umaakyat si Yog sa puno sa likod ng kanilang bahay ay aksidente siyang nadulas at nahulog. Ito ang naging dahilan ng kaniyang pagpanaw. Maraming mga kapitbahay ang nalungkot dahil sa nangyari. Di kalaunan, may tumubong puno sa lugar kung saan nahulog si Yog. Tulad ni Yog, nagkaroon nang maraming gamit para sa kanila ang iba’t ibang bahagi ng punong tumubo kaya tinawag nila itong “Ang puno ni Yog”. Sa katagalan nakilala ito bilang niyog.



Pagtatagpi ng Talino

A. **Panuto:** Basahin at sagutin ang mga sumusunod na tanong tungkol sa binasang kuwento. Isulat ang iyong sagot sa isang buong papel.

1. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento?
2. Ano ang pangalan ng mga magulang ni Yog?
3. Ano-ano ang ginagawang trabaho ni Yog sa loob at labas ng bahay?
4. Maliban sa bahay, saan pa tumutulong si Yog?
5. Ano ang sabi ng mga kapitbahay tungkol kay Yog?
6. Saan naaksidente si Yog?
7. Bakit pumanaw si Yog?
8. Ano ang iyong naramdaman sa pagpanaw ni Yog?
9. Sa iyong palagay, huwaran ba si Yog? Ipaliwanag.
10. Paano mo ipakikilala si Yog bilang isang kaibigan sa ibang tao? Ipaliwanag.

B. **Panuto:** Isulat sa bawat kahon kung ano ang katangian ni Yog na iyong hinahangaan.

.....

.....

.....



Paglililaw sa mga Kaalaman

SANHI AT BUNGA

Ang **sanhi** ay isang ideya o pangyayari na maaaring humantong sa isang bunga. Samantala, ang **bunga** naman ay isang ideya o pangyayaring naganap matapos ang isang sanhi. Layunin nitong ipakita na kaya naganap ang isang pangyayari dahil may nauna pa kaysa rito. Sa gawaing ito, kailangan nating pag-aralan at tingnang mabuti ang isang pangyayari.

Halimbawa:

Sanhi: Si Yog ay mahilig magwalis sa kanilang bakuran

Bunga: kaya palaging malinis at maayos dito.

Sanhi: Masipag sa bahay si Yog

Bunga: kaya masaya ang kaniyang ina.

Sanhi: Matulungin sa kapitbahay si Yog

Bunga: kaya tuwang-tuwa sila sa kaniya.



Pagpapalalim

Panuto: Alamin kung sanhi o bunga ang mga nakasulat na parirala. Isulat sa patlang ang **S** kung sanhi at **B** kung ito ay bunga.

- _____ : Bata pa lamang si Yog ay matulungin na siya sa kaniyang mga magulang
_____ : kaya naman hindi sila nahihirapan sa mga gawaing bahay.
- _____ : Naging malapit na si Yog sa mga kapitbahay
_____ : dahil sa mga tulong na ibinigay niya sa kanila.
- _____ : Pumanaw si Yog
_____ : dahil siya ay nahulog sa pag-akyat ng puno.
- _____ : Hindi nagkakasakit si Juan
_____ : dahil mahilig siyang kumain ng mga masusustansiyang pagkain.
- _____ : Nahuli si Noynoy sa kaniyang pulong
_____ : dahil hindi dumating ang eroplano sa takdang oras



Paglalatap ng Karunungan

PANGHALIP PAMANGGIT

Malaki rin ang naitutulong paggamit ng panghalip sa pagsasalaysay ng mito. Ang isa sa mga uri nito ay ang panghalip pamanggit. Ito ay ginagamit tagapag-ugnay o tulay na nagdudugtong sa dalawang pananalita o kaisipan.

Ang ilan sa mga halimbawa nito ay *umano, diumano, ani, raw, daw, sa ganang akin at sa ganang iyo*. Kung mapapansin, kapag ang mga panghalip na ito ay ginamit ang pangungusap na pinaggamitan nito ay nagsasaad ng walang katiyakan o kasiguraduhan.

Halimbawa:

1. Si Yog **raw** ay napakasipag at matulungin, ayon sa mga kuwentong kumakalat sa kanilang barangay.
2. Ang puno na tumubo kung saan nahulog si Yog ay tinawag na niyog, **diumano**, bilang pag-alala sa kanya.
3. Napakabait ni Yog, **ani** ng isang kapitbahay, “palaging handang tumulong sa kahit sino”.

Pagsasanay

A. **Panuto:** Isulat sa iyong kwaderno ang ginamit na panghalip pamanggit sa pangungusap.

1. Mayroon daw tumubo na niyog kila Aling Ines.
2. Ang puno na iyon ay tinawag raw na “Puno ni Yog”
3. Diumano kaya pumanaw si Yog, dahil siya ay nadulas at nahulog.
4. Sadyang masipag daw si Yog.
5. Ani ng mga kapitbahay ni Aling Ines na sila ay napakasuwerte kay Yog.

B. **Panuto:** Gamitin sa pangungusap ang natukoy na panghalip pamanggit.



Paglatag ng Kasanayan

A. **Panuto:** Magsulat ng mga pangungusap na naglalaman ng sanhi at bunga ayon sa mga paksa sa ibaba.

1. Pagkuha ng mataas na marka

Sanhi: _____

Bunga: _____

2. Pagkapanalo sa timpalak

Sanhi: _____

Bunga: _____

3. Pagbaha sa kalsada

Sanhi: _____


Bunga: _____

B. **Panuto:** Bawat pangkat ay gagampanan ang naatas na gawain para sa lahat. Siguruhing makikiisa ang bawat miyembro ng pangkat.

Pangkat 1 - Sa pamamagitan ng iskit, ibuod ang Alamat ng Niyog.

Pangkat 2 - Iguhit ang pinakamagandang pangyayari sa Alamat ng Niyog at ipaliwanag ito sa klase.

Pangkat 3 - Ibigay ang mahahalagang aral na natutuhan mula sa akda at ipaliwanag sa klase.



Pagsasalansan

Sa araling ito nabasa ang isang kuwentong naratibo na kapupulutan ng aral. Nalaman mo rin ang kahulugan ng sanhi at bunga at nakagagawa ka rin ng pangungusap gamit ang panghalip pamanggit.

ARALIN 20

Biag ni Lam-Ang (Epiko ng Ilokano)



Sa araling ito, iyong mauunawaan at malalaman ang katangian ng pangunahing tauhan sa babasahing teksto at ang pakikipagsapalaran nito. Gayundin, matututuhan ang pang-uring pamilang at kaantasan ng pang-uri.



Layunin

- ◇ Naibibigay ang pagkakaiba at pagkakatulad ng mga pangyayari.
- ◇ Naibibigay ang natuklasang kaalaman sa teksto.
- ◇ Nasusuri ang layon ng teksto.
- ◇ Nagagamit ang pang-uring pamilang at kaantasan ng pang-uri (lantay).



Paghihibla ng mga Salita

isinilang (i-si-ni-lang) – ipinanganak

pangkat (pang-kat) – grupo ng mga tao

gumayak (gu-ma-yak) – tumutukoy sa paghahanda o pag-aayos, lalo na sa konteksto ng paghahanda para sa isang partikular na gawain o okasyon.

mahiwaga (ma-hi-wa-ga) – ginagamit upang ilarawan ang isang bagay na hindi madaling maunawaan o mayroong elemento ng misteryo.

tradisyon (tra-di-syon) – kaugalian, paniniwala, o gawaun na ipinapasa mula sa henerasyon patungo sa susunod.

Panuto: Gamitin sa pangungusap ang mga salita sa ibaba:


1. isinilang

2. pangkat

3. gumayak

4. mahiwaga

5. tradisyon



Paghahabi ng Kaalaman

Ang “Biag ni Lam-ang” (Ang Buhay ni Lam-ang) ay isang mahabang salaysay ng pakikipagsapalaran ng isang bayaning Ilokano.

Biag ni Lam-Ang (Epiko ng Ilokano)

1. *Sino ang kilala mong bayani?*
2. *Ano-anong katangian mayroon ang isang bayani?*





Saan isinilang si Lam Ang?

Si Lam-ang ay isinilang sa Nalbuan, ngayon ay kilala bilang La Union, sa Luzon. Naiiba siya sa karaniwan dahil ipinanganak siyang nakapagsasalita na at may kakaiba g lakas. Ang kanyang ama, si Don Juan, ay umalis upang parusahan ang isang pangkat ng mga Igorot na pumatay sa kanyang kapatid, ngunit hindi na nakabalik.

Bakit naghiganti si Lam Ang?


Lumaki si Lam-ang na may pambihirang lakas at talino. Nang siya ay magbinata, nagpasya siyang hanapin ang kanyang ama. Sa kanyang paglalakbay, nalaman niya na pinatay ang kanyang ama ng mga Igorot. Naghiganti si Lam-ang sa pamamagitan n g pakikipaglaban at pagpatay sa mga Igorot na pumatay sa kanyang ama.

Sino si Ines Kannoyan?

Pagkatapos ng paghihiganti, gumayak si Lam-ang sa Calanutian upang li gawan si Ines Kannoyan, na kilala sa kanyang kagandahan. Upang mapabilib si Ines at ang kanyang mga magulang, nagpakita si Lam-ang ng kanyang kayamanan at kapangyarihan, kabilang ang pagkakaroon ng mahiwagang mga alagang hayop.

Bilang bahagi ng kanilang tradisyon, sumisid si Lam-ang sa ilog upang manghuli ng isang partikular na isda. Sa kasamaang palad, siya ay nilamon ng isang malaking isda. Sa tulong ng kanyang alagang tandang at aso, si Lam-ang ay muling nabuhay.

Matapos muling mabuhay, nagpatuloy ang kasal ni Lam-ang at ni Ines Kannoyan. Namuhay sila nang masaya at masagana pagkatapos ng kanilang kasal. Ang epiko ay nagtatapos sa pagpapakita ng tagumpay ni Lam-ang hindi lamang sa pag-ibig kundi pati na rin sa mga hamon ng buhay.




Pagtatagpi ng Talino

- A. **Panuto:** Sagutin ang mga tanong batay sa binasang epiko. Isulat ang iyong sagot sa isang buong papel.
1. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwentong nabasa?
 2. Ano-ano ang mga katangian ng pangunahing tauhan?
 3. Ano-ano ang mga kakaibang ginawa ng pangunahing tauhan sa kuwento?
 4. Bilang isang mag-aaral, ano ang iyong hinahangaang katangian ni Lam-Ang? Ipaliwanag.
 5. Sa iyong palagay, ano ang aral na nais ituro ng epiko ni Lam-Ang? Panindigan.
- B. **Panuto:** Itala ang mga impormasyong pagkakatulad at pagkakaiba ng kultura ng epikong Biag ni Lam-Ang (Epiko ng mga Ilokano) at Ullalim (Epiko ng Kalinga)

Biag ni Lam-Ang
(Epiko ng mga Ilokano)

Ullalim (Epiko ng Kalinga)




Paglililinaw sa mga Kaalaman

Ang tulang nabasa ay epiko. Ang salitang **epiko** ay hango sa salitang griyego na “epos” na nangangahulugan “awit” ngunit sa kasalukuyan ay tumutukoy sa pasalaysay na kabayanihan ng pangunahing tauhan. Nagtataglay ng katangiang nakahihigit sa karaniwang tao ang bida sa epiko. Kadalasan siya ay nanggaling sa lipi ng mga Diyos at Diyosa. Ang karaniwang paksa ng epiko ay paglalakbay, pakikidigma, at kabayanihan ng pangunahing tauhan. Bago pa man dumating ang mga Kastila, marami ng epiko ang Pilipinas. Kabilang dito ang Hudhud ng Ifugao, Ullalim ng Kalinga, Ibalon ng Bicol, Hinilawod ng Hiligaynon at marami pang iba.

Narito ang ilang pangunahing katangian at aspekto ng epiko:

1. **Mahabang Tulang Pasalaysay** – Ang epiko ay kadalasang inaawit o binibigkas sa mahabang anyong tula na maaaring umabot sa libo-libong taludtod.
2. **Bayani bilang Pangunahing Tauhan** – Ang pangunahing tauhan sa isang epiko ay karaniwang isang bayani na may natatanging katangian tulad ng pambihirang lakas, tapang, o katalinuhan. Sila ay madalas na may lahing divine o kalahating diyos.
3. **Pakikipagsapalaran** – Ang epiko ay naglalahad ng mga pambihirang pakikipagsapalaran ng bayani na kadalasang may kasamang paglalakbay sa malalayong lugar o iba’t ibang dimensyon.
4. **Elemento ng Mahika at Mitolohiya** – Madalas ding makakita sa mga epiko ang paggamit ng mahika, mitolohiya, at pakikipag-ugnayan sa mga diyos, diyosa, at iba pang sobrenatural na nilalang.
5. **Halimbawa ng mga Epiko** – Ilan sa mga kilalang halimbawa ng epiko sa buong mundo ay ang “Iliad” at “Odyssey” ni Homer mula sa Greece, “Mahabharata” at “Ramayana” mula sa India, at sa Pilipinas, kilala ang “Biag ni Lam-ang” mula sa Ilocos, at ang “Hudhud” at “Alim” ng mga Ifugao.
6. **Kultural na Kahalagahan** – Ang mga epiko ay hindi lamang pasalaysay ng mga pakikipagsapalaran kundi naglalaman din ng mahahalagang aral, tradisyon, at kaugalian ng kultura kung saan ito nagmula.
7. **Pagpapahayag ng mga Paniniwala at Halaga** – Ang epiko ay nagpapakita rin ng mga paniniwala, pilosopiya, at mga moral na halaga ng isang kultura o lipunan.

Ang mga epiko ay isang mahalagang bahagi ng literatura at kultura ng iba't ibang bansa at nagbibigay ito ng mahalagang pananaw sa kasaysayan, paniniwala, at tradisyon ng mga tao.



Pagpapalalim

Panuto: Tukuyin kung **tama** o **mali** ang pahayag.

- _____ 1. Ang epiko ay kadalasang inaawit o binibigkas sa mahabang anyong tula na maaaring umabot sa libo-libong taludtod.
- _____ 2. Ang pangunahing tauhan sa isang epiko ay karaniwang isang bayani na may natatanging katangian tulad ng pambihirang lakas, tapang, o katalinuhan.
- _____ 3. Ang epiko ay naglalahad ng mga pambihirang pakikipagsapalaran ng bayani na kadalasang may kasamang paglalakbay sa malalayong lugar o iba't ibang dimensyon.
- _____ 4. Madalas ding makakita sa mga pabula ang paggamit ng mahika, mitolohiya, at pakikipag-ugnayan sa mga diyos, diyosa, at iba pang sobrenatural na nilalang.
- _____ 5. Ilan sa mga kilalang halimbawa ng epiko sa buong mundo ay ang alamat ng pinya at alamat ng niyog.
- _____ 6. Ang mga epiko ay hindi lamang pasalaysay ng mga pakikipagsapalaran kundi naglalaman din ng mahahalagang aral, tradisyon, at kaugalian ng kultura kung saan ito nagmula.
- _____ 7. Ang epiko ay nagpapakita rin ng mga paniniwala, pilosopiya, at mga moral na halaga ng isang kultura o lipunan.



Paglalapad ng Karunungan

PANG-URING PAMILANG

Ang **pang-uring pamilang** ay isang uri ng pang-uri na ginagamit upang magbilang o tumukoy sa dami o bilang ng pangngalan o panghalip. May iba't ibang uri ng pang-uring pamilang:

1. **Pamilang na Patakaran** – Tumutukoy sa eksaktong bilang ng mga bagay. Halimbawa: isa, dalawa, tatlo.
2. **Pamilang na Pahalaga** – Nagpapahayag ng halaga o presyo ng isang bagay. Halimbawa: limampiso, sandaang piso.
3. **Pamilang na Panunuran** – Nagpapakita ng pagkakasunud-sunod. Halimbawa: una, ikalawa, ikatlo.
4. **Pamilang na Patakda** – Tumutukoy sa tiyak na dami o bilang ng isang pangkat o kabuuan. Halimbawa: kalahati, isang dosena.
5. **Pamilang na Palansak** – Ginagamit para sa dami na hindi tiyak ang bilang. Halimbawa: ilan, marami, kaunti.

KAANTASAN NG PANG-URI

Ang **kaantasan ng pang-uri** naman ay tumutukoy sa paghahambing ng katangian ng mga pangngalan o panghalip. May apat na kaantasan ng pang-uri:

1. **Lantay:** Naglalarawan ng katangian ng isang pangngalan o panghalip nang walang paghahambing. Halimbawa: malakas, matipuno.
2. **Pahambing:** May dalawang uri:
 - **Magkatulad:** Ginagamit kung ang pinaghahambing ay may pantay na katangian. Halimbawa: Kasinglakas ni Biag ni Lam-Ang si Bantugan.
 - **Di-Magkatulad:** Ginagamit kung ang pinaghahambing ay hindi pantay ang katangian. May dalawang anyo ito:
 - **Pasahol (Mas... kaysa):** Halimbawa: Mas mabilis tumakbo si Lam-Ang kaysa kay Don Juan.
 - **Pasukdol (Pinaka-):** Ginagamit para ipakita ang pinakamatindi o pinakasukdol na antas ng katangian. Halimbawa: Siya ang pinakamabilis tumakbo sa kanilang lahat.

Ang pag-aaral ng mga pang-uring pamilang at kaantasan ng pang-uri ay mahalaga sa pagbuo ng mas malinaw at tiyak na paglalarawan sa loob ng isang pangungusap.

Pagsasanay

Pang-uring Pamilang

Panuto: Tukuyin ang ginamit na pang-uring pamilang sa bawat pangungusap.

1. Sa gulang na siyam na buwan pa lamang, ay malakas, matipuno at malaking lalaki na si Lam-ang.
2. Kasama niya sa pagtungo sa lupain ng mga Igorot ang isang Mahiwagang Tandang, ang Tangabaran, at ang isang Mahiwagang Aso.
3. Si Lam-ang at si Ines ay ikinasal nang marangya at maringal sa simbahan.
4. Nagpadala si Lam-ang ng dalawang barkong puno ng ginto at nasiyahan ang mga magulang ni Ines.
5. Sa sobrang dungis na nanggaling kay Lam-ang, namatay ang mga isda sa Ilog Amburayan at nagsiahon ang mga igat at alimasag sa pampang.

Kaantasan ng Pang-uri



Panuto: Tukuyin ang ginamit na lantay at pahambing sa bawat pangungusap.

1. Si Lam-ang ay naging malakas at matipuno kahit sa gulang na siyam na buwan pa lamang.
2. Si Lam-ang ay kasingtapang ng kanyang ama, si Don Juan, sa pakikipaglaban sa mga kaaway.
3. Sa kanyang paglalakbay, si Lam-ang ay nagpakita ng pambihirang lakas at katapangan.
4. Si Lam-ang ay mas malakas kumpara sa ibang mga mandirigma sa kanilang nayon.
5. Ang paglalakbay ni Lam-ang sa lupain ng mga Igorot ay isang mahiwagang pakikipagsapalaran.



Paglatag ng Kasanayan

Panuto: Pumili ng magiging kapareha upang maisagawa ang gawaing ito. Ilista sa loob ng bilog ang mga katangian ni Lam-Ang na iyong natuklasan sa binasang epiko.



Pagsasalansan

Ang “Biag ni Lam-ang” ay hindi lamang isang kuwento ng pakikipagsapalaran kundi isang epikong nagpapakita ng mga halaga ng katapangan, pagmamahal, at katapatan. Ito rin ay isang mahalagang bahagi ng panitikang Pilipino na sumasalamín sa mayamang kultura at tradisyon ng mga Ilokano. Ang epiko ay nagbibigay diin sa kahalagahan ng pamilya, pag-ibig, at ang pagtupad sa mga tungkulin bilang isang anak at bilang isang bayan.

ARALIN 21

Ang Misteryosong Ilaw sa Gubat



Sa araling ito, mapapaunlad ang iyong kaalaman sa tekstong naratibong babasahin. Mabibigyan rin oportunidad na maipahayag ang sariling ideya at beryson ng kuwento na magpapalawak sa kasanayan sa malikhaing pagsulat at pagpapahalaga sa panitikan.



Layunin

- ◇ Nahuhulaan ang posibleng kalalabasan sa teksto.
- ◇ Nakapagbibigay ng sariling pagwawakas.
- ◇ Nagagamit ang mga bahagi ng panalita sa pagpapahayag (pandiwa: Aspekto (magaganap/kontemplatibo)).
- ◇ Nauuwaan ang tekstong naratibong kuwentong kababalaghan.



Paghihibla ng mga Salita

nayon (na-yon) – ang nayon ay tumutukoy sa isang maliit na komunidad o pamayanan, karaniwang matatagpuan sa rural o probinsyal na lugar.

misteryoso (mis-ter-yo-so) – ang salitang misteryoso ay ginagamit para ilarawan ang isang bagay o sitwasyon na mahirap unawain o ipaliwanag.

mausisa (ma-u-si-sa) – naglalarawan sa isang tao na may matinding pagnanais na malaman o matuklasan ang mga bagay-bagay

sumugod (su-mu-god) – nangangahulugang mabilis na lumapit o pumunta sa isang lugar o sitwasyon, kadalasan ay may kasamang intensyon ng pag-atake o pagharap sa isang hamon

lumitaw (lu-mi-taw) – ginagamit upang ilarawan ang pagpapakita o paglitaw ng isang bagay o tao mula sa hindi pagkakakitaan.

Panuto: Lagyan ng tsek (✓) ang patlang kung tama ang pagkakagamit ng salita sa pangungusap at ekis (X) naman kung ito ay mali.

	1. Sa gitna ng malawak na palayan, matatagpuan ang maliit na nayon kung saan lumaki si Carlos.
	2. Ang lumang mansyon sa dulo ng kalye ay kilala sa pagiging misteryoso at balita na mayroon itong nakatagong lihim.
	3. Palaging mausisa si Ana tungkol sa mga bagay-bagay, laging nagtatanong at gustong malaman ang sagot sa lahat.
	4. Sumugod si Marco sa gitna ng malakas na ulan para iligtas ang kaniyang nawawalang alagang aso.
	5. Pagkatapos ng malakas na ulan, lumitaw ang bahaghari sa kalangitan, puno ng kulay at pag-asa.



Paghahabi ng Kaalaman

Ang kuwentong ito ay nagtuturo ng kahalagahan ng pagrespeto at pagmamahal sa kalikasan. Ipinapakita rin nito na ang kababalaghan ay maaaring maging daan para matutuhan ang mahahalagang aral sa buhay.

Ang Misteryosong Ilaw sa Gubat

1. *Paano mo pinangangalaagan ang inyong kalikasan?*
2. *Para sa iyo, bakit mahalagang pangalagaan ang kalikasan?*





Sa isang nayon, malapit sa gubat, may kumakalat na kuwento tungkol sa isang misteryosong ilaw na nagpapakita tuwing gabi. Sabi ng matatanda, ito raw ay ginagawa ng engkanto na nagbabantay sa gubat.

Si Anna, isang batang Grade 4, ay palaging mausisa tungkol sa mga kwentong kababalaghan. Isang gabi, habang naglalaro siya sa labas ng kanilang bahay, napansin niya ang kakaibang ilaw na nagmumula sa gubat. Naintriga si Anna at dali-dali niyang kinuha ang kanyang flashlight at sumugod sa gubat.

Saan pumunta si Anna?

Habang naglalakad si Anna, lalo niyang nakita na ang ilaw ay lumilipat-lipat ng lugar. “Hindi kaya totoo ang kuwento ng engkanto?” tanong ni Anna sa sarili.

Biglang may narinig siyang mahinang tinig na tumatawag sa kanyang pangalan. “Anna... Anna...” Tumakbo si Anna papalapit sa pinanggagalingan ng tinig. Doon, nakita niya ang isang lumang puno na may kumikinang na ilaw sa mga sanga nito.


Ano ang kanyang natuklasan?

Lumitaw ang isang diwata mula sa ilaw. “Ako si Lira, ang diwata ng gubat. Huwag kang matakot,” sabi ng diwata. “Binabantayan ko lang ang aming tahanan. Tinutulungan ko ang mga hayop at halaman dito.”

Sino si Lira? Ano ang kanyang ginagawa?

Nag-usap sila ni Lira at marami siyang natutuhan tungkol sa kalikasan. Bago umalis, binigyan siya ni Lira ng isang maliit na bato na kumikinang. “Ito ang magpapaalala sa’yo na mahalaga ang ating kalikasan,” sabi ni Lira.

Pagbalik ni Anna sa kanilang bahay, ibinahagi niya ang kanyang karanasan sa kanyang pamilya. Mula noon, naging mas mapagmahal siya sa kalikasan at itinuro rin niya ito sa kanyang mga kaibigan.



Pagtatagpi ng Talino

A. **Panuto:** Basahin at sagutin ang mga sumusunod na tanong tungkol sa binasang kuwento. Isulat ang iyong sagot sa isang buong papel.

1. Ano ang pangalan tauhan sa kuwento?
2. Sino ang kanyang nakilala sa gubat?
3. Ilarawan ang misteryosong ilaw na nakita ni Anna sa gubat. Ano ang kanyang naramdaman nang una niyang makita ito?
4. Kung ikaw si Anna, paamo mo gagamitin ang natutuhan mula sa Diwata para tulungan ang kalikasan sa iyong komunidad?
5. Bakit mahalaga ang papel ng Diwata sa kuwento?

B. **Panuto:** Dugtungan ang sumusunod, bigyan ng sariling wakas ang kuwentong napakinggan o nabasa:

Pagbalik ni Anna sa kanilang bahay, ibinahagi niya ang kaniyang karanasan sa kaniyang pamilya at _____




Paglilinaw sa mga Kaalaman

Ang tekstong naratibo, kilala rin bilang narrative text sa Ingles, ay isang uri ng teksto na naglalahad ng isang kuwento o serye ng mga pangyayari. Ito ay karaniwang naglalaman ng mga sumusunod na elemento:

1. **Tauhan**—Ang mga karakter na bumubuo sa kuwento. Maaaring ito ay mga tao, hayop, o kahit anong nilalang na may papel sa naratibo.
2. **Tagpuan**—Ang lugar at panahon kung saan nagaganap ang mga pangyayari. Mahalaga ang detalye ng tagpuan dahil nagbibigay ito ng konteksto at kapaligiran sa kuwento.

3. **Banghay**—Ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento. Karaniwan itong may simula, gitna, at wakas. Kasama rin dito ang paglalahad ng problema o suliranin at ang resolusyon nito.
4. **Pananaw**—Ang perspektiba kung saan ikinukwento ang naratibo. Maaari itong ikuwento mula sa pananaw ng unang tao (ako, kami), ikalawang tao (ikaw, kayo), o ikatlong tao (siya, sila).
5. **Tema**—Ang pangunahing ideya o mensahe ng kuwento. Ito ang nagsisilbing gabay sa pag-unawa sa mas malalim na kahulugan ng naratibo.



Pagpapalalim

Panuto: Isulat ang tinutukoy na elemento sa bawat bilang.

1. _____ Maaari itong i-kuwento mula sa pananaw ng unang tao.
2. _____ Mahalaga ang detalye ng lugar dahil nagbibigay ito ng konteksto at kapaligiran sa kuwento.
3. _____ Karakter ang bumubuo o nagbibigay buhay sa kuwento.
4. _____ Ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento.
5. _____ Ito ang nagsisilbing gabay sa pag-unawa sa mas malalim na kahulugan ng naratibo.



Paglalapad ng Karunungan

Ang **PANDIWA (MAGAGANAP/KONTEMPLATIBO)** ay mga anyo ng pandiwa sa wikang Filipino. Ang anyong magaganap o kontemplatibo ay ginagamit para ipahayag ang kilos na hindi pa nangyayari ngunit may balak o planong gawin sa hinaharap.

Ito ay isa sa tatlong aspekto ng pandiwa sa Filipino, kasama ang aspektong pangnagdaan (naganap na) at pangkasalukuyan (nagaganap).

Halimbawa ng paggamit ng anyong magaganap o kontemplatibo sa isang pandiwa:

1. Pandiwa: Kumain
 - Kontemplatibo: Kakain
2. Pandiwa: Tumakbo
 - Kontemplatibo: Tatakbo
3. Pandiwa: Sumulat
 - Kontemplatibo: Susulat
4. Pandiwa: Lumangoy
 - Kontemplatibo: Lalangoy
5. Pandiwa: Maglaro
 - Kontemplatibo: Maglalaro

Pagsasanay



Panuto: Punan ang talahanayan ng hinihinging aspekto ng pandiwa. Pagkatapos ay gamitin ito sa makabuluhang pangungusap.

SALITANG KILOS	KONTEMPLATIBO
Awit	
Tanggap	
Lakad	
Takbo	
Bantay	



Paglatag ng Kasanayan

Panuto: Ipangkat ang klase sa apat. Batay sa kuwentong “Ang Misteryosong Ilaw sa Gubat”, pag-usapan ang posibleng kalalabasan ng teksto.



Pagsasalansan

Sa araling ito, naunawaan at napahalagahan mo ang tekstong naratibo tulad ng kuwentong kababalaghan. Kaugnay nito, iyo ring nalaman ang kahulugan, katangian at uri ng maikling kuwento. Gayundin, iyo ring mapapalawak ang kaalaman tungkol sa aspektong pandiwa na kontemplatibo.

ARALIN 22

Hindi Mahalaga ang Kulay



Sa araling ito, matutuhan na ang kulay ng isang tao ay hindi hadlang para siya ay kilalanin. Ituring siyang kapatid at tandaang tayo ay pantay-pantay sa mata ng Diyos. Mahalagang iginagalang natin ang bawat isa.



Layunin

- ◇ Nauunawaan ang tekstong naratibo (tulang pambata)
- ◇ Natutukoy ang tayutay (simili o pagtutulad) sa pagbibigay-kahulugan ng pahayag sa binasa o napakinggang teksto.
- ◇ Naiuugnay ang kaisipan ng akda sa sariling karanasan.
- ◇ Nakabubuo ng tekstong may panandang nag-uugnay ng mga ideya ayon sa layon, kahulugan, tagapakinig/mambabasa, at konteksto.



Paghihibla ng mga Salita

batas (ba-tas) – mga alituntunin na dapat sundin ng tao at upang maging ligtas.

kawangis (ka-wa-ngis) – kahawig at kamukha ng manlilikha.

karamay (ka-ra-may) – taong kasama sa hirap man o ginhawa.

pagsubok (pag-su-bok) – mga pangyayaring hindi inaasahang dumarating.

pamantayan (pa-man-ta-yan) – pinagbasehan o pinagbatayan

Panuto: Basahin at unawain ang mga pangungusap para malaman ang salitang kailangan upang makumpleto ang kahulugan nito. Piliin ang mga salita mula sa kahon at isulat ito sa patlang.

1. Hindi tayo dapat lumalabag sa _____ dahil may kaukulan itong parusa.
2. Kailangan natin ng _____ lalo na kung ito ay isang kaibigan.
3. Nalilito talaga ako sa inyong kapatid dahil _____ niyo talaga ang isa't isa.
4. Ang buhay talaga ay puro _____, pagkatapos ng problema ay isa na namangproblema.
5. Hindi dapat ginawang _____ sa pagrespeto sa tao ang kulay ng kanyang balat.



Paghahabi ng Kaalaman

Ang kulay ng isang tao ay hindi hadlang para siya ay kilalanin. Ituring siyang kapatid at tandaang tayo ay pantay-pantay sa mata ng Diyos. Mahalagang iginagalang natin ang bawat isa.

Hindi Mahalaga ang Kulay

1. *Ano ang tawag natin sa kulay ng mga Pilipino?*
2. *Ano ang iyong masasabi sa iba't ibang lahi ng tao na iyong nakita sa iyong paglalakbay?*



Bakit tayo nilikha
ayon sa wangis ng
Diyos?

1

Tayo ay nilikha ng Poong Maykapal na Kaniyang kawangis,
May sapat na pag-iisip upang maging mabuti sa bawat pagki los,
Palaging sumusunod sa pinag-uutos ng mga magulang at batas,
Upang ating buhay sa ngayon ay mapabuti at sa mga darating
pang bukas.

2

Iba't iba ang kulay ng balat at iba-iba rin ang hugis ng mukha,
Naging ganito ang ating katangian ayon sa Kaniyang itinakda ,
Igalang ang lahat ng Kaniyang mga nilikha lalong-lalo na ang
ating kapwa,
Upang mabuhay tayong mapayapa at punong-puno ng pag-asa at
ligaya.

3

Hindi nakikita sa kulay ng tao ang pag-uugali niyang taglay,
Mas nararapat na siya ay kilalanin, kausapin,
makipagkaibigan, at ituring na karamay.
Sa anomang pangyayari at mga pagsubok sa buhay,
kaniyang oras ay iaalay,
sapagkat itinuring ka niyang kaibigan, maaasahan, at kabutiha'y
ibibigay.

4

Ano ang ibig
sabihin ng linyang
ito "Ang taong
ay nagbubulag-
bulagan"?

May ilang tao pa ring bulag o nagbubulag-bulagan sa
katotohanan,
Hindi natin kailangang husgahan ang tao sa kaniyang panlabas
na Kaanyuan,
Huwag maliitin ang kaniyang pagkatao, pag-iisip, at kakayahan.
Dahil mas pinagpala ang taong nagpapakababa at puno ng
kabutihan.

5

Walang mararating ang mga taong hindi lilingon sa kaniyang
pinanggagalingan,
Sa pag-agos ng buhay ay tila mayroong gimiginhawa at
yumayaman,
Hindi dahil sa kaniyang kulay, pinagmulan, at panlabas na
katangian,

Bagkus sa kaniyang pagsisikap na marating ang mga pangarap at kalagayan.

6


Ngayon pa lamang sa murang isipan ng mga Kabataan sa kasalukuyan,

Huwag gawing pamantayan ang nakikita ng mata o naririnig ng isipan,

Pag-aralan mabuti ang sarili, kapwa, at ituon ang sarili sa kinabukasan,

Nang sa gayon ay malayo ang iyong marating na may busilak na damdamin.

Bakit kailangang kilalanin ang sarili?



Pagtatagpi ng Talino

A. **Panuto:** sagutin ang mga tanong batay sa binasang tula. Isulat ang iyong sagot sa isang buong papel.

1. Ano ang magagawa ng pagsunod sa batas at alituntunin?
2. Ano ang mangyayari sa ating buhay kung igagalang ang kapwa?
3. Sino ang itinuturing na kapuwa sa tula?
4. Bakit hindi kailangang tumingin sa panlabas na katangian ng tao?
5. Paano natin igagalang ang ating kapuwa kahit hindi siya kalahi?
6. Ano ang mangyayari kung madali nating husgahan ang ating kapuwa?

B. **Panuto:** Pag-aralan ang graphic organizer at isulat ang mga katangian ng Pilipino sa loob ng bilog.





Paglililaw sa mga Kaalaman

MGA BAHAGI NG TULA

Ang tula ay uri ng panitikan na karaniwang mas maiksi kaysa mga kuwento. Ang buong punto ng tula ay paglalarawan ng isang paksa gamit ang kakaunti ngunit epektibong salita.

Mayroong dalawang pangunahing bahagi ang isang tula. **Una** ay taludtod na tumutukoy sa bawat linya ng mga salita sa isang salita. Ang bawat taludtod ay mayroong kahulugan na nagpapahayag ng isang bahagi ng kaisipan o mensahe ng tula.

Ang mga **taludtod** ay nagtutulungan upang magbigay ng kumpletong kahulugan sa bawat saknong ng tula. Ang ibang tula rin ay may magkakatugma ang bawat hulihan ng linya. Sa mga taludtod makikita paggamit ng **talinhaga**. Maaaring mahaba ang isang linya na isang pangungusap, maaaring parirala, at sa ibang pagkakataon ang isang linya ay isang salita lamang.


Kapag pinagsama-sama ang mga saknong, makakabuo ka ng isang grupo ng mga linya na tinawatag na **saknong**. Karaniwang binubuo ito ng apat hanggang anim na taludtod sa bawat saknong. Ngunit iba-iba rin ito sa bawat tula, depende sa nagsusulat.

Ang **tayutay** sa tula ay mga pahayag na ginagamit upang magbigay-diin, kulay, at lalim sa mga salita. Isa sa mga karaniwang tayutay na ginagamit sa tula ay ang simili.

Simili o Pagtutulad: Ito ay direktang paghahambing ng dalawang magkaibang bagay na may magkatulad na katangian, gamit ang mga salitang “tulad ng”, “parang”, “kagaya ng”, at iba pa.

Halimbawa: “Ang kaniyang mga mata ay **kasingningning** ng mga bituin.”

Sa pamamagitan ng pag-unawa sa mga saknong at taludtod ng tula, mas maiintindihan natin ang ating binabasa dahil sa magkakahiwalay na ideya ng taludtod at saknong bago natin pag-ugnayin ang mga ito.



Pagpapalalim

A. **Panuto:** Basahin ang mga sumusunod na pangungusap at isulat ang Taludtod kung tumutukoy ito sa taludtod at Saknong kung tungkol ito sa saknong.

- _____ 1. Ang mga linya ng bawat tula.
- _____ 2. Naglalaman ito ng mga salita at paglalarawan sa paksa ng tula.
- _____ 3. Grupo ng mga linya na bumubuo ng isang kaisipan ng tula.
- _____ 4. Karaniwang binubuo ng apat hanggang anim na linya.
- _____ 5. Maaaring iba-iba rin ang bawat bilang ng grupo ng mga linya nito depende sa nagsulat.
- _____ 6. Ito ay ang mas malalaking pagkakahati ng mga ideya tungkol sa tula.
- _____ 7. Dito makikita ang paggamit ng mga talinhaga.
- _____ 8. May mga pagkakataong binubuo nito ng isang pangungusap.
- _____ 9. Ang isang linya ay maaaring kasing-iksi lamang ng isang salita.
- _____ 10. Nagtutulungan ang mga linya para palawakin ang paksa ng tula

B. **Panuto:** Basahin nang mabuti ang saknong mula sa tulang binasa. Isulat ang iyong sariling pagpapakaunawa at tukuyin ang ginamit na tayutay.

Tayo ay nilikha ng Poong Maykapal na Kaniyang kawangis,
May sapat na pag-iisip upang maging mabuti sa bawat pagkilos,
Palaging sumusunod sa pinag-uutos ng mga magulang at batas,
Upang ating buhay sa ngayon ay mapabuti at sa mga darating pang bukas.



Paglalatap ng Karunungan

PANG-ABAY (PANG-AGAM)

Ang pang-abay na pang-agam ay isang uri ng pang-abay na nagpapahayag ng pag-aalinlangan o hindi katiyakan sa isang pahayag o pangyayari. Ito ay karaniwang ginagamit upang ipakita ang pagdududa, posibilidad, o hindi kumpletong katiyakan tungkol sa kinalabasan ng isang aksyon o sitwasyon. Halimbawa ng mga pang-abay na pang-agam ay ang mga sumusunod:

1. **Marahil:** "Marahil ay hindi lamang sa kulay ng balat nakasalalay ang halaga ng isang tao, kundi sa kabutihan ng kaniyang puso."
2. **Baka:** "Baka sa pagkilala natin sa isa't isa, mas malalim na pagkakaibigan ang ating mabuo."
3. **Siguro:** "Siguro, kung magiging bukas tayo sa pagtanggap ng pagkakaiba, mas magiging mapayapa ang ating pamumuhay."
4. **Tila:** "Tila sa pagpapakumbaba at kabutihan, mas maraming pintuan ang magbubukas para sa ating lahat."
5. **Maaari:** "Maaari nating baguhin ang pananaw ng mundo sa pamamagitan ng pagpapakita ng tunay na kahulugan ng pagkakaibigan."
6. **Posible:** "Posible na sa paglilingon natin sa ating pinanggalingan, mas makikilala natin ang ating sarili at ang ating mga kakayahan."
7. **Malamang:** "Malamang, sa pagtutulongan at pag-unawa, ang bawat isa sa atin ay magkakaroon ng pagkakataon na umunlad at magtagumpay."

Ang mga salitang ito ay ginagamit upang ipahiwatig na ang tagapagsalita ay hindi sigurado o may agam-agam tungkol sa kanyang sinasabi, at ginagamit ito upang magbigay ng puwang para sa iba't ibang posibilidad.

Pagsasanay

Panuto: Salungguhitan sa loob ng pangungusap ang mga pang-abay na pang-agam.

1. Marahil ay magiging maayos din ang lahat pagkatapos ng ilang araw.
2. Baka hindi na siya makarating sa oras dahil sa matinding trapiko.
3. Siguro ay nalimutan niya ang kaniyang cellphone sa bahay.
4. Tila masayang-masaya ang mga bata sa kanilang paglalaro sa parke.


5. Maaari tayong magkita bukas ng hapon kung wala kang ibang lakad.
6. Posible na maantala ang pagdating ng eroplano dahil sa masamang panahon.
7. Malamang ay pumasa siya sa eksamen dahil matindi ang kaniyang paghahanda.



Paglatag ng Kasanayan

Panuto: Basahin at unawain ang kaisipan sa akda at iugnay ito sa sariling karanasan.

KAISIPAN SA AKDA	MAIUGNAY NA KARANASAN (NASAKSIHAN O NPAKINGGAN)
Hindi nakikita sa kulay ng tao ang pag-uugali niyang taglay, Mas nararapat na siya ay kilalanin, kausapin, makipagkaibigan, at ituring na karamay.	
Ngayon pa lamang sa murang isipan ng mga Kabataan sa kasalukuyan, Huwag gawing pamantayan ang nakikita ng mata o naririnig ng isipan, Pag-aralan mabuti ang sarili, kapwa, at ituon ang sarili sa kinabukasan, Nang sa gayon ay malayo ang iyong marating na may busilak na damdamin.	



Pagsasalansan

Inaasahang na naunawaan ang diwa at istruktura ng tekstong naratibo sa konteksto ng tula para sa mga bata, natutuhan din ang paggamit ng tayutay, tulad ng simili o pagtutulad upang lalong mapalalim ang pag-unawa sa mga pahayag sa tekstong kanilang binasa o napakinggan. Sa huli, naiugnay rin ang mga ideya at mensahe ng akda sa sariling karanasan.

ARALIN 23

Pakikinig sa Panuto



Ang pakikinig o pagbabasa sa mga panuto ay nagsisilbing gabay na lagi't lagi tayong ihahatid sa tamang lugar o maaari ring tamang pamamaraan ng pagsagot sa mga tanong na ating kinahaharap.



Layunin

- ◇ Naisasaayos at naipakikita ang mga nakalap na impormasyon gamit ang balangkas at dayagram.
- ◇ Naibibigay ang lagom ng teksto.
- ◇ Nakabubuo ng tekstong may panandang nag-uugnay ng mga ideya.
- ◇ Nagagamit ang angkop na wika sa pagpapahayag na isinasaalang-alang ang edad, kasarian, paksa, at kultura sa iba't ibang siwatsyon.
- ◇ Nagagamit ang angkop na mga nakagawiang di-berbal na hudyat sa pagpapahayag.
- ◇ Nagagamit ang pangkalahatang kayarian ng teksto sa pagbuo ng diskurso (naglalahad)



Paghihibla ng mga Salita

dinarayo (di-na-ra-yo) - pinupuntahan ng maraming tao

turista (tu-ris-ta) - karaniwang dayuhan sa isang lugar

agam-agam (agam-agam) - pagdadalawang-isip, pag-aalinlangan

husay (hu-say) - nasa maayos na paraan, lubos o husto

konduktor (kon-duk-tor) - nangangasiwa sa pagbaba at pagsakay ng mga pasahero sa bus

daungan (da-u-ngan) - lugar na tumitigil o humihinto ang mga barko at iba pang sasakyang pandagat

rela (re-la) – tawag sa lokal na bersyon ng traysikel sa Camiguin

Panuto: Gamitin sa pangungusap ang mga sumusunod na salita:

1. turista

2. rela

3. agam-agam

4. daungan

5. konduktor



Paghahabi ng Kaalaman

Ang pakikinig o pagbabasa sa mga panuto ay nagsisilbing gabay na lagi't lagi tayong ihahatid sa tamang lugar o maaari ring tamang pamamaraan ng pagsagot sa mga tanong na ating kinahaharap.

Pakikinig sa Panuto

1. Marunong ka bang sumunod sa panuto?
2. Sino ang madalas mong marinig na nagbibigay nito?





Anong lugar ang nais na bisitahin ng pangunahing tauhan?

Ano ang ibinilin ni Tatang Mikoy kay Sheena at Ruru?

Ang Isla ng Camiguin ang isa sa mga pinakamagandang isla sa Pilipinas. Itinuturing din itong pinakamaliit na lalawigan sa Mindanao at pangalawa sa pinakamaliit sa Pilipinas. Gayunpaman, maliit man ang lalawigan ngunit malaki ang paghanga ng magkaibigang Sheena at Ruru sa lugar na ito. Kaya masayang-masaya sila ng magpasyang magtungo rito ang kanilang pamilya upang dumalaw sa mga kamag-anak na nakatira sa hilagang bahagi ng Mindanao. Bukod sa magandang karagatan ng isla, nais din nilang marating ang Talon ng Katibawasan. Isa ito sa mga sikat na lugar sa isla na dinarayo ng mga turista taon-taon. Sinasabing sinoman ang makarating sa talon ay matutupad ang anomang hilingin. Kaya naman gustong- gusto nina Sheena at Ruru makapunta rito ngunit hindi nila alam kung paano makararating dito.

May nakapagsabi sa magkaibigan na isang nagnangalang Tatang Mikoy ang nakakaalam kung paano pumunta sa talon kaya minabuti nilang magtanong kay Tatang Mikoy na siyang tagaroon sa isla. Si Tatang Mikoy ay kilalang-kilala sa pagiging matandain sa mga lugar at husay sa pagbibigay ng direksyon lalo na sa mga lugar na hindi nalalaman ng mga dayo.

Nang mahanap nila ang kinaroroonan ni Tatang Mikoy, agad nila itong tinanong tungkol sa direksiyon patungo sa talon ng Katibawasan.

“Kailangang makinig kayong mabuti Sheena at Ruru, hindi madaling makarating sa talon, mahaba ang inyong gagawing paglalakbay. Mainam na sundin ang panutong aking babanggitin,” paalala ni Tatang Mikoy habang inaayos ang kaniyang pagkakaupo.

“Kung nais ninyong makarating sa Katibawasan ay kinakailangan ninyong sumakay ng bus sa bayan ng Agora na matatagpuan sa gawing kanan mula sa pagbaba Ninyo ng traysikel. Ang sasabihin ninyo sa konduktor ay ibaba kayo sa daungan ng Balingoan. Ang Balingoan ay nasa gawing kaliwa ng kalsadang inyong babaybayin. Ang kabuoang biyahe mula sa Agora ay dalawang oras.”

“Mahirap po bang makasakay?” tanong ni Ruru. “Basta’t maaga kayo makarating, maaga sa mga abangan at makaabot sa iskedyul ng pag-alis,” tugon ni Tatang Mikoy.

“Sa pagdating ninyo sa daungan ng Balingoan ay tumungo kayo sa bilihan ng tiket patungong Daungan ng Benoni na makikita kapag diniretso ang pagbabaan sainyo ng bus at mayroong mga dalawampung hakbang sa gawing kanan. Ang bilihan ng tiket ay may pinturang dilaw. Ang biyahe ay nasa dalawang oras din. Pagkarating ninyo ng daungan ng Benoni ay sasakay naman kayo ng pampasaherong van patungong bayan ng Mambajao nasa tatlumpong minuto ang tagal ng biyahe,” dagdag pa ni Tatang Mikoy.

“Nakamamangha po ang mga detalye ng aming paglalakbay. Talagang marami po kayong alam sa lugar na ito,” namamanghang sabi ni Sheena.

“Sa panahong ito na maraming bumibisita sa aming lugar, ambag ko ang kaalamang ito sa paggabay sa mga dumarayo sa aming lugar na nakatutulong sa turismo at pagkilala pang lalo sa aming magandang probinsiya,” tugon ni Tatang Mikoy.

“Kaya naman pagdating sa Mambajao ay maaari na kayong sumakay ng rela, ito ang tawag sa mga traysikel dito sa Camiguin o kaya naman ay maaari din kayong sumakay ng habal-habal. Makararating kayo sa talon ng Katibawasan sa loob lamang ng dalawampung minuto. Iyan na ang kabuoan ng iyong paglalakbay sa talon ng Katibawasan. Mag-iingat kayo sa inyong paglalakbay,” sambit ni Tatang Mikoy habang inaayos ang kaniyang mga gamit sa pagbubukid

Namangha ang magkaibigang Sheen at Ruru sa mga ibinigay na impormasyon ni Tatang Mikoy kaya naman nawala na ang kanilang agam-agam at napuno sila ng sigla dahil mararating na nila ang naturang talon at maaari na silang makahiling.

“Ang husay niyo po Tatang Mikoy, nagawa ninyong matandaan ang lahat ng iyon. Sino po ang nagturo sa inyo ng mga panuto na ito?” nagtataakang tanong ni Ruru.

“Ah, Ruru no ong bata pa ako madalas akong sumama sa aking ama sa kaniyang hanapbuhay sa siyudad. Marami rin ang nagtatanong sa aking ama noon tungkol sa mga direksyon at mga sakayan patungo sa

Bakit namangha sina Sheena at Ruru sa pagbibigay ng dieksyon ni Tata Mikoy?

Anop ang hilig gawin ni Tata Mikoy noong bata pa siya?

isang lugar. Lagi akong nakikinig sa mga panuto na ibinigay ng aking ama, at siyang tunay, ang mga nakikinig sa panuto ay hindi nagkakamali o naliligaw kung susundin ito ng tama,” nakangiting tugon ni Tatang Mikoy?

“Tama nga Sheena naalala ko ang ilang leksiyon natin noon sa paaralan tungkol sa pagsunod sa panuto. Maging sa mga pagsusulit natin ay naroon ang mga panutong gabay kung paano natin masasagutan ng wasto ang bawat katanungan,” masiglang banggit ni Ruru.

“Maraming Salamat po Tatang Mikoy sa pagpapaalala sa amin na dapat ay matutong makinig at sumunod sa mga panuto. Ang pagsunod sa panuto ay nangangahulugan din ng pagiging masunurin at pagiging disiplinado ng isang tao,” masayang tugon ni Sheena.

“Sige mga bata, puntahan na ninyo ang inyong mga magulang upang malaman na nila ang panuto upang makarating sa talon ng Katibawasan. Mag-iingat kayo sa inyong paglalakbay. Hangad ko ang inyong lubos na kasiyahan,” masayang pamamaalam ni Tatang Mikoy.

Sa iyong palagay, tama bang sumunod sa panutong ibinigay sa iyo? Ipaliwanag.


“Sige po Tatang Mikoy! Maraming Salamat po!” sabay na sambit ni Sheena at Ruru.

Nasunod nina Sheena at Ruru ang mga ibinigay na panuto at direksiyon ni Tatang Mikoy maliban sa pagpili kung ano ang sasakyan nila patungo sa mismong talon, ang rela ba o ang habal-habal?

“Ruru, huwag na tayong maghabal-habal, nakakatakot umangkas sa motor, matarik ang bundok,” nag-aalalang sabi ni Sheena.


“Sayang mukhang masaya pa naman ang umangkas sa motor para talagang maramdaman natin ang pagtaas-pagbaba ng mga gulong at makita natin ang kabuoan ng mga tanawin,” nanghihinayang na tugon ni Ruru. “tama ka Sheena. Tara sa rela na tayo sumakay,” masiglang pag-aaya ni Ruru.

At sa wakas ay nasaksihan na nga nina Ruru at Sheena ang napakagandang Katibawasan, nagawa rin nilang humiling at umaasang sa pagbabalik rito, maisama na ang kanilang pamilya at iba pang mga kaibigan.



Pagtatagpi ng Talino

- A. **Panuto:** Sagutin ang mga tanong batay sa binasang teksto. Isulat ang iyong sagot sa isang buong papel.
1. Ano ang pangalan ng magkaibigan sa kuwento?
 2. Saan nais magpunta ng magkaibigan?
 3. Sino ang nagbigay ng panuto sa magkaibigan upang mapuntahan ang talon?
 4. Ano-ano ang daungan na dapat nilang mapuntahan bago makarating sa talon?
 5. Ano ang tawag sa traysikel sa Isla Camiguin?
 6. Sino ang natatandaan mong hiningan mo ng panuto sa direksiyon? Bakit?
 7. Sa iyong palagay, kung ikaw si Sheena o si Ruru, hihingi ka rin ba ng panuto upang makarating sa isang lugar na hindi mo kabisado? Ipaliwanag.
- B. **Panuto:** Balikan ang binasang teksto. Isulat ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa pamamagitan ng graphic organizer sa ibaba.





Paglililina sa mga Kaalaman


Ang tekstong iyong nabasa ay **tekstong impormatibo na nakapokus sa pagsunod-sunod sa panuto**. Ang tekstong impormatibo ay madalas na nakikita sa pamamahayag o sa iba pang uri ng tekstong pang-akademiko. Kaugnay nito, ang tekstong impormatibo na nakapokus sa pagsunod-sunod sa panuto ay naglalayong makapagpahayag ng mahalagang impormasyon sa mambabasa sa pamamagitan ng pagbibigay ng manunulat ng panuto. Panuto ang tawag sa mga pahayag na nagbibigay ng tagubilin, gabay o direksyon sa pagsasagawa ng gawain. Mahalagang maintindihan at maunawaan ng tao ang kahalagahan ng pagsunod sa panuto sapagkat ito ay makatutulong upang makaiwas sa kapahamakan.

PAGSUNOD SA PANUTO

Ang isang panuto ay itinuturing na pagbibigay ng tagubilin para sa ipagagawang kautusan, gawain, o pagtungo sa isang lugar na hindi pamilyar o kabisado. Makatutulong sa maayos, ligtas, at magaan pagsasagawa ng isang utos, gawain, o pagpunta sa isang lugar ang wastong pagsunod sa panutong ibinigay. Madalas gamitin ang salitang sa kanan, sa kaliwa, sa likod, sa harap, at iba pang salitang nagbibigay ng direksiyon na siyang maghuhudyat rin ng pagkilos na gagawin. Mahalaga ang panuto sa pagtugon sa tanong na paano gagawin o gagampanan ang isang gawain.

Halimbawa ng Pagsunod sa Panuto:

1. Kumuha ng isang malinis na papel.
2. Gumuhit ng isang malaking kahon.
3. Gumuhit ng bundok sa kanang bahagi ng kahon.
4. Gumuhit ng dagat sa kaliwang bahagi ng kahon.
5. Gumuhit ng langit sa itaas na bahagi ng kahon.
6. Gumuhit ng tatlong kubo sa gawing ibaba ng kahon
7. Isulat ang iyong pangalan sa gitnang bahagi ng kahon



Pagpapalalim

Panuto: Isulat sa patlang kung **Tama** o **Mali** ang ipinahahayag ng mga sumusunod na pangungusap.

- _____ 1. Ang panuto ay pagbibigay ng tagubilin.
- _____ 2. Hindi gumagamit ng mga salitang kanan, kaliwa, taas, at baba sa pagbibigay ng panuto.
- _____ 3. Ang pagbibigay ng panuto ay hindi nakatutulong sa taong humihingi o nangangailangan nito.
- _____ 4. Mahalaga ang panuto sa pagsagot sa tanong na bakit.
- _____ 5. Ang pagsunod sa panuto ay nagreresulta sa isang pagkakamali.
- _____ 6. Sa pagsunod sa panuto, nagiging maayos at magaan ang paggawa ng isang gawain.
- _____ 7. Nakatutulong ang pagsunod sa panuto upang maging maayos at ligtas ang paglikha ng isang bagay o pagganap sa isang gawain.
- _____ 8. Ang paghingi ng panuto ay nangangahulugang hindi maaayos ang isang gawin.
- _____ 9. Ang hindi wastong pagsunod sa panuto ay nararapat.
- _____ 10. Ang panuto ay isang pahayag na nagbibigay ng tamang pamamaraan sa pagganap sa isang kautusan o gawain.



Paglalatap ng Karunungan

Ang **pangatnig** ay mga salitang ginagamit upang mag-uugnay ng mga salita, parirala, o sugnay sa loob ng pangungusap. May dalawang pangunahing uri ng pangatnig: ang pangatnig na nag-uugnay ng magkatimbang at ang pangatnig na nag-uugnay ng di-magkatimbang.

PANGATNIG NA NAG-UUGNAY NG MAGKATIMBANG

Ang pangatnig na nag-uugnay ng magkatimbang ay ginagamit upang iugnay ang dalawa o higit pang mga sugnay o ideya na magkapantay sa kahalagahan o timbang. Kabilang dito ang mga salitang tulad ng:

- **at:** Ginagamit upang magdagdag ng ideya. Halimbawa: “Nag-aral siya **at** naglaro.”
- **o:** Ginagamit sa pagitan ng mga pagpipilian. Halimbawa: “Gusto mo ba ng kape **o** tsaa?”
- **ngunit:** Ginagamit sa pag-uugnay ng magkaibang ideya. Halimbawa: “Mahirap ang trabaho **ngunit** masaya ito.”
- **subalit:** Katulad ng “ngunit.” Halimbawa: “Gusto niyang sumama **subalit** siya ay may sakit.”
- **kaya:** Ginagamit sa pagsasaad ng resulta. Halimbawa: “Mabilis siyang tumakbo **kaya** siya ang nanalo.”

PANGATNIG NA NAG-UUGNAY NG DI-MAGKATIMBANG

Ang pangatnig na nag-uugnay ng di-magkatimbang ay ginagamit upang iugnay ang isang sugnay na pangunahin sa isa pang sugnay na hindi gaanong mahalaga o nagsisilbing karagdagang impormasyon lamang. Ilan sa mga halimbawa nito ay:

- **dahil sa:** Ginagamit sa pagpapahayag ng dahilan. Halimbawa: “Hindi siya pumasok **dahil sa** sakit.”
- **kung:** Ginagamit sa kondisyon. Halimbawa: “Makakapunta ako **kung** wala akong trabaho.”
- **upang:** Ginagamit sa pagpapahayag ng layunin. Halimbawa: “Nag-aral siyang mabuti **upang** makapasa.”
- **sakaling:** Ginagamit sa pagpapahayag ng posibilidad. Halimbawa: “**Sakaling** umulan, hindi tayo matutuloy.”

HUGNAYANG PANGUNGUSAP

Ang **hugnayang pangungusap** ay binubuo ng isang pangunahing sugnay (independent clause) at isa o higit pang di-magkatimbang na sugnay (dependent clause). Ang pangunahing sugnay ay maaaring tumayo bilang isang buong pangungusap habang ang di-magkatimbang na sugnay ay hindi.

Halimbawa: “Nagluto siya ng hapunan **dahil** gutom na ang mga bata.” Sa halimbawang ito, “Nagluto siya ng hapunan” ay maaaring tumayo bilang isang buong pangungusap, ngunit ang “dahil gutom na ang mga bata” ay nangangailangan ng pangunahing sugnay upang maging kumpleto.

Ang **hugnayang pangungusap** ay ginagamitan ng **pangatnig** upang mag-ugnay ng sugnay na makapag-iisa at sugnay na di-makapag-iisa. Sa hugnayang pangungusap, ang pangatnig ay mahalaga upang ipakita ang relasyon sa pagitan ng dalawang sugnay, lalo na kung paano ang isa ay nakadepende o nauugnay sa isa pa.

Pagsasanay

- A. **Panuto:** Tukuyin sa mga pahayag sa ibaba ang ginamit na pangatnig na nag-uugnay ng magkatimbang at pangatnig na nag-uugnay ng di-magkatimbang.

1. "Nasunod nina Sheena **at** Ruru ang mga ibinigay na panuto ni Tatang Mikoy, at masayang-masaya sila sa kanilang paglalakbay."

2. "Gusto sana ni Ruru na sumakay sa habal-habal para maramdaman ang pagtaas-pagbaba ng mga gulong **ngunit** pinili nilang sumakay sa rela dahil sa pag-aalala ni Sheena."

3. "Nagtanong sina Sheena at Ruru kay Tatang Mikoy **dahil sa** hindi nila alam kung paano makarating sa Talon ng Katibawasan."

4. "Makararating kayo sa talon **kung** susundin ninyo ang aking mga panuto," paalala ni Tatang Mikoy."

- B. **Panuto:** Isulat ang iyong karanasan sa pagpunta sa paborito mong lugar. Gamitan ito ng wastong panandang nag-uugnay tulad ng pangatnig sa pagbuo ng pangungusap.




Paglatag ng Kasanayan

- A. **Panuto:** Gumawa ng maikling eksena na nagpapakita ng epektibong paggamit ng di-berbal na hudyat na may kinalaman sa tekstong binasa.
- B. **Panuto:** Kagaya ng ginawa ni Sheena at Ruru na pagtatanong, isadula kung paano ninyo gagawin ang sitwasyon sa ibaba. Isaalang-alang ang paggamit ng angkop na wika depende sa iyong kausap. (edad, kasarian, paksa, at kultural na konteksto)

Ipagpalagay na kayo ay may pupuntahan na lugar ngunit hindi niyo alam kung paano pumunta rito.

Pamantayan sa Pagmamarka	Puntos
1. Nilalaman a. Kaugnayan sa paksa ng ginawa	15
2. Presentasyon a. Tinig, Tindig, bigkas, at galaw	10
Kabuoan	25



Pagsasalansan

Sa araling ito ay natutuhan at nauwaan mo ang tekstong impormatibong nakapokus sa pagsusunod-sunod ng panuto. Kaugnay nito natuklasan mo rin ang kahulugan at gamit ng pangatnig na nag-uugnay ng magkatimbang at nag-uugnay ng di-magkatimbang. Higit sa lahat, nagamit mo rin ang iyong natutuhan sa pagpapakita ng eksena na isinasaalang-alang ang edad, kasarian, paksa, at kultura, sa iba't ibang sitwasyon.

ARALIN 24

Salamat, Kaibigan. Salamat!



Sa araling ito, mauunawaan at mapahahalagahan transaksyunal na teksto tulad ng Liham Pangkaibigan (Pasasalamat). Gayundin sa pamamagitan ng natutuhan ay makabubuo ng transaksyunal na teksto tulad ng Liham Pangkaibigan (Pasasalamat).



Layunin

- ◊ Nakabubuo ng teksto batay sa iba't ibang layon ng akademiya at transaksiyonal na teksto (liham pagkaibigan – pasasalamat)
- ◊ Nagagamit ang mga bahagi ng aklat bilang isa sa pangkalahatang sanggunian (indeks, apendiks)
- ◊ Nagagamit ang mga angkop na elemento at simbolong kultural sa pagbuo ng tekstong biswal.
- ◊ Nakabubuo ng tekstong biswal (babala, anunsiyo, patalastas, attbp) batay sa layon.
- ◊ Nagagamit ang angkop na diksyon (kaangkupan ng salita/retorika ate stilo) sa pagpapahayag ayon sa: a. layon (magsalaysay at maglahad)



Paghihibla ng mga Salita

nasakop (na-sa-kop) – nakuha at naging pagmamay-ari

mabisa (ma-bi-sa) – epektibong pamamaraan

halos (ha-los) – muntikang magawa o hindi magawa

dumalaw (du-ma-law) – bumisita

nadestino (na-des-ti-no) – naatasang pumunta o magtrabaho sa isang lugar

sabik (sa-bik) – bagay na gustong-gustong gawin

napapawi (na-pa-pa-wi) - unti-unting nawawala, kadalasan usapin sa nararamdaman

nangako (na-nga-ko) - isang bagay na sinumpaang tutuparin

nag-aruga (nag-a-aruga) - nag-alaga

Panuto: Lagyan ng tsek (✓) ang patlang kung tama ang pagkakagamit ng salita sa pangungusap at ekis (X) naman kung ito ay mali.

1. nadestino

_____ Kinakailangan kong mag-ayos ng mga gamit dahil nadestino ako sa ibang lugar.

_____ Inaayos ko ang mga binili naming gamit dahil nadestino kami sa aming bahay.

2. nangako

_____ Umalis kami kaya nangako ako dahil pasasalubungan niya ako.

_____ Nangako akong maliligo kami sa dagat at ito ay tutuparin ko.

3. napapawi

_____ Kapag nakikita ko ang mga puno ay napapawi ang aking inip.

_____ Marumi ang kaniyang damit dahil napapawi ito ng mantsa.

4. dayalekto


_____ Iba-iba ang diyalekto depende sa lugar na ating pupuntahan sa atingbansa.

_____ Maraming masarap na diyalektong makikita sa ating bansa.

5. dayalekto

_____ Pagod na pagod kami pagdating sa bahay dahil dumalaw kami sa mall.

_____ Hindi kami nakaalis dahil dumalaw ang aming lolo't lola



Paghahabi ng Kaalaman

Tila nakalimutan na natin ang pagsulat o paggawa ng liham na isang mabisang paraan sa pagpapahayag ng ating mensahe para sa isang tao. Sa kasalukuyan, kung saan ang lahat ay makabago at moderno, subukan pa rin natin magsulat ng liham para sa ating mga mahal sa buhay. Iba pa rin ang dala nitong saya sa taong ating sinulatan.

Salamat, Kaibigan. Salamat!

1. *Ano ang masasabi mo sa lugar na iyong tinitirahan?*
2. *Paano ang pakikitungo ng bawat isa sa ibang tao?*



Matalik na magkaibigan sina Cora at Elsa noong sila ay nasa ika-apat na baitang. Magkapitbahay lang kasi sila sa San Jose Del Monte. Noong sila ay bata pa halos hindi sila mapaghiwalay, sabay silang nag-aaral pagkatapos ng kanilang klase o kaya naman ay namamasyal sila tuwing Sabado. Ang kanilang mga magulang ay nasanay na sa ganitong pagkakataon kaya naman pati pagsisimba sa araw ng Linggo ay sabay sila.

Natigil lang ito nang lumipat ng tirahan ang pamilya ni Elsa. Dahil ang kaniyang tatay ay nadestino sa Cebu sa kaniyang pinagtatrabahuhan. Malungkot man ay walang magawa ang magka ibigan. Nangako ang dalawang magsusulatan sila upang hindi maputol ang kanilang pagkakaibigan.

Lumipas ang tatlong buwan ngunit walang balitang natatanggap si Cora sa kaniyang kaibigang si Elsa. Alalang-alala siya ngunit wala naman siyang magawang paraan upang malaman kung ano na ang nangyari sa kaniyang kaibigan. Kahit ang kaniyang mga kapitbahay ay hindi alam

Nakakasama mo rin ba ang iyong matalik na kaibigan sa pagsisimba?

Ano ang nararamdaman mo kung malayo sa iyo ang iyong matalik na kaibigan?

Ano ang nararamdaman mo kung makausap mo ulit ang iyong matalik na kaibigan pagkalipas ng ilang buwan?

kung ano ang eksaktong lokasyon ng tirahan nila Elsa.

Isang araw, isang sulat ang natanggap ni Cora. Wala siyang ideya kung kanino ito nanggaling. Pero dali-dali pa rin niyang binuksan ang natanggap na sulat. Umaasa siyang galing ito sa kaniyang kaibigan dahil nami-miss na rin niya ito. Sabik na sabik na siyang ikuwento sa kaniya ang mga nangyayari sa kaniyang buhay.

Pagbukas ng sulat, labis ang kaniyang tuwa nang makita niyang galing nga ito sa kaniyang kaibigang matagal nang hindi nakikita at nakakausap. Mabilis niya itong inilabas at binasa.

Ika-14 ng Hulyo, 2019

746 V.B. Cabahug St.,
Mandaue, Cebu City

Mahal kong kaibigang Cora,

Kumusta ka na Cora? Naaalala mo pa rin ba ako? Halos apat na buwan na tayong hindi nagkikita at nagkakausap. Medyo natagalan bago ako nakasulat sa iyo. Marami kasi kaming inayos pagdating dito sa Cebu. Una, ang aming bahay na tutuluyan. Marami pa kaming gamit na binili dahil kulang-kulang ang mga gamit na nadatnan namin dito. Sumunod naman ay naghanap kami ng paaralang aking mapapasukan. Nakaenrol na ako sa isang kilalang paaralan dito.

Marami akong gustong ikuwento sa iyo. Nagsisimula na akong mag-aral ng salitang Bisaya. Ito kasi ang diyalekto nila. Nahihirapan nga ako makipag-usap sa aking mga kaklase kasi hindi pa ako masyadong sanay. Natutuwa naman ako dahil kasimbait mo ang aking mga kaklase.


Kahit paano ay napapawi ang aking lungkot dahil pinatatawa nila ako. Gusto mo dito ka na rin mag-aral? Ipakikilala kita sa kanila. Marami ring magagandang pasyalan na pwede nating puntahan kapag naisipan mong magbakasyon dito. Ang hindi ko malilimutan ay nang puntahan namin ang Krus ni Magellan at pagkatapos ay nagsimba kami sa Basilica ng sikat na patron nilang si Santo Niño. Marami akong ipinagdasal sa kaniya at kasama ka siyempre.

Balitaan mo naman ako sa mga nangyayari sa iyo. Sana lagi tayong magpalitan ng sulat at sana ay makadalaw ka sa aming bahay dito sa Cebu.

O sige, hanggang dito na lang. Ikamusta mo ako sa iyong Tatay at Nanay. Mag-iingat ka diyan palagi.

Ang iyong kaibigan,
Elsa

Kakaibang saya ang naramdaman ni Cora pagkatapos niyang basahin ang sulat. Para bang nakausap niyang muli ang kaniyang kaibigang matagal nang hindi niya nakikita. Agad-agad siyang pumasok sa kanilang bahay, kumuha ng papel at panulat at nagsimulang sulatan si Elsa. Ang kaniyang kaibigang tumulong, nag-aruga, at nagbigay sa kaniya ng saya.



Pagtatagpi ng Talino

A. **Panuto:** Sagutin ang mga tanong batay sa binasang liham. Isulat ang iyong sagot sa isang buong papel.

1. Paano naging matalik na magkaibigan sina Elsa at Cora?
2. Bakit kinakailangang lumipat ng bahay sina Elsa?
3. Saang lalawigan lumipat sina Elsa?
4. Ano ang naramdaman ni Cora nang umalis sina Elsa sa kanilang lugar?
5. Sa iyong palagay, ano ang isusulat ni Cora sa kaniyang liham para kay Elsa?
6. Bakit natagalang makasulat ni Elsa kay Cora?
7. Kung ikaw ang papipiliin, ano ang mas gagamitin mo sa pakikipagkomunikasyon – liham o email? Ipaliwanag.

B. **Panuto:** Sumulat ng tatlong (3) katangiang gusto mo sa iyong kaibigan.





Paglilinaw sa mga Kaalaman

MGA BAHAGI NG LIHAM PANGKAIBIGAN

Sa pagsulat ng isang liham, mahalagang malaman natin ang mga bahagi nito upang mas lalo nating maunawaan ang nilalamang mensaheng nakapaloob dito. Ang mga sumusunod ay ang mga bahagi ng liham pangkaibigan:

1. **Pamuhatan** - dito nakasulat ang tirahan ng sumulat at petsa ng pagkasulat ng liham.
2. **Bating Panimula** - binabanggit dito ang sinusulatan.
3. **Katawan ng Liham** - sa bahaging ito nakasulat ang mensaheng nais ibigay ng sumulat ng liham sa taong sinulatan.
4. **Bating Pangwakas** - nakasaad dito ang isang pagbati, kadalasan dito nalalaman ang kaugnayan ng sumulat sa sinulatan.
5. **Lagda** - narito ang pangalan ng taong sumula.



Pagpapalalim

Panuto: Balikan ang liham na isinulat ni Elsa sa kuwento. Isulat ang mga hinihinging bahagi ng liham. Isulat ang iyong sagot sa patlang.

1. Bating Panimula

2. Pamuhatan

3. Buod ng Katawan ng Liham

4. Lagda

5. Bating Pangwakas



Paglalapad ng Karunungan

Ang **Indeks** at **Apendiks** ay dalawang mahalagang bahagi ng isang aklat, lalo na sa konteksto ng akademikong pagsasaliksik at pag-aaral. Narito ang detalyadong paglalarawan sa bawat isa:

Indeks

Ang indeks ay isang detalyadong talaan na matatagpuan sa dulo ng isang aklat. Ito ay nagsisilbi bilang isang gabay o tool sa paghahanap na naglalaman ng mga pangalan, paksa, termino, at mahahalagang konsepto na tinalakay sa loob ng aklat. Ang bawat item sa indeks ay karaniwang kasunod ng isa o higit pang numero ng pahina kung saan matatagpuan ang impormasyon tungkol dito.

Gamit ng Indeks:

1. **Pagpapabilis ng Paghahanap:** Tinutulungan nito ang mambabasa na mabilis na matunton ang impormasyon sa loob ng aklat.
2. **Epektibong Pagsasaliksik:** Mahalaga para sa mga nag-aaral o nagsasaliksik upang direktang matukoy ang mga kaugnay na bahagi ng teksto.

Apendiks

Ang apendiks, o appendix, ay isang seksyon sa hulihan ng aklat na naglalaman ng karagdagang impormasyon na sumusuporta sa nilalaman ng teksto. Kasama dito ang mga tsart, talahanayan, mapa, mga litrato, dokumento, o detalyadong data na maaaring hindi ganap na kailangan sa pangunahing bahagi ng teksto ngunit mahalaga para sa mas malalim na pag-unawa o dagdag na konteksto.

Gamit ng Apendiks:

1. **Pagbibigay ng Karagdagang Konteksto:** Nagbibigay ito ng dagdag na impormasyon o data na sumusuporta sa mga argumento o pahayag sa aklat.
2. **Paglalaman ng Espesyalisadong Materyal:** Maaaring maglaman ito ng teknikal o espesyalisadong impormasyon na mahalaga para sa mas detalyadong pag-aaral.

Ang pag-unawa sa gamit ng indeks at apendiks ay mahalaga para sa sinumang mambabasa, lalo na sa mga estudyante at mananaliksik, dahil nagbibigay ito ng mas organisadong paraan ng pag-access sa impormasyon at nagpapalalim ng kanilang pag-unawa sa paksa.

ELEMENTO AT SIMBOLONG KULTURAL

Ang paggamit ng mga elemento at simbolong kultural sa pagbuo ng tekstong biswal ay isang mahalagang aspeto ng disenyo at sining na nagbibigay-diin sa pagpapahayag at komunikasyon ng kultural na identidad. Narito ang ilang mahahalagang elemento at simbolong kultural na maaaring gamitin:


Mga Elemento ng Disenyo:

1. **Kulay**—Ang pagpili ng kulay ay maaaring magpakita ng iba’t ibang kultural na kahulugan. Halimbawa, ang pula sa Tsina ay simbolo ng suwerte, habang sa ibang kultura, ito ay maaaring kumatawan sa pag-ibig o panganib.
2. **Linya at Hugis**—Ang mga partikular na linya at hugis ay maaaring may kultural na kahalagahan. Halimbawa, ang mga tribal patterns o indigenous motifs ay maaaring gamitin upang magpakita ng pagkakakilanlan sa isang partikular na etniko o kultural na grupo.
3. **Texture at Pattern**—Maaaring gamitin ang mga tradisyonal na texture at pattern mula sa iba’t ibang kultura upang magdagdag ng lalim at konteksto sa isang biswal na obra.
4. **Espasyo at Komposisyon**—Ang paggamit ng espasyo sa sining ay maaaring magpakita ng mga kultural na konsepto tulad ng minimalism sa Japanese art o ang masalimuot na detalye ng Islamic art.

Mga Simbolong Kultural:

1. **Ikonograpiya**—Ang paggamit ng mga partikular na imahen o simbolo na may kultural na kahalagahan. Halimbawa, ang paggamit ng lotus flower sa Buddhist art o ang eagle sa mga Amerikanong simbolo.
2. **Tradisyonal na Sining at Craft**—Ang pag-integrate ng mga elemento mula sa tradisyonal na sining at gawang kamay ng isang kultura, tulad ng batik patterns ng Indonesia o ang Celtic knots.
3. **Pagsasalaysay**—Ang paggamit ng mga imahe o simbolo para magkuwento o magpahayag ng mga alamat, kasaysayan, o kultural na mga aral.
4. **Wika at Teksto**—Ang paggamit ng mga kultural na wika o scripts, tulad ng Arabic calligraphy o Chinese characters, hindi lamang bilang teksto kundi bilang isang artistic element.

Pagsasanay



A. **Panuto:** Ang pagsulat ng isang liham ay isang mabisang paraan ng pagpapahayag ng ating damdamin at mensahe sa ating mga minamahal. Sumulat ng isang liham para sa iyong mahal sa buhay. Kuwentuhan sila sa mga ginagawa mo sa kasalukuyan. Sundin ang tamang paraan sa pagsulat ng isang liham.

B. **Panuto:** Ayusin ang bawat bahagi ng liham. Isulat ito nang tama sa ibaba.


- a. Minamahal kong pinsan,
- b. Anne Carla S. Puzon
- c. Nagmamahal
- d. Mayo 6, 2011
287 Poblacion
Angat, Bulacan
- e. Natutuwa ako sa iyong ipinadalang liham noong isang araw. Sumulat ako sa iyo upang magpasalamat at imbitahan na rin sa nalalapit kong kaarawan sa susunod na linggo. Isama mo ang iyong magulang pati na rin ang iyong mga kapatid sa pagpunta rito sa amin. Inaasahan ko ang inyong pagdating.



Paglatag ng Kasanayan

Panuto: Pumili ng isang tema para sa pagbuo ng collage. Gumamit ng gunting at pandikit para lumikha ng collage sa kartolina, pinagsasama-sama ang mga cut-out na larawan na nauugnay sa napiling tema. Magsulat ng maikling paliwanag sa mga elemento at simbolo na ginamit.

Tema: (Mga Pambansang kasuotan, Mga Tradisyonal na bahay, at Mga sikat na pagkain sa iba't ibang Bansa)



Pagsasalansan

Sa araling ito, iyong naunawaan at napahahalagahan ang transaksyunal na teksto tulad ng Liham Pangkaibigan (Pasasalamat). Gayundin, napalawak ang kaalaman tungkol pagtalakay ng elementong biswal. Sa pagtatapos ng araling ito, sa pamamagitan ng iyong natutuhan, ikaw ay makabubuo ng transaksyunal na teksto tulad ng Liham Pasasalamat para sa iyong kaibigan.

Gawain sa Pagganap

Pagbuo ng Munting Aklat

Ang mag-aaral ay gagawa ng munting aklat ng mga naisulat nilang panitikan (alamat, liham, tula at iba pa.) Pagkatapos, maglalagay ng indeks at apendiks sa likod. Gaya ng isang aklat, kinakailangan nito ng pabalat at talaan ng nilalaman. Ito ay simpleng kalipunan ng lahat ng kanyang nalikha sa klase. Maaari itong sulat kamay o type written. Ibahagi ito sa klase pagkatapos.

Rubrik:

Pamantayan	Nangangailangan pa ng pagsasanay	Katamtaman	Magaling	Mahusay-husay
Nilalaman	Mali at kulang-kulang ang lahat ng mga nailagay na nilalaman sa kalipunan.	Tama at kumpleto ang iilan sa mga mga nailagay na nilalaman sa kalipunan.	Tama at kumpleto ang karamihan sa mga mga nailagay na nilalaman sa kalipunan.	Tama at kumpleto ang lahat sa mga mga nailagay na nilalaman sa kalipunan.
Kasiningan	Walang disenyo o kulay ang ginawang munting aklat.	Hindi angkop at hindi rin maayos ang disenyo at kulay ng ginawang aklat.	Angkop ang kulay ngunit hindi maayos ang disenyo ng ginawang aklat.	Angkop ang kulay at maayos ang disenyo ng ginawang aklat.
Pagbabahagi	Hindi maayos at hindi malinaw ang pagsasalita. Walang nakitang kumpiyansa sa sarili.	Maayos ngunit hindi malinaw ang pagsasalita. Hindi masyadong kinakitaan ng kumpiyansa sa sarili.	Maayos at malinaw ang pagsasalita. Kinakitaan ng kumpiyansa sa sarili.	Maayos, malakas, at malinaw ang pagsasalita. Kinakitaan ng mataas na kumpiyansa sa sarili.